مركز أصول
Osoul Center
www.osoulcenter.com
Rabwah



04

# ISLAM ANG RELIHIYON NG KAPAYAPAAN

FILIPINO

Abdul Rahman A. Al-Sheha

# ISLAM ANG RELIHIYON NG KAPAYAPAAN

Isinulat ni
**Dr. Abdul Rahman A. Al-Sheha**

Isinalin sa Wikang Pilipino (Tagalog) Nina
**Mohammad Amir Ornido**
**Jamal Q. Joves**

Sinuri ni
**Mohammad Taha Ali**

ⓒ جمعية الدعوة والإرشاد و توعية الجاليات بالربوة، ١٤٤٢هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

الشيحة، عبدالرحمن بن عبدالكريم

الإسلام دين السلام: اللغة الفلبينية . / عبدالرحمن بن عبدالكريم الشيحة؛ محمد امين ارتيدو. - الرياض، ١٤٤٢هـ

١١٢ ص، ١٤ سم x ٢١ سم

ردمك : ٣-٣١-٨٣٢٩-٦٠٣-٩٧٨

١- الاسلام والسلام ٢- الوسطية في الاسلام أ. ارتيدو، محمد امين (مترجم) ب. العنوان

ديوي ٢١١ ١٤٤٢/٥٩٩٩

رقم الايداع: ١٤٤٢/٥٩٩٩

ردمك : ٣-٣١-٨٣٢٩-٦٠٣-٩٧٨

مركز أصول
OsoulCenter
www.osoulcenter.com

This book has been conceived, prepared and designed by the Osoul Centre. All photos used in the book belong to the Osoul Centre. The Centre hereby permits all Sunni Muslims to reprint and publish the book in any method and format on condition that 1) acknowledgement of the Osoul Centre is clearly stated on all editions; and 2) no alteration or amendment of the text is introduced without reference to the Osoul Centre. In the case of reprinting this book, the Centre strongly recommends maintaining high quality.

+966 11 445 4900
+966 11 497 0126
P.O.BOX 29465 Riyadh 11457
osoul@rabwah.sa
www.osoulcenter.com

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ng Allah
Ang Mahabagin, Ang Maawain



# ANG MGA NILALAMAN


| | |
|---|---|
| 1- Pagpapakilala | 9 |
| 2- Ang Kahulugan ng Islam | 17 |
| 3- Ang Maling Pakahulugan na ang Islam ay Lumaganap sa Pamamagitan ng Tabak | 21 |
| 4- Ang Maling Pakahulugan na ang Layunin ng Islam sa Pananakop ay Makamundong Pakinabang | 39 |
| 5- Tamang Paliwanag sa Digmaan at ang Pagsasanay sa Islam | 49 |
| 6- Ang ang Pagtatagubilin ng Habag at Pagbabawal sa Pananalakay ay Isa sa mga Prinsipyo ng Islam | 69 |
| 7- Mga Pangkalahatang Prinsipyo ng Islam - Kampeon sa Pagtataguyod ng Ganap na Kapayapaan | 75 |
| 8- Ang mga Kaugaliang Wagas sa Islam na Nagtataguyod ng Lubos na Kapayapaan | 99 |
| 9- Mga Tagubilin at mga Payo sa Islam upang Maitaguyod ang Kapayapaan | 101 |
| 10- Mga Gawaing Ipinagbabawal sa Islam upang Maitaguyod ang Kapayapaan | 109 |
| 11- Pakikiapid, Pangangalunya, Paninirang-Puri Atbp. | 115 |
| 12- Panghuling Pananalita | 133 |



01

# PAGPAPAKILALA

Ang **'Terorismo'** ay dalawang uri: Ang malisyosong terorismo na batay sa napakasamang pagmamalupit, at ang mabuting terorismo na nararapat batay sa pangangailangan at gawaing makatwiran. Ang terorismo na masama ay labag sa katwiran, dobleng pamantayan, mapaniil at agresibo sa lahat ng nakapopoot na ipakahulugan sa salitang ito. Pinatatamaan ang mga babae, mga bata, mga sibilyan at mga taong hindi kawal, nagtatangkang makuha sa dahas ang pagkatalo at ang kapasiyahan ng mga politiko sa pamamagitan ng pagpalaganap ng terorismo. Ang uring ito (ng terorismo) ang kaagad-agad at lagi ng naiisip ng mga tao kapag nakakarinig sila ng salitang terorismo. Kadalasan ito ang lagi ng iniuugnay ng mga tao na siyang inaakalang ilalarawan ng mga iba't ibang sangay ng gobyerno at ng mga sangay ng mga nakararaming pahayagan. Ang mga Muslim ang lagi nang inilalarawan bilang terorista kahit na ang karamihan ay ganap na walang kinalaman sa mga bintang o kaya ay higit na inosente kaysa sa marami nilang kaaway na mapusok laban sa kanila. **'Teroristang Muslim'** ang paghamak o tampulan ng poot sa mga peryodiko, kahima't mahirap umisip ng katumbas na terminong iuugnay sa mga Hudyo, Kristiyano, Hindus o mga Budismong terorista. Tunay na may mga samahan at sa mga tao – na may tiyak na pakana at may mga nagtataguyod – na naging kasangkapan o instrumento sa pag-iimbento at pagpapanatili ng mga maling impormasyon, nagpapalabis sa mga pangyayaring pinasinungalingan at pinabulaanan dahil sa hindi pagkakaintindihan at mga paninirang puri.

Ang terorismong nararapat at batay sa pangangailangan at makatwirang gawain ay nagpapatupad ng makatarungang batas, nagpapanukala ng kainamang parusa na kasukat ng nagawang krimen, nagtatanggol laban sa mga sumasalakay, sa mga mapusok at sa katiwalian. Ito ay ginagamit

laban sa mga mismong gumagawa ng kasamaan, at hindi pinatatamaan ang mga babae, mga bata at mga hindi kalaban. Ginagamit dito ang salitang 'Terorismo' bilang bago at may katiyakang pahiwatig, na maaaring hindi malirip o maisip ng mga mambabasa. Sa ganitong positibong pang-unawa, ang takot ay tumitimo sa puso ng mga masasama, sa mga kalaban ng Allah, bilang pampaudlot upang sila ay matakot sa mabilis at malupit na paghihiganti sa anumang gawaing kanilang isasakatuparan o sabwatan na binabalak. Sa ganitong pangyayari lamang matatawag na terorismo, bagama't makatwiran at nakabubuting terorismo ang kinakatigan sa prinsipyo bilang lehitimo para sa lahat at para sa buong mundo.

Ang Allah ay nagpahayag sa Banal na Qur'an tungkol sa makatwirang uri ng terorismo na ating tinatalakay na siyang pumipigil at humahadlang sa pananalakay o panggugulo.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At magsipaghanda kayo para sa kanila ng lahat ng magagawa ng inyong lakas, kasama ang mga kabayo ng digmaan, upang takutin ang kaaway ng Allah at ng inyong kaaway, at mga iba pa na hindi ninyo nalalaman, subali't nababatid ng Allah. At ang anumang inyong gugulin sa Landas ng Allah ay babayaran sa inyo, at kayo ay hindi pakikitunguhan ng walang katarungan}. (Qur'an 8:60)**

Maaaring masasabi ng iba na ginagamit namin ang salitang pananakot (Terror) sa kanyang pangdalubhasang wikang pakahulugan at lumalayo sa tunay na saklaw at legal na pakahulugan ng terorismo, nguni't sa dahilan ang kahulugan nito ay mainit na pinagtatalunan, sapagka't walang pamantayan na kahulugan nito na sinang-ayunan sa buong daigdig. Dahil maraming hinanakit laban sa pagkukunwari at dobleng pamantayan ng mga may pangunahing kapangyarihan na nagiging higit na lumilitaw, at dahil ang lakas o kapangyarihan ay hindi itinuturing na karapatan ayon sa batas, gusto naming ipagdiinan ang pagbabalik sa pandaigdigang likas na pagkukuro o paggamit ng sentido komun

(isip). Ang pananakot ay maaaring magkaroon ng negatibo at positibong kahihinatnan batay sa pangyayari at sa motibo nito.

Ang terorismo ay walang pagsalang hindi nagmula sa wala, subali't sa pangkasaysayang pangyayari na pagmamalupit, kawalan ng katarungan at ang mga karaingan o hinanakit na lumaki at nagpatong-patong sa paglipas ng panahon hanggang ito ay dumating sa punto ng pagsabog at paghihimagsik. Isang pangkaraniwang uri na hindi mapapasubalian na terorismo ay ang terorismong panukala ng pamahalaan, subali't ito ay madalas na kusang pinababayaan o minamaliit ng mga nasa katungkulan at ang pagtangkilik ng pamahalaan sa pagsisiyasat sa pangyayaring nakapaligid sa terorismo. Ito ay sa dahilang ayaw mabunyag ng mga tagapamahala ang krimen na nangyayari sa kanilang kinasasakupan at pinapalitaw na ang krimen ay laban sa sangkatauhan at bilang hindi sinasadyang pangyayari laban sa estado o pamahalaan. Ang kanilang layunin ay ang ipangalan sa iba at hindi isisi sa kanilang sariling mga tauhan bilang kriminal at ang terorismo ay hindi matutuklasan.

Isa bang terorismo ang lihim na panukalang pagpapatay at ang sinadyang pagpatay? Isa bang uri ng terorismo ang labis na pagpapahirap at ang panggagahasa? Ang sinasadyang pagsabutahe sa mga military, sa pulitika, sa ekonomiya at sa kapaligiran na ikinamatay ng marami ay isa bang terorismo? Ang pangkalahatang pagmamalupit sa isang lahi o grupo ng isang lipi o isang klase ng tao sa pamamagitan ng walang paglilitis, pagpatay at pagpapahirap sa mga ibang tao ay isa bang terorismo? Ang inaasinta at pinatatamaan sa pagbobomba ay isa bang terorismo? Ang paggamit ng sandatang nukleyar at ibang armas na nakakamatay ng marami sa pinaka-sentro ng isang populasyon ay isa bang uri ng terorismo? Paano ang mga nadamay sa di-makatarungang kapinsalaan? Kung ang mga gawaing ito ay hindi terorismo, ano ang matatawag sa mga ito? Kung ang mga ito ay hindi legal at hindi makatwiran, ano ang maitatawag natin sa mga halimbawang nangyayari sa buong mundo nitong ika-20 siglo ng walang kapantay na pakikipagdigmaan ng mga tao at ang pagkawasak o pagkasira ng nakakarami. Ano ang tawag sa ipinairal

na patakaran na siyang sapilitang pinasusunod sa buong mundo nitong ika-21 siglo, at ang mga ibang mayroong makabago at makalumang pag-iisip na mga marunong ay tinawag nilang, 'Proyekto para sa Siglo ng Makabagong Amerikano' at may kaugnayan sa 'PAX AMERICANA'? Maraming mahirap na pangyayari na hanggang ngayon ay nasa ilalim pa ng pagsusuri at pagtatalo at kinakailangan ang maselan at makatwiran na kasagutan mula sa mga paham at gayun din sa mga politiko.

Maraming mga nasyonal at sekular na pamahalaan at sistema na nag-aangkin bilang kampeon sa karapatang pantao, sa kapayapaan, sa kaunlaran at sa kaligayahan para sa mga tao. Subali't sa kabila nito, sa tunay na buhay, makikita natin sila na may kaugaliang mababa ang pagka-makabansa at may pangkat ng mga politiko na ang layunin ay bigyan ng kapangyarihan at gawing mayaman ang piniling grupo at sila ay likas na may kanya-kanyang layon at pasalungat sa sariling pagnanasa na makapaglingkod sa iba't ibang kapakanang espesyal ng iba, subali't sila ay nagpapahayag bilang tagapaglingkod para sa kapakanan ng madlang tao. Ang pagbabatas ng mga pamunuan at mga ahensiyang ito ay nagpapatupad ng mga batas at mga patakaran para sa kapakanan ng mga may kapangyarihan at ng mga mayayaman sa kanilang pamayanan. Ang panlipunan, pulitika, ekonomiya at ang kapaligiran na bunga ng hindi pa nasisiyasat na kapangyarihan at ng kasakiman sa kinita at sa karangyaan ay nakapipinsala sa karamihan sa mga tao at ito ay umaakay sa kalakhang sangkatauhan sa isang hindi na mapanunumbalik na pagkawasak at ganap na pagkasira.

Ang Islam sa kabilang dako, ay isang ganap na pamamaraan at madaling maunawaan na ito ay pandaigdig na Relihiyon para sa lahat ng lahi at uri ng tao na hindi tinuruan upang magsilbi sa isang partikular na klase o grupo ng tao, subali't bukod tanging nilayon ang pag-aasikaso sa mga pangangailangan ng lahat ng sangkatauhan sa pamamagitan ng mga alituntuning pang moral, espirituwal, panlipunan, pambatas, pulitika at ekonomiya.

Ang wagas at kalinawan ng moral nito, ang magaan at mahigpit nitong

pananalig sa kaisahan ng paniniwala (sa Diyos), at ang lubos na pagbabawal sa lahat ng uri ng kasamaan, pang-aapi at ang kawalan ng katarungan ay ikinalulugod ng lahat ng klase at uri ng tao, kahit anupaman ang lahi, kultura, edukasyon, lipunan at ekonomiyang katayuan. Ang layunin ng Islam ay upang makapagtayo ng modelong panlipunan at pang-kapatiran na nagpapalaganap ng pangkalahatang kawanggawa at ang dakilang patnubay para sa lahat ng tao para sa kanilang kabutihan at kaligtasan. Kasama sa hangarin nito ay ang mapanatili ang katarungan sa lahat ng oras at sa lahat ng katayuan, ang mapanatili ang mapayapang relasyon kahit na sa mga mahigpit na kaaway maliban kung walang nakikitang gumagawang kaguluhan at ang pagtataguyod ng kapayapaan magpakailanman kung maaari.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Baka sakaling ang Allah ay magkaloob ng pagmamahalan sa pagitan ninyo at ng inyong mga kaaway, sapagka't ang Allah ay may Kapangyarihan, at ang Allah ay Laging Nagpapatawad, Pinakamaawain. Hindi kayo pinagbabawalan ng Allah na makitungo sa mga yaong hindi nakikipaglaban sa inyo sa pananampalataya at hindi nagtataboy sa inyo mula sa inyong mga tahanan, na sila ay inyong pakitunguhan nang mabuti at makatarungan, katotohanang ang Allah ay nagmamahal sa mga makatarungan. Katotohanan, ang Allah ay nagbabawal lamang sa inyo sa mga yaong nakikipaglaban sa inyo sa pananampalataya, at nagtataboy sa inyo mula sa inyong mga tahanan at tumutulong sa iba upang kayo ay mapaalis, na sila ay inyong tangkilikin (bilang mga kapanalig). Sapagka't sinuman ang tumangkilik sa kanila, sila yaong mga mapaggawa ng kamalian}. (Qur'an 60:07-09)**

Ang mga Talata na ito ay tumatawag ng kapayapaan sa mga nagtitimpi mula sa pagsasagawa ng kaguluhang iniulat.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Datapwa't kung sila ay humilig sa kapayapaan, humilig din kayo**

**rito, at magtiwala sa Allah. Katotohanang Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam}. (Qur'an 8:61)**

Ang talatang ito ay nagsasabi na kung ang kalaban ay nakikipagkasundo para sa katahimikan, kinakailangan sa mga Muslim na humilig tungo sa kapayapaan.

Kami ay umaasa na ang mga naghahanap ng katotohanan at ang mga paham ay magsisiyasat tungkol sa Islam at sa mga batas at prinsipyo nito na walang kinikilingan at mayroong matapat na paglalarawan. Ang tunay na kagandahan at ang pagpipitagan sa Islam ay malinaw sa mga taong puno ng lakas na namumuhay alinsunod dito at nagsasagawa sa mga turo nito (ng Islam). Lahat ng mga mag-aaral ay humahanga sa makatwirang batas nito, ang pandaigdigang kapatiran, may karangalan at may makatarungang prinsipyo, ang mataas na moral nitong halimbawa sa kalinisan, katapatan, pagkamakatwiran, pagkamapagbigay at ang pangkatarungan. Isa sa mga katibayan o patunay bilang dakila ang Banal na pananampalatayang ito (Islam) ay, kahit na mahina ang suporta at pagtataguyod ng mga tagasunod ng Islam at ang malawakang pagtuligsa laban dito ng mga masasamang kritiko at ng mga kalaban, ay napaglalabanan nito ang mga katiwalian, pagbabaluktot at mga pagbabago at patuloy ang paglaganap sa kanyang sariling kagalingan at kahalagahan sa mga iba't ibang sulok ng mundo. Ano ang nasa likod o dahilan sa paglaganap ng Islam, sa kabila ng kahinaan ng mga Muslim maliban sa taglay na lakas sa katotohanan at katwiran ay likas na pinapawi at napaglalabanan ang kasamaan at ang kawalan ng katarungan. Sa Islam, ang mga tao ay nakakatagpo ng ganap na kasiyahan kasama na rito ang pang-espirituwal, pang-moral, pang-katawan at mga praktikong kahilingan at pangangailangan.

At ang mga taong tumatangging buksan ang kanilang mga mata o tumingin, makinig at magsiyasat sa katotohanan, ay walang pagsalang mananatiling nasa pusali sa kanilang maling pithaya, makitid na pagkiling at walang malay na paunang paghatol. May isang bantog na prinsipyo na nagsasaad na, ang tao ay likas na tumatanggi sa kanyang

kinatatakutan. Natatakot siya sa anuman na wala siyang kamalayan, kaya't ipinapalagay niyang kaaway ang mga bagay na hindi niya alam. Inilarawan ng Allah ang mga ganitong klaseng tao sa Banal na Qur'an.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At katotohanang Aming nilikha ang marami sa mga Jinn at tao na maninirahan sa Impiyerno. Sila ay may mga puso na hindi nakakaunawa, sila ay may mga mata na hindi nakakakita, at sila ay may mga tainga na hindi nakakarinig. Sila ay katulad ng mga hayop! Bagkus, sila ay higit na napapaligaw. Sila yaong mga walang pag-iintindi}. (Qur'an 7:179)**

Ang mga baka ay sumusunod ng pikit-mata, nguni't sila ay tumatalima sa likas na batas at katutubong ugali na nilikha ng Allah para sa kanilang ikabubuhay, subali't ang mga tao ay pikit-matang sumusunod sa kanilang tradisyon at sa kanilang namumuno, tinatanggihan ang Kapahayagan na ipinahayag ng Allah para sa kanilang kabutihan at kaligtasan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Bagkus, sila ay nagsabi: "Katotohanan, natagpuan namin ang aming mga ninuno sa isang kaparaanan, at kami ay susunod sa kanilang mga yapak na napapatnubayan}. (Qur'an 43:22)**

Ako ay umaasa at dumadalangin sa Allah, na sana ay magbibigay sa atin ng pakinabang sa ating pagbabasa at pakikinig. Ang aming hamak na pagsisikap ay inaalay ng may busilak na layunin, para makapag-ambag ng kayamanan para sa kaalaman ng tao at pagsulong ng kaalaman. Ang may akda ay nag-aalay ng bukas na paanyaya sa lahat ng may gusto o interesado sa karagdagang pag-aaral tungkol sa Islam at makipag-ugnayan sa kanya sa direksyon na nakalagay sa ibaba, at siya ay magagalak at handang sasagot sa lahat ng mga tanong tungkol sa Islam at magbibigay ng mga karagdagang babasahin tungkol dito.

Ang may akda ay naghahandog ng taimtim na pasasalamat sa Allah dahil sa Kanyang walang hintong pagtulong. Anuman at ang lahat ng

pagkakamali o nakaligtaan sa aklat na ito ay inaako ng may akda, at siya ay nakikiusap sa lahat ng mambabasa na patawarin siya, at hinihingi ang pagpapatawad ng Allah.

Nawa'y ang Pagpapala at Awa ng Dakilang Allah ay mapasa kay Propeta Muhammad ﷺ ang sagka at huling Sugo ng Allah sa Sangkatauhan, sa kanyang pamilya, sa kanyang mga kasamahan at sa lahat ng mga tumatahak sa tamang landas hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

**Abdul Rahman Abdul Karim Al-Sheha**

02

# ANG KAHULUGAN NG ISLAM

Ang salitang Islam ay nangangahulugan ng pagsuko at pagtalima sa Allah, ng buong pagkatao at kaluluwa, sa pamamagitan ng pagtalima sa lahat ng ipinag-uutos at ipinagbabawal sa Kanyang ipinahayag na batas, sa pagtupad at buong pusong pagsunod sa Kanyang Kagustuhan at Pagpapasiya, at sa pagtanggap sa lahat ng kapalaran na itinalaga ng Allah para sa tao sa daigdig. Ang Allah ang Siyang nakakaalam sa nararapat na kailangan ng tao, na nagpapatupad sa lahat ng mabuti at nagpapaalaala laban sa lahat ng kasamaan. Samakatuwid ang Kanyang Batas na ipinahayag ay ganap para sa pandaigdig na pangangailangan, karapatan at pananagutan ng tao.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi tungkol kay Propeta Ibrahim (Abraham):

**{(Pagmasdan!) Nang ang kanyang Panginoon ay nagsabi sa kanya: "Isuko ang iyong sarili (maging isang Muslim)." Siya (Ibrahim) ay nagsabi: "Isinuko ko ang aking sarili (bilang Muslim) sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang}. (Qur'an 2:31)**

Ang kahulugan ng salitang 'Salam' ay 'Kapayapaan' at ito ay nanggaling sa tatlong letrang Arabik na ugat na 'SLM' katulad ng salitang Islam. Ang Salam ay isa sa mga Katangian ng Allah, kaluwalhatian sa Kanyang mga Pangalan at Katangian at Dakila ang Kanyang Kamaharlikaan, katulad ng nakasulat sa Banal na Qur'an.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Siya ang Allah, ang wala ng iba pang diyos maliban sa Kanya; ang Hari, ang Banal, ang pinagmumulan ng Kapayapaan, ang Tagapagbigay ng Kapanatagan, ang Tagapagbantay, ang Makapangyarihan, ang hindi Mapaglalabanan, ang Kataas-taasan. Maluwalhati ang Allah sa lahat ng kanilang mga iniaakibat na mga katambal sa Kanya}. (Qur'an 59:23)**

Ang 'Salam' ay isa rin sa mga pangalan ng Jannah (Paraiso).

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Mapapasakanila ang Tahanan ng Kapayapaan (Paraiso) sa kanilang Panginoon. At Siya ang kanilang Tagapagtanggol, dahil sa kanilang mga (mabubuting) gawa}. (Qur'an 6:127)**

Ang pagbati sa isa't isa ng mga naninirahan sa Paraiso ay 'Salam' kapag makatagpo nila ang kanilang Panginoong Allah.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Ang pagbati nila sa Araw ng kanilang pakikipagtipan sa Kanya ay 'Salam' (Kapayapaan)! At inihanda na Niya sa kanila ang isang nag-uumapaw na gantimpala}. (Qur'an 33:44)**

Ang mga Muslim ay nagpapalitan ng dalisay at marangal na pagbati ng: 'Assalamu Alaikum' (ang Kapayapaan ay Sumainyo) kapag sila ay nagtatagpo, nagkakasalubong at nagtatawagan. Kahit na walang makitang tao sa pagpasok ng isang Muslim sa kanyang tahanan, siya ay nagsasabing: 'Assalamu Alaikum' dahil binabati niya ang mga anghel na kasalukuyang naroroon. Ang uri ng pagbating ito ay nagpapaginhawa sa puso mula sa lahat ng klaseng poot at sama ng loob at matinding galit na kinikimkim ng mga tao, at pinapalitan ng magandang kalooban, pagbibigayan ng paggalang, katahimikan, kapanatagan at kaligayahan. Kalimitan ang mga Muslim ay nagbabatian sa bawa't isa sa pamamagitan ng buong pagbati ng: **'Assalamu alaikum wa rahmatullaahi wa barakatuh'** (Nawa'y ang Kapayapaan, Habag at Pagpapala ng Allah ay mapasainyo).

Sa isang Hadith (salaysay) ng Propeta ﷺ makikita natin ang mga salita ng Sugo ng Allah ﷺ na siyang nagpalaganap sa pagbating ito mula sa gitna ng mga kaugalian ng mga may ganap na pananampalataya.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Hindi ka makakapasok sa Paraiso hangga't hindi ka magkakaroon ng ganap na pananampalataya, at hindi ka magkakaroon ng ganap na pananampalataya hangga't hindi magmahalan ang bawa't isa sa inyo. Kayo ba ay aking gagabayan**

**sa isang bagay na kung ito ay inyong maipanatili sa bawa't isa sa inyo, kayo ay magmamahalan sa bawa't isa? Magpalaganap ng pagbating 'Salam' ng higit sa makakaya ninyo sa bawa't isa sa inyo (sa inyong pamayanan).''** (Muslim)

At sinabi pa ng Sugo ng Allah ﷺ: **"Lubos na mag-alay ng pagkain sa iba; magsimulang bumati ng 'Salam' sa bawa't isa sa inyo para sa mga kakilala ninyo at sa mga hindi ninyo kakilala."** (Al-Bukhari at Muslim)

Ang layunin ng Islam ay upang lagi ang pagsisikap na mapaligaya ang Allah, sa pamamagitan ng pandaigdigang kabutihan at mga makatarungang gawain.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{O Angkan ng Kasulatan! Katotohanang dumatal na sa inyo ang Aming Sugo (Muhammad ﷺ) na nagpapaliwanag ng mabuti sa inyo ng maraming bagay na inyong itinatago mula sa Kasulatan, at mayroon din siyang hinahayaan at dinadaan-daanan na marami. Katotohanang dumatal na sa inyo mula sa Allah ang isang liwanag at maliwanag na Aklat, na sa pamamagitan nito ang Allah ay namamatnubay sa sinumang naghahanap ng Kanyang Kaluguran, sa mga paraan ng kapayapaan, at sila ay Kanyang iaahon mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag sa Kanyang kapahintulutan at Kanyang papatnubayan sila sa matuwid na Landas}. (Qur'an 5:15-16)**

Ang Islam ay binubuo ng ganap at malawak na kahulugan ng kapayapaan na sumasaklaw sa kalooban at pang-kaluluwang kapayapaan at para sa kapayapaan ng kapwa at sa mga mamamayan.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang tunay na Muslim ay yaong ligtas ang ibang tao sa kanyang mga pang-aabuso at pagtuligsa mula sa kanyang dila at mga kamay, ang isang 'Muhajir' (ang taong lumikas sa pook na walang paniniwala at nagtungo o lumikas sa pook na may paniniwala) ay siyang tumalikod sa mga masasamang gawain."** (Al-Bukhari at Muslim)

Karagdagan dito, sakop ng Islam ang pangkalahatan at pandaigdigang kapayapaan para sa lahat ng tao. At sa dahilang kasama sa prinsipyo nito ang tibay, damayan, pagpipitagan at hindi umaaway sa mga taong payapang sumusunod sa makatwirang kasunduan lalo na sa mga taong may paniniwala sa mga naipahayag na Relihiyon mula sa Allah bilang kanilang batayan sa pamumuhay katulad ng mga Kristiyano at mga Hudyo.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{O kayong mga nagsisampalataya! Magsipasok kayo sa Islam nang lubos at buong puso, at huwag ninyong sundin ang mga yapak ni Shaitan (Satanas), sapagka't tunay ngang siya ang inyong lantad na kaaway!}. (Qur'an 2:208)**

Ang pag-anyaya ng Islam, sa pandaigdigang Relihiyon ng Allah, ay para sa lahat.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Sabihin mo: O Sangkatauhan! Katotohanang ako ay ipinadalang Sugo ng Allah sa inyong lahat…}. (Qur'an 7:158)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Katotohanan, ang Relihiyong tatanggapin sa Allah ay ang Islam…}. (Qur'an 3:19)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At sinuman ang maghanap ng ibang Relihiyon maliban sa Islam, ito ay hindi kailanman tatanggapin sa kanya, at siya sa Kabilang Buhay ay mapapabilang sa mga talunan}. (Qur'an 3:85)**

03

# ANG MALING PAKAHULUGAN NA ANG ISLAM AY LUMAGANAP SA PAMAMAGITAN NG TABAK

Isang kuro-kuro, na itinaguyod ng mga hukom ng mga kaaway na hindi inalam ang pinagmulan ng kuwento na walang kinikilingan, nguni't isinaayos ang lumang propaganda nang paulit-ulit, ang maling pagbibintang na ang Islam ay lumaganap sa pamamagitan ng pamimilit at pamumuwersa. Maraming talata sa Banal na Qur'an ang magpapabulaan sa napakasamang paninirang puri na ito.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Walang pamimilit sa pananampalataya. Katotohanan, ang Tamang Landas ay naging maliwanag na sa maling landas. Kaya, sinuman ang nagtakwil sa mga Taghoot (Satanas, mga diyus-diyusan, idolo atbp.) at manalig sa Allah ay nakahawak ng tunay na mapagkakatiwalaang tangan na hindi masisira. At ang Allah ay Nakakarinig at Nakababatid}. (Qur'an 2:256)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At kung ninais lamang ng iyong Panginoon, katiyakang sasampalataya ang lahat ng sinumang nasa kalupaan nang sama-sama. Iyo bang pipilitin ang sangkatauhan [O Muhammad ﷺ], hanggang sila ay maging mga mananampalataya?}. (Qur'an 10:99)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At sabihin: "Ang Katotohanan ay mula sa inyong Panginoon." Kaya kung sinuman ang magnais, hayaan siyang manampalataya at kung sinuman ang magnais, hayaan siyang huwag manampalataya. Katotohanang Kami ay naghanda sa mga mapaggawa ng kamalian**

**ng Apoy na ang mga dingding nito ay nakapalibot sa kanila. At kung sila ay hihingi ng tubig, sila ay bibigyan ng tubig na tulad ng kumukulong langis na susunog sa kanilang mga mukha. Nakakikilabot na inumin at napakasamang paninirahan na lugar}. (Qur'an 18:29)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At kung sila ay tumalikod, ang iyong tungkulin lamang [O Muhammad ﷺ] ay ang maliwanag na paghahatid (ng Mensahe)}. (Qur'an 16:82)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Kaya't paalalahanan mo sila [O Muhammad ﷺ], sapagka't ikaw ay tagapagpaalaala lamang. Ikaw ay walang kapangyarihan sa kanila na pilitin sila (upang sumampalataya sa Allah)}. (Qur'an 88:21-22)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Sabihin mo: Sundin ninyo ang Allah at sundin ninyo ang Sugo (Muhammad ﷺ), datapuwa't kung sila ay magsitalikod, siya (Muhammad ﷺ) ay may pananagutan lamang sa tungkuling iniatang sa kanya, at ang sa inyo ay kung ano ang iniatang sa inyo. At kung kayo ay susunod sa kanya, kayo ay mapapatnubayan. At walang iniatang na tungkulin sa Sugo ﷺ maliban sa paghatid (ng mensahe) sa maliwanag na paraan}. (Qur'an 24:54)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At kung ang isa sa lipon ng mga Mushrik (mapagsamba sa mga diyus-diyusan) ay humingi ng iyong pangangalaga, kung gayon, iyong gawaran siya ng pangangalaga upang kanyang marinig ang Salita ng Allah, at pagkatapos ay iyong samahan siya sa lugar na siya ay magiging ligtas. Sapagka't sila ay mga tao na hindi nakakaalam}. (Qur'an 9:06)**

Ang mga nabanggit sa itaas at marami pang ibang talata sa Qur'an at sa mga katuruan mula sa mga Hadith ng Propeta ﷺ ay maliwanag na

iniulat na walang sapilitan o puwersahan sa Relihiyon; walang sinuman ang maaaring pupuwersahin laban sa kanyang kalooban upang siya ay yumakap sa Islam. Ang pananampalataya ay nararapat na kusang-loob at batay sa matatag na paniniwala mula sa puso, kasunod nito ang pagpapatunay sa tamang pananalita at mabuting gawa. Ang panunumpa sa pananalig o kredo ng Islam na, "La Ilaaha Illa Allah" (Walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah) na nagmumula lamang sa bibig ay hindi sapat na patunay bilang isang mananampalataya, subali't kung ito ay sinabi mula sa kaibuturan ng kanyang puso at paniniwala, ang isang tao ay kaagad-agad magiging isang Muslim. Katulad ng pagsabi ng Dakilang Allah tungkol sa mga 'Bedouin' na nagkukunwari na sila ay naniniwala sa pananalita nguni't walang matibay na pananalig.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Ang mga Arabong Bedouin ay nagsasabi: Kami ay sumampalataya. Sabihin mo: Kayo ay hindi sumampalataya, nguni't ang sabihin ninyo: Kami ay sumuko (sa Allah), sapagka't hindi pa pumasok ang pananampalataya sa inyong mga puso. At kung inyong susundin ang Allah at ang Kanyang Sugo (Muhammad ﷺ), hindi Niya babawasan ang (gantimpala ng) inyong mga gawa. Katotohanan, ang Allah ay lubos na Mapagpatawad, ganap na Maawain}. (Qur'an 49:14)**

Batid natin na hindi maaaring pilitin ang isang tao na baguhin kung ano ang nasa kaibuturan ng kanyang puso, at maaaring ang isang tao ay magsasabing pakunwari mula sa kanyang dila na siya ay naniniwala, nguni't ito'y walang katiyakan: ito ay hindi Islam o Islamikong paniniwala. Sa ganitong katwiran, ang Allah ay nagpahayag tungkol sa isang napilitang tumalikod sa Islam dahil sa labis na pagpapahirap sa kanya.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Sinuman ang nagtakwil sa Allah matapos na siya ay manampalataya, maliban sa sinumang sapilitang pinagawa dito at ang puso niya ay nakasadlak sa Pananalig, subali't ang sinumang naglantad ng**

**kawalan ng pananalig sa kanilang dibdib, tatanggap sila ng Poot mula sa Allah, at sasakanila ang isang matinding kaparusahan}. (Qur'an 16:106)**

Malalantad ang kawalan ng paniniwala kapag binuksan ang puso mula sa kawalan ng pananampalataya (ng walang pagbibiro) na maluwag sa kalooban, at sa ganitong batayan, ang isang tao ay magsasalita ng kasamaan at gagawa ng krimen laban sa Allah at laban sa mga Kapahayagang patnubay mula sa mga Sugo at magiging 'Apostate' (tumalikod ng ganap sa Relihiyon) pagkaraang siya ay naniwala (isang Muslim).

Ang isa pang paratang (patungkol sa itaas) na ang Islam ay lumaganap sa pamamagitan ng puwersa ng sandata at digmaan. Isang matibay na paniniwala na kahit na anong uri ng sistema o pamahalaan, kahit ano pa ang batayan, kinakailangan dito ang makapangyarihang lakas upang ipagtanggol ang mga tagasunod, pangalagaan ang karangalan, ipalaganap ang alituntunin, tiyakin ang makatarungang pagpapairal ng kanyang batas, at ang magpatupad ng pantay na pagsasagawa ng legal na kaparusahan laban sa mga kriminal at sa mga nagrebelde laban sa pamahalaan. Katulad ng paglalahad sa isang Hadith ng Propeta ﷺ.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Katotohanan, ang Allah ay nagpapaalaala sa karapatan ng mga pinuno, ng higit sa pagpapaalaala sa Banal na Kapahayagan – ang Qur'an."** (i.e.: higit na ipinapatupad ang makatarungang pagpaparusa kaysa sa maka-Diyos na pagbasa ng kasulatan). (Alauddin Al-Hindi, Kanz Al-Aámal)

Tayo ay sumulyap sa mga unang panahon ng Islam at ang kanyang kahanga-hangang paglaganap sa mga lugar na kilala sa mundo upang ating suriin ang katotohanan sa mga paratang batay sa mga kasulatang makatotohanan ng kasaysayan. Ang Sugo ng Allah na si Muhammad ﷺ, pagkaraang naibigay sa kanya ang karapatan mula sa Allah, ang kanyang pagiging Sugo upang maipahayag at maipalaganap ang banal na mensahe ng Islam, ay nanatili siya sa sagradong siyudad ng Makkah ng labintatlong taon sa kanyang pag-anyaya sa Islam sa mga

mamamayan ng tribo ng Quraish at sa mga bisita sa Makkah. Ginawa niya ang lahat ng paraan upang maipaalam at maibigay ang mensahe ng Qur'an at ang mga Hadith (salaysay) ng Propeta ﷺ, na dito nakaranas ng mga maling pagpaparatang, paninirang puri, pagmamalupit, pang-aapi, pangtanggi, pagbabanta at malupit na pagsalakay ng kanyang mga mamamayan. Ang mga naniniwala ay nakiramay sa kanyang paghihirap, at sa dahilang hindi pa siya napag-utusan sa panahong iyon ng Allah na lumaban sa mga nang-aabuso, ang kanyang mga tagasunod ay nagbata at nagtiyaga at nagdusa sa pinakamataas na uri ng pagmamalupit, nguni't sila ay nagpigil sa kanilang mga kamay at nanindigan sa panuntunan ng mapayapang pagsasagawa ng kanilang layunin. Marami sa kanila ang pinahirapan at ang mga iba sa kanila ay naging martir para sa kanilang pananampalatayang Islam. Ang kahalagahan ng mga matatapang na kaluluwa ay napatunayan sa pagsaksi sa mahabang panahong paghihirap ng kanyang mga tagasunod na nagbata sa marahas na pagsubok. Pinaginhawa ng Propeta ﷺ ang paghihirap ng kanyang kasamang si Ammar bin Yasir at ng kanyang mga magulang (na ang kinahinatnan ay sila ang naging unang mga martir sa Islam)…sa pagsabi ng mga sumusunod na pangungusap: **"Maging matiisin, O pamilya ng mga Yasir! Ang Paraiso ang inyong magiging permanenteng tahanan."** (Al-Hakim)

Pinayagan ng Propeta ﷺ ang kanyang mga tagasunod na gustong lumikas sa Ethiopia upang makaiwas mula sa pang-aapi at pagpapahirap. Sila ay nakatagpo ng kanlungan sa ilalim ng pangangalaga ng isang makatwirang namumuno sa panahong iyon na si Najashi (Negus), na tuluyang yumakap sa Islam. Kahit na sa ganitong napakasamang pangyayari ang Allah ay nag-utos sa Kanyang Sugo na si Muhammad ﷺ na maging matiisin, mahinahon at mapagparaya sa kanyang mga mamamayan habang nagpapalaganap ng mensahe. Mayroong mga naulit na halimbawa sa kanyang pagiging sobrang pagkamaawain, mahabagin, kadakilaan at pakikiramay sa harap ng walang tigil na karahasan at pananalakay. Ang Propeta ﷺ at ang kanyang mga kasamahan ay tumayo

ng matatag sa kanilang paniniwala at pagpapalaganap ng mensahe sa pagsunod sa kautusan ng Allah katulad ng sumusunod.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Kaya't maging matiyaga ka [O Muhammad ﷺ] na katulad ng mga Sugo na may matatag na hangarin, at huwag mong madaliin sa kanila (ang kaparusahan). Sa Araw na kanilang masisilayan ang (kaparusahan na) ipinangako sa kanila, parang sila ay hindi nagtagal (sa mundo) maliban sa isang oras sa buong maghapon. (Ito ay) paghahatid. Datapuwa't mayroon pa bang wawasakin na iba maliban sa mga taong mapanghimagsik (sa Allah)}. (Qur'an 46:35)**

At lagi niyang ipinagdarasal ang kapatnubayan ng kanyang mga kasamahan ng ganito: **"O Allah! Patnubayan Mo ang aking mga mamamayan, dahil hindi nila nauunawaan!"**

Ang Propeta ﷺ ay tuloy-tuloy ang pagpapalaganap ng mensahe sa Makkah. Siya ay naghanap sa mga tribo ng sinumang maaaring makatulong at magtatanggol sa kanya. Ipakikilala niya ang kanyang sarili at ang kanyang misyon sa mga bumibisitang mga tao at sa mga tribo ng Makkah sa panahon ng kasikatan ng mga palengke ng mga Arabo. Nagkataon na ang isang grupo ng tao mula sa lunsod ng Yathrib (tinatawag ngayong 'Madinah' ang lunsod ng Propeta ﷺ) ay naniwala sa Mensahe ng Islam. Ibinigay nila ang kanilang pangako ng katapatan upang tulungan at ipagtanggol siya katulad ng kanilang pagtatanggol sa kanilang sariling ari-arian, kayamanan, karangalan, katapatan at sambahayan, at kung siya ay hihingi ng kanlungan at mandayuhan kasama ang kanyang mga mananampalataya sa kanilang sariling lunsod. Kaalinsabay nito ang pagmamalupit sa Makkah na humantong sa mapanganib at peligrosong yugto na ang mga pinuno ng mga tribo ng Quraish ay nagsabwatan na patayin ang Propeta ﷺ. Ang pangyayaring paglikas (sa Madinah) ay naging isang malaking pagbabago sa kasaysayan ng Islam, dahil sa Madinah naitayo ang unang Masjid (Moske). Ang pangkapatiran ng mga Muslim ay umunlad at lumago

hanggang ang Islamikong Estado ay naitatag dahil sa kanyang personal na pamamahala at patnubay.

Malalaman natin na si Propeta Muhammad ﷺ at ang kanyang mga tagasunod ay hindi kailanman nagpadanak ng dugo sa kanilang paghihiganti sa mahabang panahon ng pagpapahirap at pang-aapi sa lunsod ng Makkah dahil siya ay hindi pinag-utusang lumaban, manapay naging mapagpasensiya at matiyaga. Ang digmaan at ang labanan ng may armas mula sa kabig ng mga Muslim ay nagsimula pagkaraan ng dalawang taon niyang paglikas mula sa Makkah papuntang Madinah, na noon ang mga tribo ng Quraish ay natakot sa pangingibabaw at sa pagpapatuloy na paghadlang ng Islam sa daan ng mga nang-aapi at pagkaraan naubos ang paghahanap ng lahat ng mapayapang pamamaraan.

Mula noon ang bayan ng Madinah ay dinadaanan ng mga karaban ng mga negosyanteng nagmumula sa tribo ng Quraish papunta sa kalakhan ng Sirya. Ang unang paglalaban ay nangyari noong naka-enkuwentro ng Sugo ng Allah ﷺ ang pang-komersyong karaban na pinamumunuan ng isang magiting na mula sa tribo ng Quraish na si Abu Sufyan. Binalak ng Propeta ﷺ na magpataw ng isang uri ng pagpapahintulot para sa pang-ekonomiya sa mga tribo ng Quraish upang payagan siyang mapayapang magpalaganap ng pananampalataya sa ibang tao ng hayagan. Kalakip ng binabalak ay upang mabayaran ang mga mananampalataya sa kanilang ari-arian, pag-aari at kayamanan na hindi makatarungang kinumpiska ng mga Quraish sa Makkah bago sila lumikas (sa Madinah). Ang mga karaban ay nakaiwas sa pagtambang, datapuwa't nang malaman ang pangyayari, ang mga pinuno ng mga Quraish ay naghanda ng kaukulang laki at lubos sa gamit na hukbo na aatake sa mga Muslim. Ang kinalalabasan ay ang unang masidhing digmaan na nangyari sa lugar na Badr. Subali't ang mas maliit at walang mga gamit na mga Muslim na mayroong bilang na puwersang 313 na nakipaglaban ay nilupig ang mga mayayabang na hukbo ng Quraish sa nakakahiyang pagkatalo. Ang Allah ay inilarawan ang makatwirang pangyayari sa digmaang ito.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Sila na itinaboy sa kanilang mga tahanan ng walang katarungan, maliban lamang sa pagsasabi nila: Ang aming Rabb (Panginoon) ay ang Allah. At kung hindi lamang sa pagsalangsang ng Allah sa ibang mga tao sa pamamagitan (rin) ng iba, ay marami ang mawawasak na mga monasteryo, mga simbahan, mga sinagoga, at mga moske, kung saan ang Ngalan ng Allah ay ginugunita dito nang madalas. Katotohanang ang Allah ay tutulong sa mga tao na tumutulong sa Kanya. Katotohanan, ang Allah ay ganap na Malakas, lubos na Makapangyarihan. Sila yaong kung Aming pagkalooban ng kapangyarihan sa kalupaan, sila ay magsasagawa ng Salah (pagdarasal), at magbabayad ng Zakah (kawanggawa) at mag-uutos ng kabutihan at magbabawal ng kasamaan. At sa Allah nakasalalay ang kahihinatnan ng lahat ng pangyayari}. (Qur'an 22:40-41)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At ano ba ang pumipigil sa inyo, na kayo ay hindi nakikipaglaban para sa Landas ng Allah, at sa (kapakanan ng) mga mahihina mula sa lipon ng mga kalalakihan, kababaihan at mga bata, na ang panambitan ay: Aming Panginoon! Kami ay ilabas Mo sa bayang ito na ang mga tao nito ay mapang-api; at Iyong ipagkaloob sa amin mula sa Iyo ang isang makapangangalaga, at Iyong ipagkaloob sa amin mula sa Iyo ang isang makakatulong}. (Qur'an 4:75)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At makipaglaban kayo sa Landas ng Allah sa mga yaong nakikipaglaban sa inyo, datapuwa't huwag kayong lumagpas sa (mga itinakdang) hangganan. Katotohanang ang Allah ay hindi nagmamahal sa mga mapagmalabis sa hangganan}. (Qur'an 2:190)**

Sa lahat ng mga digmaan na sinalihan at pinagwagian ng Sugo ng Allah ﷺ at ng kanyang mga kasamahan na nangyari sa loob ng dalawampu't tatlong taon sa misyon ng Propeta ﷺ sa Makkah at sa Madinah, tatlong daan at pitumpu't limang tao lamang ang nasawi sa mga labanang ito.

Noong ika-siyam na taon ng Hijra (Paglikas o 'Immigration') na tinawag na 'Taon ng mga Kinatawan', ang Propeta ﷺ ay nakatagpo ng mga humigit-kumulang na isang-daang kinatawan mula sa iba't ibang tribo ng buong Peninsula ng Arabia upang sumangguni at makipag-unawaan sa Propeta ﷺ. Sinalubong sila ng may lubos na kagandahang-loob at ng may kadakilaan. Sinagot lahat ang kanilang mga tanong tungkol sa Islam na Pananampalataya (Aqeedah) at sa Batas (Shariah). Ang karamihan sa kanila ay tunay na humanga sa pag-anyaya ng Propeta ﷺ at tinanggap nila ang Islam. Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagpadala rin ng mga sulat sa mga namumuno sa mga nakapaligid na bansa at inanyayahan sila na tanggapin ang Mensahe ng Allah, na babanggitin sa bandang ibaba.

Pagkaraan noon, sa buong buhay ng Propeta ﷺ, ang buong Peninsula ng Arabia, sa unang pagkakataon sa kanyang kasaysayan, ay nagkaisa sa isang makatarungan at pantay na alituntunin, pangangasiwa sa batas at sa banal na Relihiyon. Ang karamihan sa mga Arabo ay kusang-loob na tinanggap ang Islam ng maramihan pagkaraang narinig ang Qur'an at nang nakita ang Propeta ﷺ at ng kanyang Sunnah (pamamaraan) pati na ang kanyang mga kasamahan bilang halimbawa. Nasaksihan ang batas ng Islam na may konting pag-aatubili sa mga lipon ng Hudyo at mga Kristiyano (na pinayagan manirahan sa loob ng Islamikong Pamahalaan na taglay ang kanilang dating paniniwala) sa itinakdang kasunduan tungkol sa karapatan at mga ubligasyon katulad ng pagbabayad ng Jizyah (buwis) kapalit ng pangangalaga ng Pamahalaan (sa kanila) at sa di-paglahok sa serbisyo ng pang-militar. Katotohanan, ang rebolusyonaryong pagbabago ay isang himalang tagumpay kung isaalang-alang ang kakaunting pag-aari (ng mga Muslim) nang mangyari ito. Naging panghabang-buhay ang naging bunga nito sa buong daigdig, at ang Allah ay ang nagbibigay ng tagumpay sa kaninumang Kanyang nais.

Ang mga napatnubayang mga Khalifah (Namuno), ang mga Sahabi (kasamahan ng Propeta ﷺ) at ang mga napatnubayang hinalinhan ay sumunod sa mga halimbawa ng Propeta ﷺ nang siya ay namatay at ipinagtatanggol ang bansang Islamiko mula sa mga kaaway. Sinakop

ang mga nakapalibot na mapang-aping mga Imperyo na nagtangka sa kanilang pamumuhay. Nagpalaganap ng Islam sa pagsikhay at pagsisikap sa kanilang misyon sa pamamagitan ng kanilang kagalingan, kabutihang-asal at sa makatwirang pakikipag-ugnayan. Ang mga taong ito, sa anumang pamantayan, ang kanilang mga taong nalupig ay mas marami ang bilang at nakakahigit sa mga gamit na pandigma, mga paghahanda at sa pagka-propesyonal na kagalingan sa pakikidigma. Subali't ang kalakasan ng kanilang banal na pananampalataya, misyon at ang nakakahigit nilang moral sa kagandahang-asal ay nakabihag sa puso at isip ng mga pangkaraniwang mamamayan bago dumating ang pangangailangan na dapat malupig ang mapang-aping hukbo na ang kanilang kalupitan sa mga mamamayan ay hindi na matiis.

Ang isa sa mga yumakap sa Islam sa panahon natin, si Bashir Ahmad ay nagsabi sa paglalarawan ng bagay na ito: 'Isa sa pinakamalaking palaisipan sa akin, at isa sa pinaka-mabigat na pagkabalisa bago ko tinanggap ang Islam at niyakap ko bilang pamamaraan ng buhay, ay ang paratang ng mga Kristiyano na ang Islam ay lumaganap dahil sa talim ng tabak (i.e.: pinapatay daw ang hindi yumakap sa Islam!). Samakatuwid, ang tanong ko sa aking sarili, kung ang paratang na iyon ay totoo, bakit napapansin natin na maraming mga tao, sa lahat ng sulok ng mundo, ay nananatiling naninindigan sa Islam at yumayakap dito, sumasama dito at tinatanggap bilang pamamaraan ng buhay? Bakit nakikita natin sa araw-araw na maraming taong yumayakap sa Islam ng walang pamimilit o dahas ng sinuman?' [Paraphrased from Dr. Imadudeen Khalil: "What Do They Say about Islam?" p. 295]

Si Ginoong Norman A. Daniel, ay nagsabi sa mga pinagmulan ng mga inimbento nilang alamat: "…Ang Kanluran ay naghubog ng humigit-kumulang na hindi nagbagong batas kanoniko tungkol sa Islam; tiniyak sa kanilang sarili kung ano ang Islam noon… Ang mahalagang bagay ay naangkop sa Kanluran…binigyan ang Kristiyanismo ng pagpipitagan sa pakikitungo sa mga sibilisasyon na nakakahigit sa maraming bagay." [Islam and the West: The Making of an Image, p. 270]

Si De Lacy O'Leary ay nagbigay ng puna sa kamaliang ito: "Ginawang maliwanag ng kasaysayan, gayunman, na ang alamat o pinagmulan ng mga sinasabing panatikong mga Muslim na lumaganap sa buong mundo at pinilit ang Islam sa pamamagitan ng patalim sa nasakop na mga lahi ay isang kakatwang walang katotohanan na alamat na inuulit-ulit ng mga mananalaysay." [Islam at the Crossroads, London, 1923, p. 8]

Si Dr. Gustav Lebon ay nagsabi sa kanyang aklat na, 'Civilization of the Arabs [p. 127–128]': "…ang karahasan ay hindi naging dahilan sa paglaganap ng katuruan ng Qur'an, at ang mga nasakop ng mga Arabo ay iniwang malaya sa pagsasagawa ng kanilang paniniwalang mga Relihiyon. Kung nangyari na mayroong mga Kristiyanong yumakap sa Islam at ginamit ang Arabik bilang kanilang salita, ay unang-una, dahil sa iba't ibang uri ng hustisya o katwiran sa mga lugar ng mga Arabong nagwagi, na sa ganitong pamamaraan ang mga di-Muslim ay hindi sanay o bihasa. Maaari ring isang dahilan na ang Islam ay mapagparaya at di-mahigpit, na ito ay lingid sa mga ibang Relihiyon." [Paraphrased from Dr. Imad-du-Deen Khalil: "What Do They Say about Islam?", p. 314]

Sinabi rin niya na: "…ang mga unang Khalifah (Namuno bilang kahalili ng Propeta ﷺ)…ay lubhang mababait sa kanilang pakikitungo sa mga taong taga Sirya, Ehipto, Espanya at sa iba't ibang bansa na kanilang napasuko, iniwan silang nagsasagawa ng dati nilang mga batas at alituntunin o paniniwala at pinatawan lamang ng pagbabayad ng maliit na halaga ng Jizyah (buwis) para sa kanilang pangangalaga at pag-iingat upang maging mapayapa na kasama nila. Sa katotohanan, ang mga ibang bansa ay hindi nalaman ang pagiging mahabagin at mapagparayang mga nanakop katulad ng mga Arabo."

Kung ang Islam ay lumaganap bilang bunga ng digmaan laban sa mga Muslim mula sa mga kaaway na nagbanta sa kanilang buhay, at ang pagkatalo ng mga nanakop at ang kinalabasan ay ang pagiging bulok ng kanilang pamahalaan, ito ba ay naiiba sa kasaysayan, lalo na kung ikukumpara sa mga ibang kabihasnan? Ang tunay na naiiba sa Islamikong pananakop ay ang kanilang layuning pagpapalaya sa

mga karamihang naaapi, katulad ng tanyag na kasagutan na ibinigay sa Emperador ng Persiya ng mga kasamahan ng Propeta ﷺ nang sila ay tanungin kung ano ang idinulot ng mga Muslim sa kanilang mga lupain, katulad ng naisulat sa mga aklat ng kasaysayan: **"Isinugo kami ng Allah upang kunin ang sinuman mula sa pagkaalipin ng ibang mga tao, tungo sa pagpapaalipin sa pagsamba sa Allah, mula sa pagkabilanggo sa mundong ito tungo sa malawakang kalayaan (na siyang idinulot ng Islam sa mundong ito at sa Kabilang Buhay), at mula sa kawalan ng katarungan sa lahat ng pamamaraan ng buhay (ng mga makamundong namumuno) tungo sa katarungan ng Islam."** [Tingnan sa: Ibn Kathir – Al-Bidayah wan Nihayah].

Sa tuwirang kabaligtaran sa mga karamihang halimbawa ng mga patayan, mga panggagahasa, mga pandarambong, at ang mga walang katarungang nabanggit sa kasaysayan sa (pahinang) pagpapakilala (sa aklat na ito), ay hindi natin maihahambing ang pangyayari sa kasaysayan nitong pananakop noong unang panahon ng Islam. Si Thomas Carlyle, sa kanyang tanyag na sunod-sunod na mga panayam, ay nagpaliwanag tungkol sa paglaganap ng Islam katulad ng mga sumusunod: "Sobra na ang pagbanggit sa Relihiyon ni Muhammad ﷺ na sinasabing lumaganap sa pamamagitan ng tabak. Walang pagdududa na higit na dakila ang ating pagmamalaki sa Kristiyanong Relihiyon, na ito ay lumaganap sa sarili nitong may kapayapaan sa paraan ng pagpapalaganap at matibay na pananalig. Subali't sa kabila ng lahat, kung ating pag-uusapan ang katotohanan o kamalian ng isang Relihiyon, mayroong sukdulang kamalian dito. Sa katunayan tungkol sa tabak, saan kukunin ang tabak! Lahat ng bagong pagpapalagay, sa kanyang umpisa ay tiyak na sa maliit na bilang. Sa isip na lang ng isang tao, doon tumatahan muna. Isa lamang sa buong mundo ang naniniwala dito; may isang tao laban sa lahat ng tao. Na siya ay kumuha ng tabak, at nagtangkang magpalaganap sa pamamagitan nito, may magagawang kaunti para sa kanya. Kumuha ka muna ng iyong tabak! Sa kabuuan, ang isang bagay ay magpaparami ng sarili niya sa kanyang kakayahan. Hindi natin makikita, kahit na

sa Relihiyon ng Kristiyano na lagi ang paghamak sa tabak, kung ang isang tao ay mayroon nito. Ang kombersyon ng mga 'Saxon' ay hindi sa pamamagitan ng pangangaral ni G. Charlemagne. Hindi ko binibigyang halaga ang tabak; hahayaan ko ang isang bagay na magsikap ang sarili sa mundong ito, kahit na sa anumang tabak o dila o mayroong siyang maisakatuparan o mailatag na panghahawakan. Hahayaan natin siyang mangaral, magbigay ng polyeto, at makipaglaban, at gawin ang lahat ng magagawa, sa pamamagitan ng tuka at kuko, kung anuman ang nasa kanya, makakasiguro na sa bandang huli, makakasakop siya nang hindi dapat sakupin. Kung ano ang mabuti sa kanyang sarili, ay hindi maitatapon kung hindi ang isang bulok lamang. Sa dakilang Duwelo, ang Kalikasan mismo ay ang reperi, at hindi makakagawa ng kamalian; ang isang bagay na nagkaugat na ng malalim sa Kalikasan, na siyang matatawag nating –tunay, ang bagay na ito at hindi ang iba ang siyang makikita nating tutubo sa bandang huli." ['Heroes, Hero Worship, and the Heroic in History.' Lecture 2, Friday, 8th May 1840]

Sa paghahambing sa itaas, kumuha tayo ng mga pahayag mula sa Bibliya at basahin kung ano ang pinanghahawakan ng mga Hudyo at Kristiyano bilang sagrado at banal na patnubay tungkol sa kaasalan sa digmaan, at siyang nagbunsod sa kanila sa pagpapalawak at pananakop.

Mababasa natin sa Aklat ng Deuteronomio: **"10. Kapag malapit ka na sa lunsod na iyong kukubkubin, alukin mo muna ito ng kapayapaan. 11. Kung tanggapin nito ang kapayapaan at buksan sa iyo ang mga pintuan, magiging trabahador mo ang lahat ng taong naroroon at maninilbihan sila sa iyo. 12. Kung tanggihan naman nila ang alok mong kapayapaan at makipaglaban sa iyo, kubkubin mo ang siyudad. 13. At kapag ibinigay iyon sa iyong mga kamay ng iyong Diyos, pagtatagain mo ng tabak ang lahat ng lalaki. 14. Ang mga babae lamang at mga bata, ang mga hayupan at lahat ng iba pang nasa siyudad ang masasamsam mo para sa iyo. At kakanin mo ang mga nasamsam sa iyong mga kaaway na ibibigay sa iyo ng Diyos mo. 15. Ganito ang gagawin mo sa lahat ng lunsod na napakalayo**

**sa iyo, na hindi mga siyudad ng lupaing aangkinin mo. 16. Nguni't sa mga lunsod ng lupaing ibinibigay sa iyo ng iyong Diyos bilang pamana, wala kang iiwang buhay. 17. Lipulin mo silang lahat ayon sa batas ng Anathema – ang mga Heteo, Amorreo, Kananeo, Parezeo, Heveo at Hebuseo – tulad ng iniutos sa iyo ng Diyos mo." [Deuteronomio 20:10-17]**

Sa pagsakop sa siyudad ng Jerico at sa kapalaran ng mga dukhang naninirahan doon, mababasa natin ang: **"Tumunog ang mga tambuli at sumigaw ang mga tao. Noon din ay gumuho ang muog ng lunsod at pumasok ang bawa't isa sa lunsod sa dakong katapat niya. Sinakop nila ang siyudad (Jerico) at pinatay nila sa tabak ang lahat ng lalaki at babae, bata man o matanda, kasama ang mga baka, tupa at asno (dahil sa banal na sumpa) sa pamamagitan ng tabak." [Yusha' 6/20-21]**

Sa lunsod ng Muqeideh at Labneh, pareho ang ginawa nila katulad sa Jerico. **"Noong araw ding iyon, sinakop ni Josue ang Makeda. Pinatay niya sa tabak ang hari at ang mga mamamayan. Inihandog niya sa Diyos ang lahat ng naroroon at wala siyang pinaligtas. Ginawa niya sa hari ng Makeda ang ginawa niya sa hari ng Jerico." [Yusha' 10/28]**

Isang nakakalitong pahayag sa ebanghelyo ni Mathew sa salita ni Hesus ay mababasa natin: **"Huwag ninyong isipin na dumating ako para magdala ng kapayapaan sa lupa, hindi kapayapaan ang dala ko kundi tabak." [Mateo 10:34; at ihambing sa Lucas 22:36]**

**"At sinabi ni Hesus: 'Ngayon naman, magdala ang may pitaka gayon din ang may bag; at kung may walang tabak, ipagbili niya ang kanyang balabal para bumili." [Lucas 22:36]**

Ano ang tabak na ito? Sino ang may kapangyarihan na itaas ito? Ito ay hindi maliwanag at mainit na pinagtatalunan. Maaaring ito ay maitataas sa kanyang ikalawang pagdating. Hanggang si Constantine na nagmalupit sa mga naunang minoryang Kristiyano ay waring nagpasiya sa walang dahas o kalupitan at naghintay sa nalalapit na pagbabalik,

subali't pagkaraan niyon, ang mga 'Trinitaryang Kristiyano' ay naging opisyal na Relihiyon ng bansa noon pagkatapos ng pamamahala ni Constantine, ang tabak ay nahinang sa Estado, at ang mga namumunong Kristiyano mula noong unang panahon ay pinangunahan ang maraming digmaan at nanlupig sa ngalan ng Relihiyon. Ang Kristiyanong prinsipyo ng pagkamasunurin sa kaninumang may kapamahalaan ay batay sa pakahulugan na pahayag ni Hesus na sinabi: **"Ibigay ang kay Caesar."** Ito ay higit na ipinaabot ng mga Kristiyanong Teologo upang gawing makatwiran at iaayon sa batas ang karapatan ng banal na tuntunin at pagkaraan, kahit na pambansang patakaran o walang kaugnayan sa Relihiyon na alituntunin, batay sa doktrinang 'Pauline' katulad ng pagdambana sa ipinag-utos nito: **"Ang bawa't isa ay nararapat pasakop sa mga may kapangyarihan, dahil walang kapangyarihan na naitatag na hindi galing sa Diyos. Ang mga kapangyarihan na umiiral ay itinatag ng Diyos." [Romans 13:01]**

Ang pahayag at ang katotohanan sa itaas ay maaaring maitulad sa mga ibang patnubay mula sa Aklat ng Allah, ang Qur'an, at ang Sunnah (pamamaraan) ng Propeta ﷺ, upang magbigay ng karagdagang katibayan na totoong ang Islam ay ang Relihiyon ng kapayapaan, sa kabila ng katotohanan na ang mga ibang di-masunuring mga Muslim ay pinasama, sa salita at sa gawa, ang larawan ng Islam, at sa kabila ng mga nakakalason na propaganda, paninirang puri at ang mga kakatwang walang katotohanang impormasyong inimbento at ipinamahagi ng mga kaaway ng Islam sa kanilang kilusan laban sa Islam at sa mga Muslim.

Hindi namin ipinagkakaila ang mga pagkalihis at ang mga walang katarungang ginagawa paminsan-minsan ng mga ibang Muslim, subali't ang pangkalahatang tangay ng pangkasaysayang kalakaran ay ang aming katibayan, katulad ng nakasulat sa itaas. At kaakibat ng pangungusap na ito maaaring magbigay ng mahalagang karagdagang halimbawa, dahil nagpapakita sila ng pangkalahatang disenyo. Ang mga Kristiyanong manlulupig ng 'Jerusalem' ay pinatay lahat ang mga Hudyo at Muslim na naninirahan dito, datapuwa't ang pagsakop ulit sa 'Jerusalem' ni

Salahuddin Al-Ayubi ay masasabing kapuri-puring halimbawa bilang kadakilaan at kabutihang-loob. Kabaligtaran naman ang mga pangyayari sa Andalus (mga Muslim sa Espanya) at sa Anatolia (Asia minor). Pinaalis ng mga Kristiyano ang mga Muslim at mga Hudyo mula sa Espanya at ang mga iba ay isinailalim sa tabak at ang mga iba ay pinilit na sumampalataya sa Kristiyanismo noong kapanahunan ng nakakahiyang Matinding Pagtatanong – ("Inquisition"), ang pangkaraniwang pagtrato sa mga Muslim sa ilalim ng pamamahala ng mga Kristiyano. Sa panahong ding iyon nasakop ng mga Muslim ang karamihan na may lahing 'Turkish' ang tinatawag ngayong 'Turkey', at kung ihahambing sa iba sila ay higit na mapagpaubaya, at hanggang sa araw na ito doon pa rin nakatayo sa Istanbul ang simbahan ng 'Eastern Orthodox' (ang nalupig na Constantine). Ang bantog na taga Silangan na si 'Sir Thomas Arnold' ay tinanggihan ang masamang propaganda tungkol sa Islam at nagsabing: **"…ano man ang pagtatangkang binuo upang sapilitang ibigay ang Islam sa mga di-Muslim na pamayanan, o kung anuman ang pamamaraan o ang sistemang pagpapahirap upang maitatak ang Kristiyanismong Relihiyon, wala kaming narinig. Kung ang mga piniling Khalifah (Namuno bilang kahalili ng Propeta ﷺ) ay isinagawa ang alinman sa dalawang hakbang na ito, maaaring nawalis kaagad ang Kristiyanismo katulad ng madaling pagtataboy nina Ferdinand at Isabela sa Islam palabas sa Espanya, o kaya si G. Louis XIV na nagtakda ng parusa sa mga Protestante sa Pransiya, o ang mga Hudyo na pinalabas at hindi pinapasok sa Inglatera sa loob ng 350-taon. Ang mga simbahan sa silangan ng Asya (Asia) ay ganap na pinutol at nawalan ng komunyon o pakikipag-isa sa lahat ng Kristiyano sa lahat ng dako na walang sinumang nagtangkang tumulong para sa kanilang kapakanan, bilang may paniniwalang erehe o 'heretical communions.' Kaya't ang mismong pagkaligtas ng mga simbahan hanggang sa ngayon ay isang mabigat na katibayan ng pagpaparayang ipinakita ng pamahalaan ni Muhammad ﷺ para sa kanila.** [Sir Thomas W. Arnold: The Preaching of Islam, a history of the propagation of the Muslim faith, Westminster A. Constable & Co., London, 1896, p. 80]

Ang hindi magandang pangyayari sa kasaysayan ay ang pangingibabaw sa mundo ng kasaysayan ng Europa kaysa sa kasaysayan ng Islam, at ang naging reaksiyon kontra sa tuloy-tuloy na paglalaban ng mga sekta ng mga Kristiyano sa Europa ay naging daan sa pagkalikha at pagsimula ng modernong sekularismo sa Europa, ang pagsamba sa mga tao, ang pagkamakabayan, ang di-paniniwala sa Diyos, at nakikita natin na ang mga kalakaran na ito ay siyang mga ugat ng malaking salot sa pulitika at sa lipunan na nakaakit sa mga tao sa panahong ito.



04

# ANG MALING PAKAHULUGAN NA ANG LAYUNIN NG ISLAM SA PANANAKOP AY MAKAMUNDONG PAKINABANG

Ang ikatlo at may kaugnayan sa paratang na ang mabilis na pananakop ng Islam, na nagpagulat sa kilalang mundo at ito ang naging dahilan sa paglaganap ng pananampalataya ng mga Muslim sa Silangan at Kanluran, at pinaratangan na ang layunin ay unang-una sa mga nasamsam sa digmaan, kaligayahan sa mundo at karangyaan at karangalan.

Tayo ay magbigay ng ilang katotohanan na nangyari tungkol sa talambuhay ng Propeta ﷺ at tungkol sa mga alituntunin ng Islam mula sa kasulatan ng kasaysayan. Si Propeta Muhammad ﷺ, sa umpisa ng kanyang misyon bilang Propeta at Sugo ng Allah ay pinagsabihan siya ng kanyang mga mamamayan at ginawa ang lahat ng paraan upang talikuran at iwanan niya ang pagtawag sa Islam maliban sa iba pang pagtatangka nilang bukas na pagmamalupit at pang-aapi upang biguin ang kanyang misyon na naiulat sa una. Pinagsabihan ng mga Quraish ang Propeta ﷺ ng ganito:**"Kung gusto mo ng ari-arian at kapamahalaan sa buong Peninsula ng Arabia, sinisiguro namin ito sa iyo. Kung gusto mong mag-asawa, ihahandog namin sa iyo ng libre ang pinakamagandang babaing birhen sa buong Arabia."**

Ang Propeta ﷺ ay inalok din ng labis na kayamanan na walang sinumang nakapanaginip nito sa mga taga Peninsula ng Arabia, subali't hindi rin niya ito tinanggap.

Ginawang lahat ng mga namumunong Arabo mula sa tribo ng Quraish ang paghahandog (sa Propeta ﷺ) sa kondisyon na iwanan niya ang kanyang pagpapalaganap ng kanyang Relihiyong Islam at huminto

siya sa pagkastigo at pagbubunyag sa kalokohang paniniwala ng mga Pagano sa pananampalataya nila sa mga idolo at paniniwala sa mga pamahiin. Ang payak, matuwid at tapat na sagot ng Propeta ﷺ sa lahat ng kanilang mga pag-uudyok at kapaki-pakinabang na panukala ay ang lubos na pagtanggi. Isang bantog na paglalahad sa mga salita ng Propeta ﷺ ang naiulat na ganito:

**"Sumpa man sa Allah, kung ilalagay nila ang araw sa aking kanang kamay, at ang buwan sa aking kaliwang kamay upang pahirapan ako at lisanin ang pagtawag sa aking misyon, hindi ko gagawin. Hindi ako susuko, o tanggapin ang kanilang panukala, (bagkus itutuloy ko ang aking misyon) hangga't ang pagtawag na ito (sa Islamikong pananampalataya) ay magiging makapangyarihan at matatanggap ng karamihan at isasagawa sa Peninsula ng Arabia, o kaya ang ulo ko ay aalisin sa aking katawan."** [Ibn Hisham, 'The Biography of Muhammad ﷺ', vol. 1, p. 170]

Isa pang katotohanan ang mahalagang bigyan ng pansin ay ang mga liham o sulat na ipinadala ng Propeta ﷺ sa mga kilalang mga hari, mga gobernador at mga namumuno sa mga kapit-bansa ay maliwanag na pinahintulot sa kanila ang pananatili bilang mga pinuno, sa kanilang sinasakupan at ang kanilang mga ari-arian kung tatanggapin nila ang Islam at panatilihin nila ang kapayapaan at katarungan. Katulad halimbawa ng sumusunod na liham kay Heraclius, ang Emperador ng mga Imperyo ng Romano at 'Byzantine' ay mababasa katulad ng sumusunod:

**"Ako ay nagsisimula sa Ngalan ng Allah, ang Mahabagin, ang Maawain. (Ang liham na ito ay) mula kay Muhammad ﷺ, ang alipin ng Allah at ang Kanyang Sugo, para kay Heraclius (ang Hari ng Byzantine sa panahong iyon). Kapayapaan sa mga tumatahak sa tamang patnubay. Kayo ay aking inaanyayahan na tanggapin ang Mensahe ng Islam. Kung inaasam ninyo ang kaligtasan tanggapin ninyo ang Islam. Kung tanggapin ninyo ang Islam kayo ay mabibigyan ng dobleng gantimpala, datapuwa't kung tatanggihan**

**ninyo ang paanyaya ng Islam, ang pananagutan ng buong bansa sa kanilang pagkakasala (ng mga iniligaw ninyong mga tagasunod) ay mapapasainyo."**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Sabihin [O Muhammad ﷺ]: O Angkan ng Kasulatan! Halina kayo sa isang usapan na makatarungan sa pagitan namin at ninyo, na huwag tayong sumamba sa iba maliban sa Allah, at huwag tayong magbigay ng anumang katambal sa Kanya, at huwag nating itakda ang ilan sa atin bilang panginoon maliban sa Allah. At kung sila ay magsitalikod, inyong sabihin: Maging saksi kayo na kami ay mga Muslim (tumatalima sa Allah)}. (Qur'an 3:64)**

Si Anas bin Malik ay nagsabi: **"Kailanman, ang Sugo ng Allah ﷺ ay hindi hinihingan ng anumang bagay kapag ang isang tao ay yumakap sa Islam, nguni't kanya itong inaayunan at pinapalampas. Katulad ng isang lalaki na tumanggap ng Islam ay lumapit sa Propeta ﷺ at binigyan niya ito (mula sa Islamikong Pananalapi) ng isang kawan ng tupa na nanginginain sa pagitan ng dalawang bundok."** At ang lalaki ay bumalik sa kanyang mga mamamayan at nagbalita: **"O aking mamamayan, tanggapin ang Islam! Dahil si Muhammad ﷺ ay magbibigay ng gantimpala at ang taong tatanggap ay hindi na matatakot sa kahirapan."** (Lahat ng kamag-anak ng taong ito ay tinanggap ang Islam at sumama sa mga Muslim).

Si Anas ay nagpatuloy na nag-ulat: **"May mga tao na tatanggap sa Islam para lamang sa pakinabang pang-materyal, subali't kapag kanyang nadama at nasamyo ang tamis ng Islam, ang taong ito ay higit na mapapamahal sa pananampalataya sa kanyang puso kaysa sa buong mundo at sa nilalaman nito."** (Al-Bukhari at Muslim)

Suriin din natin ang halaga na iniwang kayamanan ng Propeta ﷺ bilang kanyang ipinamana pagkaraan ng kanyang kamatayan.

Si Amr bin Al-Harith ay nag-ulat: **"Ang Propeta ﷺ sa kanyang pagkamatay ay walang iniwang Dirham o kaya Dinar (mga uri ng**

**pera), alipin, katulong o anupaman, maliban sa kanyang puting mola (parang asno at kabayo), ang kanyang sandata o armas at ang isang lote na kanyang ipinahayag bilang kawanggawa para sa mga Muslim."** (Muslim)

Sa katunayan ang personal na armas ng Propeta ﷺ ay naibigay sa isang Hudyo bilang panagot sa kanyang pagsanla para sa ilang sukat ng 'Barley' para sa pagkain ng kanyang pamilya sa panahon ng kanyang kamatayan.

Papaano masasabi ng isang matinong tao, ngayon, na paratangan ang taong katulad ni Propeta Muhammad ﷺ na siya ay nahuhumaling sa mga makamundong bagay at ari-arian, panandaliang dakilang kalagayan at karangalan? Ang mga Emperador, mga namumunong makabayan, ang kanilang mga Heneral at mga mandirigma ay naghahanap para sa karangalan, lupain at mga labi ng digmaan, subali't ang katotohanan na nasabi sa itaas ay nagpapatunay na ang layunin ng Sugo ng Allah ﷺ ay upang ipalaganap ang Relihiyong Islam sa sangkatauhan sa mapayapang pamamaraan para sa kanilang kapakanan, at hahayaan sila sa kanilang paghahanap-buhay at gawin ang pamamaraan upang makamtan ang pangangailangan sa kanilang ikasisiya, subali't hindi sila lumalampas sa hangganan ng Islam.

Ang mga kasamahan ng Propeta ﷺ at ang mga matatapat na tagasunod, ay ipinakita ang kanilang kabutihan bilang halimbawa, matutuwid at ang pagpapakasakit sa kanilang buhay, na hindi sila naghangad sa makamundong kayamanan at sa panandaliang kasiyahan sa kanilang buhay.

Noong panahon ng digmaan sa Uhud, ang Propeta ﷺ ay nagbigay ng kuro-kuro at siya ay nagsabi: **"Magsitayo kayo upang makamtan ang Paraiso na higit na malawak kaysa sa pinagsamang mga langit at lupa."** Ang isang taong nagngangalang Umair bin Al-Himam ay narinig ang pangungusap ng Propeta ﷺ at siya ay nagtanong: **"O Propeta ng Allah! Sinabi mo ba na ang gantimpala ay Paraiso, na ang sukat**

**ay higit na malawak kaysa sa pinagsamang mga langit at lupa!"** Ang Propeta ﷺ ay sumagot ng walang pag-aalinlangan. Ang kanyang kasamahan na ito ay nagsabi: **"Bakhin, Bakhin![1]"** Tinanong ng Propeta ﷺ ang lalaki: **"Anong nag-himok sa iyong sabihin mo ang iyong winika?"** Ang lalaki ay sumagot: **"O Propeta ng Allah! Ang pag-asa ko lang na inaasam-asam ay ang makasama sa mga titira sa Paraiso!"** Ang Propeta ﷺ ay nagsabi: **"Katiyakan, ikaw ay isa sa mga tatahan sa Paraisong ito."** Nang marinig ang salita ng Propeta ﷺ, ang taong ito ay kumuha ng kaunting datiles upang kumain bago nakipaglaban. Subali't itinapon din kaagad ang mga datiles sa himpapawid at nagsabi: **"Ako ay sumusumpa sa Allah! Kung ako ay mabubuhay sa pagkain ng mga datiles na ito maaaring lubhang mahabang panahon!"** Kaya't siya ay nagmadaling nakipaglaban ng kanyang buong lakas sa mga kaaway hanggang siya ay napatay." (Muslim)

Si Shaddad bin Al-Hadi ay nag-ulat: "Na may isang Bedouin ang lumapit sa Sugo ng Allah ﷺ at nagpahiwatig ng pagkagusto sa Islam at siya ay tuluyang yumakap sa Islam. Ang Bedouin ay nagpahayag na gusto niyang lumikas sa Madinah na kasama ang Sugo ng Allah ﷺ. Kaya't sinabi ng Propeta ﷺ sa mga Muslim na pangalagaan ang Bedouin. Ang mga Muslim ay nakipaglaban sa mga pagano at sa bandang huli sila ay nanalo at nakakuha ng mga labi ng digmaan. Ang Sugo ng Allah ﷺ ay namahagi sa mga labi ng digmaan sa kanyang mga kasamahan at ang Bedouin ay nabigyan ng kanyang bahagi dahil sa pagsama niya sa labanan. Ang Bedouin ay nagtanong: **"Para saan po ito?"** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay sumagot: **"Iyan ay parte mo mula sa labi ng digmaan dahil sa paglahok mo sa labanan."** Ang Bedouin ay nagsabi: **"Hindi ko ibinigay ang aking pangako na maging matapat para sa makamundong pakinabang. Katotohanan, ako ay sumama sa inyo at yumakap sa Islam sa pag-asang matamaan ako sa lalamunan ng palaso ng kalaban, at ako ay mamatay, at pagkatapos ako ay mabibigyan ng gantimpalang Paraiso."** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay

1- Ang salitang ito ay nababanggit kapag ang isang tao ay nagugulat, nanggigilalas, maligaya o gustong magbigay ng papuri.

nagbigay ng puna sa sinabi ng Bedouin: **"Kung ikaw ay matapat sa Allah, tiyak na ibibigay ng Allah ang iyong hangarin."** Hindi nagtagal, sila ay nakipaglaban ulit at ang Bedouin ay natagpuang patay na may palasong nakatusok sa kanyang lalamunan. Siya ay dinala sa harap ng Propeta ﷺ. Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagtanong: **"Hindi ba siya ang Bedouin?"** Ang mga tao ay sumagot ng walang pag-aalinlangan. Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Tunay na ang taong ito ay naging matapat sa Allah. Kaya, ang Allah ay Matapat sa kanya."** Ibinigay ng Sugo ng Allah ﷺ ang kanyang balabal bilang pambalot sa martir na Bedouin. Nangyari ang paglilibing at sila ay nag-alay ng dalangin para sa kanyang kaluluwa, ginamit ang mga sumusunod na panalangin para sa kaluluwa ng martir: **"O Allah! Ito ang Iyong alipin, na lumikas para sa Iyong Kapakanan. Siya ay namatay bilang isang martir. Ako ay saksi sa nangyari."** (An-Nasai)

Ang pangyayaring ito ay isang katibayan na ang taong ito at ng mga katulad niya na hindi tumanggap ng bahagi ng labi sa digmaan dahil sa lubos na katapatan sa paghahanap ng gantimpala mula sa Allah lamang.

Si Umar bin Al-Khattab ang bantog at makatwirang ginabayang Khalifah (Namuno bilang kahalili ng Propeta ﷺ) at kasamahan ng Propeta ﷺ, na ang kanyang nasakop ay inabot sa malawak na kilalang mga lugar kasama na dito ang mga Imperyo ng mga Romano at Persiya, narinig ang kanyang tiyan na umungol dahil sa kakulangan sa karaniwang pagkain. Si Umar ay napabulalas: **"O aking mahal na tiyan, tumahimik ka! Sumpa man sa Allah! Hindi ka malalagyan ng mabuti hangga't ang lahat ng mga Muslim ay makakakain ng maigi** (at masiyahan sila sa kanilang pagkain)**."** (Al-Baihaqi)

Ang mga nasamsam at labi ng digmaan ng mga naunang mga Muslim bilang pakinabang ng kanilang pananakop ay sapat na upang sila ay mamuhay ng masagana at magandang buhay, subali't ang tunay na layunin sa likod ng kanilang pananakop ay ang pagpapalaganap ng Salita ng Allah at sa Relihiyon ng Islam sa mga tao. Ito ay napatunayan sa katotohanan na ang mga taong kanilang nasakop ay binigyan ng

kalayaan kung tatanggapin ang Islam bilang Relihiyon at daan ng buhay, at ito ay kanilang ginawa at silang mga nasakop ay may karapatan katulad sa lahat ng mga karapatan ng mga ibang Muslim. Itong pagkakapantay-pantay at pandaigdigang pamamaraan ay hindi nalaman sa daigdig noong panahon na ang pagtatangi-tangi ng mga lahi at ang mga pambansang Imperyo ay nagkaroon ng puwang sa pagbibigay ng tanging karapatan ng mga matataas na tao at ang karamihan ay tinaguriang pangalawang uri ng mamamayan sa magandang salita at marami rin ang malamang na tagapaglingkod, mga alipin at ng mga busabos. Kung ang mga nasakop na mga tao ay tumanggi sa Islam, at nanatili sa dating Relihiyon, nguni't hindi nagbadya ng digmaan laban sa mga Muslim, sila ay kinakailangan magbayad ng Jizyah (buwis) isang makahulugang halaga ng buwis bilang kapalit ng pangangalaga ng kanilang buhay, mga ari-arian at mga kayamanan na ginarantiya at sinasagot ng Islamikong Estado.

Karagdagan dito, ang mga nagbabayad ng Jizyah (buwis) ay nakakatamasa ng lahat ng kaluwagan at kagamitan na inaalok at pinapanatili ng Islamikong bansa at hindi sila sapilitang magbayad ng karagdagang buwis. Subali't ang mga Muslim, sa kabilang dako, ay sapilitan silang magbigay ng Zakah (katungkulang kawanggawa). Kadalasan ang Zakah ay higit na marami kaysa sa halaga ng buwis sa loob ng isang taon. Kung ang mga di-Muslim ay nasakop at sila ay tumanggi sa alin man sa dalawang opsiyon, at pinili ang pananatiling lumalaban, ang digmaan ay isusukli laban sa kanila upang ipahayag ang Mensahe ng Islam sa mga pangkalahatang mamamayan. Ang mahalagang katwiran sa pagtataguyod ng digmaan laban sa ibang mga di-Muslim ay ang katotohanan na, ang mga ibang naninirahan sa gayong hindi Islamikong bansa, ay maaaring yumakap sa Islam, kung nalaman sana nila ang alituntunin at misyon nito. Sa kahalagahan at dakilang layunin nito, ang Islam ay nag-utos sa mga Muslim na magtaguyod ng digmaan sa mga di-Muslim upang ipahayag ang Mensahe ng Allah.

Si Khalid bin Al-Walid, isa sa mga dakilang Heneral ng Islam at ang pinakatanyag at matagumpay na Heneral sa mga naunang mga Muslim,

namatay siya nang mayroong lamang isang kabayo, isang tabak at isang alagad. Saan ka makakakita ng mga bakas ng pagka-makamundong buhay sa linya ng mga dakilang Muslim na mga Heneral at mandirigma?

Ang mga aklat ng Islamikong kasaysayan ay sagana sa mga maraming naiulat tungkol sa mga taong matataas at may kakayahan na nagpapatunay sa mga layunin ng mga naunang mga Muslim ay hindi para sa makamundong pakinabang, katunayan, sila ay umaasa sa gantimpala mula sa Allah, para sa kanilang tapat na pagtawag sa Islam, ang banal na Relihiyon ng patnubay mula sa Allah. Katulad ng naipahayag at pangako ng Propeta ﷺ:

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **“Kung ang isang kaluluwa, lalaki man o babae, ay napatnubayan sa Islam sa pamamagitan mo, ito ay higit na mabuti para sa iyo kaysa sa pagpili ng mga kaibig-ibig at magagandang kamelyo** (i.e. ang pinakamahalagang pag-aari ng mga Arabo)**.”** (Muslim)

Maraming mga mapagkakatiwalaang kasaysayan ng mga naunang mga Muslim na naiulat na sila ay nakahandang ibigay ang lahat ng kanilang kayamanan at buong buhay na naimpok bilang kawanggawa sa panahon ng kanilang pagyakap sa Islam. Ang mga naunang kaanib sa tribo ng mga Quraish ay kapuri-puri tungkol dito. Ang mga iba ay nawala ang karapatan sa kanilang kayamanan, sapagka’t ang kanilang mga pamilya ay nagalit at lumayo dahil sa pagyakap nila sa Islam. Ang karamihan naman ay sinamsam ang mga pag-aari noong sila ay nangibang bayan sa Madinah. Ang iba ay sukdulan ang pagtulong sa pagpapalaganap sa Islam at ibinigay nila ang kanilang oras at kayamanan sa ganitong mga gawain. Bilang halimbawa, sa isang pangunahin at tiyak na labanan sa ‘Nahawand’, ang kasamahan ng Propeta ﷺ na ang pangalan ay An-Nu`man bin Muqrin Al-Muzani ay naghandog ng panalangin ng ganito: **“O Allah! Parangalan at luwalhatiin Mo ang Iyong Banal na Relihiyon, at gawin Mong matagumpay ang mga paniniwala sa Iyo. ‘O Allah! Gawin Mo akong una na maging martir sa labanan. ‘O Allah! Bigyan Mo ang aking mga mata ng tunay na**

**kaligayahan na masaksihan ang pinakamagandang pananakop na siyang magkakaloob ng karangalan at dignidad sa Islam. O mga tao! Ibigay ang paniniwala sa Allah, katiyakang ibibigay sa inyo ang Kanyang Awa."**

Mayroon ba kayong nakikitang may pagkamakamundong kasakiman at pansariling hangarin sa dakilang panalangin na ito? Ang pinaka-layunin ay siguradong para sa Kasiyahan ng Allah at ang matapat na hangarin sa pagtawag sa iba upang tanggapin ang Islam para sa kanilang kapakanan.

Ang Pinuno ng Ehipto, si Muqawqis, ay ipinadala ang kanyang mensahero sa Muslim na Heneral na si Amr bin Al-Aas na siyang sumakop sa Ehipto**.** Ang Muslim na Heneral ay hinawakan ang kuta ng Babilonya sa kanilang paglusob. Ang Pinuno ng Ehipto ay nagsabi sa kanyang mga espiya na mag-ulat ng kanilang pagmamatyag (sa mga Muslim). Silang lahat ay nagpahayag ng (para bang) pinagkasunduang pagmamamasid. Sinabi nila: **"Napansin nilang mas gusto nila ang mamatay kaysa mabuhay. Ibig nila ang maging mahiyain at taglay ang kababaang-loob kaysa mapagmataas at mayabang. Napansin namin na wala silang hangarin sa makamundong pakinabang at kayamanan. Sila ay nakaupo sa sahig at ang kanilang pinuno ay katulad din nila. Hindi makikilala ng sinuman kung sino ang pinuno at ang mga tagasunod, ang amo at ang utusan o alipin. Halos sila ay magkakapareho, kahit na ano pa ang kanilang katayuan."**

Ang mga nabanggit at marami pang ibang halimbawa na ang pag-iimpok sa mga nasamsam sa digmaan at ang pagpapayaman sa mga nalikom na labi ng digmaan ay hindi ang mga layunin ng mga naunang Muslim, subali't ang pagsisikap sa misyon sa Islam ay upang patnubayan ang mga tao, mula sa kanilang mga tahanan ay nabunsod sila sa palibot ng kanilang lugar, dala-dala nila ang pandaigdigang mensahe ng Islam.



05

# TAMANG PALIWANAG SA DIGMAAN AT ANG PAGSASANAY SA ISLAM

Ang Islam, katulad ng naipaliwanag sa una, ay isang banal na Relihiyon ng pagsuko sa Allah at ang mga ipinahayag na patnubay para sa tao, na naghahanap ng kapayapaan at nagtuturo ng habag. Bagama't ang Islam ay nag-aanyaya ng kapayapaan sa pakikipag-ugnayan sa lahat ng mga tao sa lahat ng bansa, sa ibang pagkakataon ang digmaan ay kinakailangan bilang isang lunas. Ang Allah ay nagtakda ng pakikidigma sa limang katayuan. Ang tawag dito ay hindi digmaan kundi 'Jihad' batay sa katawagan ng Islam, na ang ibig sabihin ay ang pagsusumikap at ang paggamit ng isang tao sa kanyang lakas ng lubusan upang magpunyagi para sa landas at kapakanan ng Allah. Ang pangunahing pagkakaiba sa gitna ng digmaan at ang Jihad ay; ang layunin ng Jihad ay upang ipagtanggol ang mga Muslim at kilalanin ang kanilang karapatan upang ibahagi ang Islamikong pag-anyaya sa Islam, at upang ipalaganap ang pandaigdigang mensahe ng Banal na Salita ng Allah. Samantalang ang digmaan ay maaaring ito ay upang magtanggol laban sa mga nang-aapi, isang lehitimong katwiran sa katiyakang mga kondisyon, nguni't sa malawak at pangkalahatang katawagan ng kasaysayang ito ay madalas na nangyayari dahil sa pananalakay at sa walang katarungang pansarili at pambansang paghihiganti. Gayun din ang digmaan ay para sa mga imperyal, lupang pananakop (kolonya) at mga pagpapalawak ng mga samahan at pangingibabaw, para sa pamamahala, pagsasamantala, pandarambong at pagnanakaw ng mga likas na kayamanan ng mga tao; o kaya ay para sa katanyagan, kapurihan at pagmamalaki. Hindi tinatanggap ng Islam ang mga layunin ng digmaan na nabanggit sa itaas at ang mga ito ay isinasaalang-alang lahat na labag sa batas at karapat-dapat dito ang makatarungang pagpaparusa. Mayroon lamang

limang lehitimong dahilan upang magsagawa ng Jihad, katulad ng mga sumusunod:

01 Pagtatanggol laban sa mga umaatake sa mga tao, mga ari-arian, kayamanan at sa dignidad ng pamayanang Muslim at sa pambansang hangganan (borders). Ito ay batay sa isang talata sa Banal na Qur'an:

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At makipaglaban kayo sa Landas ng Allah sa mga yaong nakikipaglaban sa inyo, datapuwa't huwag kayong lumagpas sa (mga itinakdang) hangganan. Katotohanang ang Allah ay hindi nagmamahal sa mga mapagmalabis sa hangganan}. (Qur'an 2:190)**

Ito ay batay din sa isang Hadith (salaysay) ng Propeta ﷺ.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi:

**"Sinuman ang namatay dahil sa pagtangka niyang pangalagaan ang kanyang mga ari-arian ay isang martir; sinuman ang namatay sa pagtangka niyang ipagtanggol ang kanyang sarili ay isang martir; sinuman ang namatay sa kanyang pagtangka na ipagtanggol ang kanyang Relihiyon ay isang martir; at sinuman ang nagtangka na ipagtanggol ang kanyang pamilya ay isang martir."** (At-Tirmidhi, Abu Dawud, An-Nasai at Ibn Majah)

02 Ang ipagtanggol ang mga mahihina at walang-laban na mga tao kontra sa mga nang-aapi o sa mga tumutulong sa mga nang-aapi. Ang uri ng Jihad na ito ay malinaw na sapilitan na makataong layunin.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At ano ba ang pumipigil sa inyo, na kayo ay hindi nakikipaglaban para sa Landas ng Allah, at sa (kapakanan ng) mga mahihina mula sa lipon ng mga kalalakihan, kababaihan at mga bata, na ang panambitan ay: Aming Panginoon! Kami ay ilabas Mo sa bayang ito na ang mga tao nito ay mapang-api; at Iyong ipagkaloob sa amin**

**mula sa Iyo ang isang makapangangalaga, at Iyong ipagkaloob sa amin mula sa Iyo ang isang makakatulong}. (Qur'an 4:75)**

Ang kautusan na kailangang lumaban sa mga nang-aapi at nagpapahirap ay batay sa isang talata na ipinahayag sa Banal na Qur'an:

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:**{Katotohanan, ang mga nagsisampalataya at lumikas, at nakipaglaban sa pamamagitan ng kanilang mga ari-arian at ng kanilang mga sarili (buhay) para sa Landas ng Allah, gayundin ang mga nagbigay ng silungan at tulong, sila ang magkakapanalig sa isa't isa. At ang mga nagsisampalataya na hindi nagsilikas (para sa Kapakanan ng Allah), kayo ay walang pananagutan sa kanila na anupaman sa pangangalaga sa kanila hangga't sila ay hindi lumilikas, datapuwa't kung sila ay humingi ng tulong sa inyo sa pananampalataya, sa gayon dapat ninyong tulungan sila, maliban na lamang kung ito ay laban sa mga taong mayroon kayong pinagkasunduan sa pagitan ninyo ng pakikianib. At ang Allah ay ganap na Nakamamasid sa lahat ng inyong ginagawa}. (Qur'an 8:72)**

03 Ang paghihiganti sa di-pagtupad at paglabag sa tapat na kasunduang pinagtibay, sa pagkakaisa at sa kapayapaan. Ito ay batay sa isang talata na ipinahayag sa Banal na Qur'an:

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Datapuwa't kung sila ay sumira sa kanilang mga pangako matapos ng pakikipagkasundo nila, at tinuligsa ang inyong pananampalataya ng may pamimintas, kung gayon, makipaglaban kayo sa mga pinuno ng walang pananalig, katotohanang sila ay walang pagpapahalaga sa kanilang pangako, baka sakaling sila ay tumigil (sa masasamang gawa). Bakit nga ba hindi kayo makipaglaban sa mga tao na sumira sa kanilang pangako at naghangad na ipagtabuyan ang Sugo (Muhammad ﷺ), samantalang sila ang nagpasimulang sumalakay sa inyo sa unang pagkakataon? Natatakot ba kayo sa kanila? Ang**

**Allah ang Siyang may higit na karapatan na inyong katakutan, kung kayo ay tunay na nananampalataya}. (Qur'an 9:12-13)**

04 Ang pag-disiplina laban sa mga Muslim na sumalakay at nag-umpisang gumawa ng masama ng walang katarungan at nagpapatuloy sa pagiging suwail sa daan ng kasamaan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At kung ang dalawang pangkat sa lipon ng mga mananampalataya ay humantong sa isang labanan, kung gayon, inyong pagkasunduin sila sa isa't isa, datapuwa't kung ang isa sa kanila ay lumampas sa hangganan ng pagmamalabis laban sa isa, kung gayon, inyong labanan ang nagmamalabis hanggang sa ito ay magbalik sa pagsunod sa kautusan ng Allah. Subali't kung sila ay sumunod, sa gayon, kayo ay makipagkasundo sa pagitan nila ng may katarungan at maging pantay, katotohanang ang Allah ay nagmamahal sa mga makatarungan}. (Qur'an 49:09)**

Ang uri ng 'Jihad' na ito ay nagpapatunay na ang layunin ng Jihad ay ang pagkiling sa batas at katarungan dahil ito ay itinataguyod kahit na laban sa mga Muslim na kriminal.

05 Kung ang pagpapalaganap sa Relihiyon ng Islam sa mapayapang pamamaraan ay di-mangyayari, ang uri ng Jihad na ito ay ang huling kailangan gamitin pagkatapos ng maraming mapayapang pakikipag-usap, subali't nagpapatunay sa pinuno ng mga Muslim na ang mapayapang pakikipag-alam ay imposibleng mangyari na. Ang unang hakbang ay ang pakikipag-usap na payagan ang mapayapang pagpapalaganap sa Islam, sumusunod sa Sunnah (pamamaraan) ng Propeta ﷺ, at kung katulad ng naiulat sa itaas, siya ay nagpadala ng mga sulat sa mga pinuno ng mga nakapaligid (na lugar) at sila ay inanyayahan sa Islam. Subali't kung ang mga pinuno ay tumanggi sa paanyaya, siya at ang kanyang mga mamamayan ay aalukin sa karapatan sa pagpili na maging Dhimmis (ang mga taong hindi muslim na pinangangalagaan sa islamikong

pamayanan), na pinanghahawakan ang kanilang sariling batas sa Relihiyon, nguni't sapilitang susunod sa pangkalahatang batas ng Islam upang mapanatili ang batas, katahimikan at kaligtasan, at magbayad ng Jizyah (buwis) bilang kapalit sa pagsasagawa ng serbisyong pang-militar. Kung ang mga di-Muslim ay tumanggi sa mga kondisyon na naiulat, sa ganitong dahilan lamang maaaring umpisahan ang digmaan dahil sa katotohanang pag-kontra nila sa mapayapang pagpapalaganap sa Islam. Ang mga Muslim ay sapilitang magsasagawa ng Jihad laban sa mga taong hindi lamang tinatanggihan ang pandaigdigang mensahe para sa sangkatauhan na ang Allah lamang ang karapat-dapat sambahin at si Propeta Muhammad ﷺ ay Sugo ng Allah kundi patina ang pagpigil o paghadlang sa pagpapalaganap ng pandaigdigang mensahe at ang pagpapalaganap nito sa mapayapang pamamaraan. Ang Islam ay ang pandaigdigang pananampalataya at ang tanging Relihiyon ng Allah, samakatuwid ito ay hindi para sa mga natatanging tao lamang, bagkus para sa lahat ng tao na napag-alaman ang tungkol sa Islam at natutuhang sumuko ng buong puso sa Allah. Ang pagtanggap sa Islam ay hindi ang layunin ng mga Muslim dahil ang patnubay ay nasa Kamay ng Allah lamang. Ang lahat ng mga tao ay dapat magkaroon ng pag-asang marinig ang tungkol sa kabutihan, katarungan, pagmamahal, pagkapantay-pantay at kapayapaan at ang lahat ng katuruan ng Islam.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At inyong labanan sila hanggang sa walang maibunsod na tukso (pagtatambal sa Allah), at ang pananampalataya ay maging tangi lamang sa Allah sa kabuuan nito. Datapuwa't kung sila ay titigil, katiyakang ang Allah ay ganap na Nakamamalas sa lahat ng kanilang ginagawa}. (Qur'an 8:39)**

Kung sa anumang oras na ang mga kalaban ng mga Muslim ay huminto sa pakikipaglaban at pakikidigma at humiling o tumanggap ng makatarungang kasunduang pangkapayapaan, ang mga Muslim ay sapilitang hihinto sa estado ng digmaan at makipag-ayos, at magiging labag sa batas para sa kanila na ipagpatuloy ang digmaan laban sa mga kaaway.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Maliban sa mga yaong umaanib sa mga taong mayroong kasunduan (ng kapayapaan) sa pagitan ninyo at nila, o sila na dumating sa inyo na may pusong nagpipigil sa pakikipaglaban sa inyo o sa pakikipaglaban sa kanilang sariling mamamayan. At kung ninais lamang ng Allah, katiyakang sila ay Kanyang mabibigyan ng kapangyarihan nang higit sa inyo at sa gayon sila (sana) ay nakipaglaban sa inyo. Kaya't kung sila ay lumayo sa inyo at sila ay hindi nakipaglaban sa inyo, at (sa halip) ay naghandog sila sa inyo ng kapayapaan, sa gayon ang Allah ay hindi nagbukas ng daan para sa inyo (upang makidigma) laban sa kanila}. (Qur'an 4:90)**

Ang mga kadahilanan ng mga lehitimong pakikidigma ay nakikilala sa pamamagitan ng naiulat sa itaas at ang iba pang talata na nagpapaliwanag dito ay matutunghayan sa ibaba.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Sila ay nagtatanong sa iyo [O Muhammad ﷺ] tungkol sa pakikipaglaban sa mga banal na Buwan (Muharram, Rajab, Dhul-Qaidah at Dhul-Hijjah). Sabihin: Ang pakikipaglaban dito ay malaking pagkakasala. Datapuwa't ang paghahadlang (sa mga tao) sa Landas ng Allah, ang pagtakwil sa Kanya, ang paghadlang (sa sinuman) tungo sa Masjid al-Haram (Banal na Bahay-Dalanginan sa Makkah), at ang pagtaboy sa mga nananahanan dito ay higit na napakalaking pagkakasala sa Allah. At ang Fitnah (pagbibigay katambal sa Allah) ay higit na malaking pagkakasala kaysa sa pagpatay…}. (Qur'an 2:217)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At ipagpatuloy ninyo ang pakikipaglaban sa kanila hanggang sa mawala ang 'Fitnah' (pagsamba sa iba maliban pa sa Allah) at ang (lahat ng uri ng) pagsamba ay matuon lamang sa Allah. At kung sila ay tumigil, magkagayon walang magaganap na paglalaban at paglabag maliban sa mga mapaggawa ng kamalian}. (Qur'an 2:193)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Sila na nagsisampalataya ay nakikipaglaban sa Landas ng Allah, samantalang sila na nagsitakwil ng pananampalataya ay nakikipaglaban sa landas ng Taghut (Satanas, diyus-diyusan, atbp.) Kaya't makipaglaban kayo sa mga kapanalig ni Shaitan (Satanas). Katotohanan, ang balangkas (pakana) ni Shaitan ay sadyang napakarupok}. (Qur'an 4:76)**

Lahat ng uri ng digmaan, katulad ng nabanggit sa itaas, na nagbubunga ng malaking pagkawasak at pagkawala ng buhay at ari-arian, ay ipinagbabawal at ipinapahayag na labag sa batas at ito ay isang pananalakay sa Islam. Ang Digmaan ng pagyayabang na nagpapakita ng lakas at kagalingan, katulad ng mga sinasabing makatwirang biglang pananalakay (pre-emptive strikes), ang mga ito ay ipinagbabawal sa Islam.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At huwag kayong maging katulad ng mga yaong lumabas mula sa kanilang mga tahanan ng may pagyayabang, at upang makita lamang ng mga tao, at upang humadlang (sa mga tao) tungo sa Landas ng Allah. At ang Allah ay Ganap na Nakatatalos sa lahat ng kanilang ginagawa}. (Qur'an 8:47)**

Kahit na pinapahintulot ng Islam ang pakikidigma dahil sa mahalagang pangangailangan na nabanggit sa itaas, ang Islam ay nagbibigay ng mahigpit na alituntunin at patakaran upang magsagawa ng pakikidigma sa parehong namumuno at sa mga kawal o mga "Mujahideen", at pinamamahalaan ang lahat upang sumunod sa marangal na pamamaraan at pag-uugali kahit na sa pinakamahirap na panahon. Ang mga Muslim na mandirigma ay pinapayagan lamang na patamaan at patayin ang mga taong kumakalaban sa kanila o ang mga tumutulong at nagtataguyod sa mga kalaban sa pook ng labanan. Ang mga taong matatanda na, mga bata, kababaihan, ang mga may-sakit, mga sugatan at ang mga taong nagbubukod at humihiwalay upang sumamba sa kanilang paniniwala

sa walang-dahas, ang lahat ng mga taong ito na hindi kalaban at di-nakikibaka ay hindi dapat pinatatamaan, patayin, inaabala o guluhin man lang kahit sa anumang paraan ng mga sundalong Muslim. Hindi rin pinapahintulot ang pumatay sa mga nasugatan o bumagsak na sa pook ng labanan sa mga kalaban ng mga sundalong Muslim. Ipinagbabawal ang pagputol sa mga katawan at bangkay ng mga patay na kalaban. Karagdagan pa, ipinagbabawal din ng Islam ang pagpatay sa mga alaga ng mga kalaban at ang pagsira ng kanilang mga taniman at sinasaka at ang kanilang mga tirahan at mga gusali, maliban sa tiyak na kalagayang kinakailangan sa madaliang labanan. Karagdagan pa dito, hindi pinapahintulot ng Islam ang sinasadyang paglagay ng dumi o lason sa pinagkukunan ng tubig o sa balon ng mga kalaban. Isinasaalang-alang ng Islam ang lahat ng mga bagay na iniulat sa itaas na nagdudulot ng kasamaan sa pamayanan at hindi kailangan ang pagpapahirap sa mga karaniwang tao.

Ang kahulugan ng Jihad sa Islam ay ang pagpahintulot sa mapayapang pagpapalaganap sa Salita ng Allah at ang mensahe ng Islam.

Katulad ng sinabi ng Allah sa Banal na Qur'an, na ang layunin ng buhay ng Muslim ay ang paghangad ng buhay na walang hanggan sa Kabilang Buhay sa pamamagitan ng mga mabubuting gawa:

**{Bagkus, iyong paghangarin (bilang kapalit) sa mga ipinagkaloob sa iyo ng Allah ang Tahanan ng Huling Araw, at gayundin naman ay huwag mong kalilimutan ang iyong bahagi (na pinahihintulutang kasiyahan) sa mundong ito; at gumawa ka ng kabutihan na katulad ng ginawang kabutihan ng Allah sa iyo, at huwag kang magnais ng katiwalian sa kalupaan. Katotohanang ang Allah ay hindi nagmamahal sa mga (taong) mapanghasik ng kasamaan}. (Qur'an 28:77)**

Mula sa maraming katuruan at patnubay na galing sa Sugo ng Allah ﷺ para sa mga 'Mujahideen' ay ang mga sumusunod: Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi na mayroon lamang isang lehitimong layunin para sa Jihad (Pakikipaglaban sa Landas ng Allah), nang kanyang sinabi: **"Ang**

**sinumang nagsumikap at nakipaglaban upang ibandila ang Salita ng Allah, ay siya ang nagsumikap at nakipaglaban para sa landas at kapakanan ng Allah."** (Al-Bukhari at Muslim)

Noong may natagpuang babaing namatay sa isang digmaan, ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi na: **"Ang babae ay hindi nakikipaglaban, kaya ipinagbabawal ang pagpatay ng kababaihan at mga bata."** (Muslim)

Kaya ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagbigay ng mga sumusunod na tagubilin:Siya ay nagsabi: **"Umpisahan ang inyong pakikipaglaban sa Ngalan ng Allah laban sa mga taong nagpahayag ng kawalan ng paniniwala sa Allah. Makipaglaban sa kanila, subali't huwag sirain ang inyong pinagkasunduan o kontrata. Huwag putol-putulin ang mga katawan ng mga namatay na sundalo ng mga kalaban. Huwag pumatay ng bagong silang na bata."** (Muslim)

At sinabi pa niya: **"Lumakad ng pasulong sa Ngalan ng Allah. Huwag pumatay ng mga taong matatanda, o mga bata, o mga babae at huwag lumabag (sa Batas ng Allah)."** (Malik at Abu Dawud)

Ang bantog na Sahabi (kasamahan ng Propeta ﷺ) na si Abu Bakr As-Siddiq, ang unang Muslim na Khalifah (Namuno bilang kahalili ng Propeta ﷺ) ng Islamikong Estado, ay nagbigay ng mga sumusunod na payo sa mga sundalong Muslim na kanyang ipinakatawan.

Si Abu Bakr As-Siddiq ay nagsabi: **"Maghintay bago kayo umalis. Gusto kong ibigay sa inyo ang mga sumusunod na payo. Huwag magkanulo o magtaksil; Huwag magnakaw mula sa mga nasamsam sa digmaan bago ang tama at makatarungang pamamahagi; Huwag magtaksil sa inyong pangako at kasunduan sa inyong mga kalaban; Huwag pumutol ng katawan ng mga namatay na sundalo; Huwag pumatay ng maliliit, bata, babae o matandang lalaki; Huwag pumutol o magsunog ng halamang datiles (o ibang mga halaman na walang dahilan); Huwag pumutol ng halamang nagbubunga; Huwag magkatay ng tupa, baka o kamelyo maliban kung ito ay**

**para sa inyong pagkain; Kayo ay mangyaring makakatagpo ng mga taong nakatira sa mga tagong pook para sa kanilang pagsamba sa Allah, bayaan ninyo silang mag-isa. Huwag silang gambalain o sirain ang kanilang pamumuhay."** (At-Tabari, vol. 3, p. 226)

Gayundin, ang mga Muslim ay dapat magbadya muna ng digmaan bago mag-umpisa sa labanan. Sa dahilan ang mga Muslim ay hindi nagtataksil at hindi nanlilinlang sa pakikipaglaban. Ang Islam ay nagtalaga ng mga magandang alituntunin at pag-uugali sa mga Muslim sa pakikipaglaban. Kinakailangan ng Islam ang ganap na pagtupad sa katarungan at hindi dapat nang-aapi sa mga kalaban na sundalo.

Si Umar bin Abdul Aziz, isa sa mga naunang Umayyad na Khalifah (Namuno) sa mga Muslim, ay nilapitan at kinausap siya ng mga kinatawan ng mga sundalo ng Siyudad ng Samarqand, at sila ay nagreklamo tungkol sa pinuno ng mga Muslim na si Qutaibah, sa pag-atake sa kanila ng biglaan. Ang Khalifah ay nagpadala ng sulat sa gobernador ng nasabing pook at inutusan siyang magtalaga ng hukom upang magsiyasat sa bagay na ito, at kung minamabuti ng hukom na ang mga Muslim ay dapat lumabas sa siyudad at iwanan dahil sa kanilang pagsira sa tiwala, dapat silang sumunod sa pasiya. Ang gobernador ng Samarqand ay nagtalaga ng hukom na ang pangalan ay Jomai bin Hader al-Baji na nagbaba ng hatol na ang mga Muslim ay dapat lumabas sa siyudad na kanilang sinakop. Dapat ang pinuno ng mga Muslim ay nagbigay muna ng maliwanag at karampatang babala bago sila manakop ng lupain at magbunsod ng pakikipaglaban sa mga mamamayan ng Samarqand, upang bigyan sila ng pagkakataon na makapaghanda ng kanilang sarili sa digmaan at dapat malaman ang mga dahilan sa pag-aatake. Nang makita ng mga tao sa Samarqand ang makatarungang pakikitungo ng mga Muslim, walang alinlangan na hindi na nagpatuloy sa labanan at tinanggap ang mga alituntunin ng Islamikong batas. [Tingnan sa: **Futuh-al-Buldan** (Countries of the Conquests), by Balathuri, p. 428]

Tungkol sa mga bihag at mga bilanggo, ang mga ito ay laging nagkakaroon ng mainit at maramdaming pag-uusap at mayroong hindi

pagkakaintindihan sa gitna ng dalawang partidong naglalaban. Hindi pinapahintulot ng Islam ang pananakot, ang pagpapahirap, ang pagputol (ng bangkay) o ang patayin sa gutom (ang mga bihag). Tunay, ang pagpapakain sa kanila ay isang kabutihan, at ang gantimpala nito ay mula sa Allah.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At sila ay nagbibigay ng pagkain sa mahirap, sa ulila at sa nabihag dahilan sa pagmamahal sa Kanya (Allah). (Na nagsasabi): Katotohanan, ang hangad lamang namin sa pagpapakain sa inyo ay upang makamit ang Mukha (kasiyahan) ng Allah. Hindi kami naghahangad ng anumang gantimpala na manggagaling sa inyo, gayundin ng pasasalamat mula sa inyo}. (Qur'an 76:08-09)**

Ang pinuno sa Islam ay naglalaan ng pagkakataon upang ganap na mapalaya ang mga bihag ng digmaan nang walang katubusan, o ang magbigay ng kasunduan sa kanilang pagtubos, o kaya sila ay pakakawalan bilang kapalit ng mga Muslim na bilanggo sa digmaan. Ito ay batay sa isang Talata ng Banal na Qur'an.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Kaya't kapag inyong makaharap ang mga nagsitakwil ng pananampalataya, tigpasin ninyo ang (kanilang) mga leeg hanggang sa kapag ang karamihan sa kanila ay inyo nang napatay o nasugatan, magkagayon, sila (na inyong mga kaaway) ay inyong igapos nang mahigpit. At pagkatapos niyaon, maski alin sa (dalawa), pagpaparaya (palayain sila nang walang tubos), o ipatubos (ayon sa kapakinabangan ng Islam), hanggang sa mailapag ng digmaan ang mga pasanin nito. Sa ganito (nagaganap ang pangyayari), nguni't kung ninais lamang ng Allah ay magagawa Niyang lupigin silang (lahat, kahit na wala kayo), datapuwa't (ginawa Niya ito) upang subukan ang ilan sa inyo sa pamamagitan ng iba. Samantala, sila na mga nasawi sa Landas ng Allah, kailanman ay hindi Niya hahayaan na ang kanilang mga gawa ay mawalan ng saysay}. (Qur'an 47:04)**

At sa mga natalo na di-Muslim na naninirahan sa mga bansang nakubkob, mula sa lipon ng mga Angkan ng Kasulatan na katulad ng mga Kristiyano at mga Hudyo, ay pinakitunguhan ng may paggalang. Ang kanilang kalinisang-budhi, dignidad at karangalan ay napanatili. Ang kanilang kayaman at ari-arian ay napangalagaan mula sa pananalakay at sa walang katarungang pagnanakaw. Sila at ang kanilang mga kababaihan ay hindi naligalig at hindi hinamak sa anumang paraan. Ang kanilang tahanan at pamamahay ng kanilang mga pamilya ay iniwang walang sira. Sa kabuuan sila ay pinakitunguhan ng maganda at makatarungan. Ang kanilang orihinal na paniniwala ay iginalang at pinarangalan. Kung pinili nilang manatili sa kanilang paniniwala, sila ay nararapat na gumalang at sumunod sa Islamikong alituntunin at Relihiyon. Panatilihin ang pagsunod sa kabutihan, kaligtasan at ang patakaran para sa lahat ng may pagkapantay-pantay sa batas. Ito ay batay sa maraming talata at katuruan na nasasaad sa Banal na Qur'an.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Sila na kung Aming pagkalooban ng kapangyarihan sa kalupaan, sila ay nagsasagawa ng Salah (pagdarasal), at nagbibigay ng Zakah (katungkulang kawanggawa) at nag-uutos sa lahat ng kabutihan at nagbabawal sa lahat ng kasamaan. At sa Allah ang kahihinatnan ng lahat ng mga pangyayari}. (Qur'an 22:41)**

Isa sa mga mabuting katibayan na naglalarawan sa mga katuruang ito ay ang halimbawang ginawa ni Umar bin Al-Khattab, ang pangalawang Khalifah (Namuno bilang kahalili ng Propeta ﷺ) ng Islamikong Estado, (at ang sumakop sa Imperyo ng mga Romano at Persiya) sa mga naninirahan sa Herusalem, 'Aelia' nang pumasok dito bilang matagumpay.

Sinabi ni At-Tabari nang siya ay sumulat sa kanila ng ganito: **"Ako ay nagsisimula sa Ngalan ng Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain. Ito ay ang kasunduan ng kaligtasang inaalok ng alipin ng Dakilang Allah, Umar, ang Pinuno ng mga matatapat,**

**para sa mga mamamayan ng ‘Aelia’. Siya, sa pamamagitan nito, ay ginagarantiya ang kaligtasan ng kanyang mga tao at ari-arian, ang kanilang mga simbahan at mga krus, ang mga maliliit at mga malalaking tao at ang lahat ng mga tagasunod ng Kristiyanong Relihiyon. Hindi pinapahintulot na ang kanilang mga simbahan ay hadlangan, sirain o pahinain, o ang kanilang mga krus ay pinsalain o kahit na ang kanilang mga ari-arian sa anumang paraan. Hindi sila dapat puwersahin na iwanan ang kanilang paniniwala at wala sa kanila ang maaaring saktan. Hindi pinapayagan ang mga Hudyo na makisama at mamuhay na kasama sa ‘Aelia’. Kung ang mga mamamayan ng ‘Aelia’ ay magkakaroon ng ubligasyon sa pagbayad ng Jizyah (buwis), katulad ng mga mamamayan ng Madain, nararapat na paalisin nila ang mga taga ‘Byzantine’ sa gitna nila. Kung sinuman sa mga ito ang umalis sa ‘Aelia’ ay pagkakalooban ng kaligtasan para sa mga tao at kanilang ari-arian hanggang sila ay dumating sa patutunguan. At kung sinuman ang nagpaiwan sa ‘Aelia’ ay mabibigyan din ng parehong kaligtasan, at kabahagi ang mga tao sa ‘Aelia’ sa kanilang karapatan at sa pagbayad ng Jizyah (buwis). Ito rin ay isinasagawa para sa mga mamamayan ng ‘Aelia’ at sa mga ibang tao. Kung sinuman ang gustong umalis kasama ang mga ‘Byzantine’ ay maaaring umalis at ang mga gustong bumalik sa kanilang mga mamamayan ay hindi sapilitang magbayad ng anuman hanggang sila ay makapag-ani. Ang Dakilang Allah ay saksi sa laman ng kasunduang ito, at ang Kanyang Propeta ﷺ, ang mga Khalifah (kahalili) at mga mananampalataya. Naging saksi dito sina Khalid bin Al-Walid, Amr bin Al-Aas, Abdul Rahman bin Al-Awf at Muawiyah bin Abu Sufyan.”** [Ito ay isinagawa noong ika 15-taon ng Hijri]

Tunay na walang maihahambing sa mga naisulat na kasaysayan ng mga taong ito. Kami ay naniniwala na ito ang pinakamagandang uri ng kadakilaan, katarungan at kapahintulutan mula sa kabig ng mga nanlupig laban sa mga nasakop o natalo. Karamihan sa mga nanakop

ay inaalisan ang mga nasakop ng lahat ng uri ng karapatan, kalayaan, karangalan, kasama na ang karapatan sa magandang pamumuhay. Isinasailalim sila sa paggawa o pagtatrabaho bilang alipin o ikalawang klaseng mamamayan at magsisilbi para sa kabutihan ng mga nagkubkob. Si Umar bin Al-Khattab ay maaari sana siyang magdikta ng malupit na kondisyon o takda laban sa mga nasakop nilang Kristiyano at Hudyo noong panahong iyon, subali't sinunod niya ang ipinamalas ni Propeta Muhammad ﷺ sa kanyang kabutihang loob at kadakilaan nang kanyang sakupin ang Makkah pagkaraan ng ilang taon na pakikitungo sa kanilang tusong pakikidigma sa mga taga-Madinah at ang mapait na pagmamalupit ng mga taga-Makkah sa panahon ng kanyang misyon. Ang katarungang kanyang ipinakita ay para sa marangal na layuning pagpapalaganap ng Salita ng Allah at hindi upang maglikom ng pansarili at pambansang kapakinabangan. Ang mga halimbawang ito, katulad ng iba, ay naglalarawan sa pagiging makatarungan, pagkamapagbigay at sa kagandahan ng Islam, ang banal na ipinahayag na Relihiyon ng Allah para sa pandaigdigan at makatarungang kapayapaan. Ang batas ng Allah ay nararapat ipatungkol sa lahat ng tao ng walang pagtutol o pagtatangi.

Ang mga di-Muslim na nasa ilalim ng batas Islamiko ay sapilitang magbayad ng Jizyah (buwis) sa halagang minimo bilang tanda sa halagang ipinatutupad (na bayaran) ng mga di-Muslim na naninirahan sa Islamikong Estado na malayang pinili ang pananatili sa kanilang dating pananampalataya. Ang batayan dito ay makikita sa isang Talata ng Banal na Qur'an.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Makipaglaban kayo sa mga yaong hindi naniniwala sa Allah at sa huling Araw, at hindi nagbabawal sa mga bagay na ipinagbabawal ng Allah at ng Kanyang Sugo, at hindi tumatahak sa pananampalataya ng Katotohanan (ang Islam) mula sa lipon ng mga pinagkalooban ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), hanggang sila ay magbigay ng Jizyah (buwis) ng may pagsang-ayon habang sila ay nagpapakumbaba (sa mga Batas ng Islam)}. (Qur'an 9:29)**

Ang buwis ay tatlong uri na tinatantiya batay sa salapi nang panahong iyon:

- Ang buwis na mula sa mga mayayaman at may mga kakayahang tao. Ito ay nagkakahalaga ng 48-Dirhams na pilak, kinukuha mula sa mga tao bawa't taon.
- Ang buwis na mula sa may kalagitnaang antas ng tao (Middle class people), katulad halimbawa ng mga nangangalakal at mga magsasaka. Ito ay nagkakahalaga ng 24-Dirhams na pilak, kinukuha mula sa mga tao bawa't taon.
- Ang halaga ng salapi na kinukuha mula sa mga manggagawa (may trabaho). Ito ay nagkakahalaga ng 12-Dirhams na pilak, kinukuha mula sa mga tao bawa't taon.

Ang Jizyah (buwis) ay ipinapataw sa mga di-Muslim na naninirahan sa Islamikong Estado bilang simbolo ng kanilang pagpapasakop at bilang simbolo sa pagbayad sa kanilang pangangalaga, sa kanilang dangal, kayamanan at buhay sa Islamikong pamahalaan laban sa mga kaaway mula sa labas at sa panggugulo mula sa loob at dahil sila ay hindi saklaw sa pagsisilbi sa pangmilitar. Kasama sa pangangalaga ang lahat ng karapatan at ubligasyong binabanggit at sinang-ayunan sa kontrata. Sa paghahambing, ang mga Muslim ay mayroong mga karagdagang pananagutan, kasama na dito ang pagsisilbi sa militar kung kinakailangan, at ang pagbayad ng Zakah (katungkulang kawanggawa) at iba pang uri ng Sadaqah (kusang kawanggawa).

Si Khalid bin Al-Walid isa sa mga tanyag na naging Muslim na Heneral ng digmaan, sa isang kasunduan na ginawa niya sa mga di-Muslim na naninirahan sa Islamikong Estado ay nagsabi: **"Ibinigay ko sa inyo ang aking pakikipagkasundo na tanggapin ko ang inyong buwis at bilang kapalit kayo ay pangalagaan namin laban sa lahat ng kalamangan, katulad ng aming pangangalaga sa lahat ng bagay na laban sa aming sarili. Kung kami ay nagtagumpay sa pangangalaga sa inyo kukunin namin ang buwis. Kung hindi (kami naging matagumpay),**

**magkagayon hindi kayo dapat magbayad hangga't hindi namin kayo napangangalagaan."** (Balathuri's history)

Si L. Veccia Vaglieri, sa kanyang aklat na may pamagat na: **'Ipagtanggol ang Islam'** ay nagsabi: **"Ang mga nasakop na mga tao ng mga Islamikong pamahalaan ay nabigyan ng buong kalayaan na panatilihin at pangalagaan ang kanilang pananampalataya at tradisyon sa kondisyon na ang mga taong pumili sa karapatang ito at hindi tumanggap ng Islamikong pamumuhay, ay magbabayad ng makatarungang buwis sa Islamikong pamahalaan. Ang buwis ay mas maliit kaysa sa mga ibinabayad ng mga Muslim sa kanilang pamahalaan. Ang mga di-Muslim na naninirahan sa Bansa ng mga Muslim, ay nagbabayad ng ganitong buwis bilang kapalit para sa pangkalahatang pangangalaga na iniaalok ng Islamikong pamahalaan na siya ring ibinibigay sa kanyang sariling mga mamamayan."**

Kailangang maalaala natin ang tatlong uri ng Jizyah (buwis) kung papaano kinukuwenta (naiulat sa itaas) ang para sa mga miyembrong nagtatrabaho, subali't ang mga ibang klase ng mga di-Muslim, katulad ng mga maralita, dukha, mga bata, kababaihan, mga monghe, mga pari, ang mga may kapansanan na permanente at ang mga bulag, ay hindi saklaw mula sa pagbabayad ng ganitong buwis, at ang kanilang pangangalaga, pangangailangan at pangkalahatang kapakanan ay ibinibigay ng libre mula sa Islamikong Pananalapi.

Katulad halimbawa, si Umar bin Al-Khattab ng minsan siya ay nakaupo at nakita niya ang isang matandang Hudyo na dumaan at namamalimos sa mga tao. Si Umar ay nagtanong tungkol sa kapakanan ng taong iyon at napag-alaman niya na siya ay hindi Muslim na naninirahan sa pangangalaga ng Islamikong Pamahalaan, at siya ay nagbabayad ng buwis. Si Umar ay nagsabi: **"Kami ay hindi naging makatarungan sa iyo! Kami ay nagpataw ng buwis at pinagbayad ka namin noong ikaw ay bata pa at malakas, at ngayon ay hindi namin maibigay sa iyo ang tamang panlipunang pangangalaga at kabutihan (ngayong**

**matanda ka na at baldado)?!"** Ang kinalabasan, dinala ni Umar ang tao sa kanyang sariling bahay, pinakain niya at binigyan ng wastong pananamit. At pagkaraan noon pinag-utusan niya ang Muslim na naatasang Ingat-yaman; at sinabi: **"Tingnan ang kaso ng taong ito, at ang ibang mga taong may katulad na kalagayan, at bigyan sila ng karampatang kita mula sa kaban ng Islamikong pamahalaan, pati na ang kanilang mga pamilya."**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Katotohanang ang mga Sadaqah (Zakah-katungkulang kawanggawa) ay para lamang sa mga dukha, at sa mga mahihirap, at sa mga nagtatrabaho (sa paglikom at pamamahagi) nito; at sa mga sinasanay ang kanilang puso (sa Islam); at sa pagpapalaya ng mga bihag (o alipin); at sa mga may pagkakautang; at para sa (mga nakikipaglaban sa) Landas ng Allah, at sa naglalakbay (na kinapos ng panggastos); ito ay isang katungkulan na itinalaga ng Allah. At ang Allah ay lubos na Maalam, tigib ng Karunungan}. (Qur'an 9:60)**

Si Khalid bin Al-Walid ay nagkaloob ng kasunduan sa mga di-Muslim sa Iraq, at sinulat ang mga sumusunod: **"Sinuman sa mga di-Muslim na nasa pangangalaga ng Islamikong Estado na matanda na at wala ng kakayahang maghanap-buhay o dinapuan ng permanenteng sakit o naging mahirap, sa gayong kalagayan siya ay kinakailangan bigyan ng kawanggawa mula sa kanyang sariling mga kapatid sa pananampalataya, at siya ay hindi na kailangang magbayad ng Jizyah (buwis). Silang mga ganitong uri ng tao ay dapat pagkalooban ng pangunahing pangangailangan mula sa kaban ng Islamikong Pamahalaan, pati na ang kanilang pamilya."** [Abu Yousef, Al-Kharaj, p.144]

Si Lis Lictenstadter, isang babaing Aleman na mananaliksik, sa kanyang aklat na may titulong: **'Ang Islam at ang Modernong Panahon'** ay nagsabi: **"Ang karapatang ibinigay sa mga tao sa Persia (Iran) at sa Roma o ang mga taga Kanluran, sa panahon ng pagpapalaganap ng**

**Islam, ay hindi ang pagpatay sa pamamagitan ng espada kung hindi tatanggapin ang Islam. Sa katunayan, ang panukala ay sa pagitan ng pagtanggap sa Islam bilang pamamaraan ng buhay o kaya ay ang magbayad ng buwis (bilang kapalit sa kanilang pangangalaga). Ito'y isang panukalang karapat-dapat ipagbunyi o purihin na siyang tinularan sa Inglatera (England) sa panahon ng pamumuno ni Queen Elizabeth."** [Islam and Modern Age, p. 67. Tingnan din sa: Ahmad Shalabi, Comparative Religious Studies, vol. 3, p.174]

Ang mga di-Muslim na nasa ilalim ng pamamahala ng Islamikong Estado ay binigyan ng lubos na kalayaan para sa kanilang ganap na pangangalaga at paggalang sa kanilang mga karapatan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Maaaring italaga ng Allah ang pagmamahalan sa pagitan ninyo at sa kanila na itinuturing ninyong mga kaaway. Sapagka't ang Allah ay may kapangyarihan (sa lahat ng bagay), at ang Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, Pinakamaawain. Hindi kayo pinagbabawalan ng Allah na makipag-ugnayan nang mahusay at makatarungan sa kanila na hindi nakikipaglaban sa inyo nang dahil sa relihiyon at hindi nagtataboy sa inyo mula sa inyong mga tahanan. Katotohanang minamahal ng Allah ang mga mapaggawa ng katarungan. Ang ipinagbabawal lamang sa inyo ng Allah na inyong tangkilikin bilang mga kaibigan ay sila na nakipaglaban sa inyo nang dahil sa relihiyon, at nagtaboy sa inyo mula sa inyong mga tahanan, at yaong tumulong sa pagtaboy sa inyo. At sinuman ang tumangkilik sa kanila bilang mga kaibigan, sila ang mga mapaggawa ng kamalian}. (Qur'an 60:07-09)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Sinuman ang gumawa ng hindi maganda sa isang tao (di-Muslim) sa ilalim ng pangangalaga ng Islamikong Pamahalaan o minamaliit, inaapi o inaabuso o kinukuha ang pag-aari niya na walang pahintulot, ako ay tatayo laban sa kanya sa Araw ng Paghuhukom."** (Abu Dawud at An-Nasai)

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Sinuman ang pumatay ng tao**

**sa ilalim ng pangangalaga ng Islamikong Pamahalaan, siya ay hindi makakalanghap ng bango ng Paraiso, na ang amoy nito ay maaamoy mula sa layo ng apatnapung taon."** (Al-Bukhari)

Sa kabuuan, kami ay sisipi mula sa aklat ni Ginoong Will Durant tungkol dito sa higit na pinasamang Jizyah (buwis), na sinipi niya mula sa mga 'Orientalist Welldiorant', kanyang sinabi: **"Ang mga tao ng 'Dhimmis, mga Kristiyano, Zaradishts, mga Hudyo at mga Sabiano' ay nagtamasa ng antas ng pagpaparaya sa panahon ng pamamahala ng mga Umayyad na hindi maaaring lagumin sa mga bansa ng mga Kristiyano sa panahon na ito. Sila ay malaya sa pagsasagawa nila ng kanilang mga rituwal. Napanatili nila ang kanilang mga simbahan at mga sinagoga na ang naging ubligasyon ay ang pagsusuot nila ng may espesyal na kulay at ang pagbabayad ng buwis ng bawa't tao batay sa kanilang kinita. Ang binabayad na ito ay mula sa dalawa hanggang apat na dinaryo. Ang buwis na ito ay pinapataw lamang sa mga di-Muslim na puwedeng pumunta sa digmaan. Subali't ang mga pari, kababaihan, kabataan, mga alipin, ang mga matatandang lalaki, ang mga lumpo, mga bulag at ang mga naghihikahos ay di-saklaw ng buwis. Ang mga Dhimmis ay di-saklaw para sa serbisyo ng militar. Sila din ay libre sa pagbabayad ng Zakah na may halagang 2.5% ng kanilang kinita sa loob ng isang taon at tungkulin ng pamahalaan na sila ay pangalagaan."** [History of Civilization, vol.12, p.131]



06

# ANG PAGTATAGUBILIN NG HABAG AT PAGBABAWAL SA PANANALAKAY AY ISA SA MGA PRINSIPYO NG ISLAM

Ang Banal na Relihiyon ng Islam ay isang relihiyon ng kapayapaan, habag, pagpaparaya, kabaitan at kawanggawa. Ito ay naninindigan ng matuwid laban sa lahat ng kalupitan, karahasan at sa lahat ng kasamaan upang itaguyod at pangalagaan ang katarungan at kapayapaan. Ang Allah ay hinihimok ang lahat ng mga Muslim na sumunod sa hakbang ng Sugo ng Allah ﷺ katulad ng sumusunod.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At dahil sa Habag mula sa Allah, ikaw [O Muhammad ﷺ] ay naging mahinahon sa kanila. At kung ikaw ay naging marahas at matigas ang puso, katiyakang sila ay magsisilayo sa iyong paligid, kaya't ipagpaumanhin mo sila at humingi ng kapatawaran sa Allah para sa kanila, at makipagsanggunian sa kanila tungkol sa pangyayari. At kapag ikaw ay nakapagpasiya na, ibigay mo ang iyong pagtitiwala sa Allah, katotohanan, ang Allah ay nagmamahal sa mga nagtitiwala (sa Kanya)}. (Qur'an 3:159)**

Ang Allah ay naglarawan sa misyon ni Propeta Muhammad ﷺ bilang awa sa lahat, katulad ng nasasaad sa Banal na Qur'an.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At ikaw [O Muhammad ﷺ] ay hindi Namin isinugo kundi bilang Habag para sa sangkatauhan}. (Qur'an 21:107)**

Ang Islam ay nag-uutos sa lahat ng Muslim na magpakita ng awa at kabaitan sa lahat ng mga inosente at mga dukha.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang mga mahahabagin at mababait na tao ay tatanggap ng Awa sa Maawaing Allah. Maging maawain sa mga tao dito sa lupa at Siya na nasa Kalangitan ay magkakaloob sa inyo ng Kanyang Awa."** (At-Tirmidhi)

Sa ibang pahayag, ganito ang pagkakasabi **"Ang Allah ay mahahabagin sa mga taong maawain sa mga tao. Maging mahahabagin sa mga tao dito sa mundo, at Siya na nasa Langit ay maging maawain sa inyo."** (At-Tirmidhi at Abu Dawud)

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Bilang mabait sa iba ay maganda sa lahat ng bagay, at kung ang kabaitan ay mawala, ang kalagayan ay magiging masama at lulubha."** (Muslim)

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Siya na nawalan ng pagtitimpi at kahinhinan. Sa katunayan, siya ay nawalan ng lahat ng buti."** (Muslim)

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Kung ang pagtitimpi ay idinagdag sa isang bagay, ito ay gumaganda, at kung ito ay inalis mula sa isang bagay, ito ay madaling masira."** (Muslim)

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi kay Ashaj Abdul Qais: **"Ikaw ay nagtataglay ng dalawang katangian na mahal ng Allah; habag at pagtitimpi."** (Muslim)

Karagdagan dito, ang Islam ay nag-uutos na ang habag at kabaitan ay dapat ibigay sa lahat ng tao, kahit na sa mga kaaway ng mga Muslim na nabihag sa panahon ng labanan o Jihad, dahil ipinag-uutos ito ng Propeta ﷺ.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Dapat na maging mabait at mahahabagin sa mga bihag."** (Al-Mujam Al-Kabir 'The Grand Dictionary of Hadith').

Kung ang Propeta ﷺ ay nag-utos sa mga Muslim na maging mabait para sa mga masasamang kalaban na umaaway sa kanila, magkaganoon,

nararapat na mas maganda ang pakikitungo sa mga tahimik at mapayapang tao. Hindi dapat na pumatay sa mga walang katarungan katulad ng nasasaad sa Banal na Qur'an.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At huwag ninyong patayin ang isang kaluluwa na ipinagbabawal ng Allah, maliban sa makatarungang paraan. At sinuman ang napatay sa paraang di-makatarungan, katotohanang Aming binigyan ang kanyang tagapagmana ng karapatang gumanti (ayon sa legal na paraan), datapuwa't huwag siyang magmalabis sa pagpatay. Katotohanan, siya ay tutulungan (ng ayon sa batas ng Islam)}. (Qur'an 17:33)**

Marami pang ganitong paksa na ilalahad sa ibaba, nguni't bigyan natin ng pansin ang tungkol sa habag at kabaitan sa Islam, (hindi na babanggitin pa ang pagbabawal sa pagpatay ng tao ng walang katarungan) at hindi lamang para sa mga tao, bagkus, kasama dito pati ang lahat ng mga nilikhang may buhay.

Katulad nang ang Propeta ﷺ ay nakakita ng isang tao na binaril ang isang ibon bilang libangan lang at iniwan na lang basta hanggang mamatay.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang maliit na ibong ito ay idudulog sa Allah, ang kanyang kaso sa Araw ng Paghuhukom na magsasabi: O Panginoon ko! Pinatay ako ng taong ito ng walang layunin at hindi pinakinabangan ang aking pagkamatay."** (Ahmad at An-Nasai)

Ang Sahabi (kasamahan) na si Abdullah bin Umar ay iniulat na nadaanan niya ang mga kabataang lalaki mula sa tribo ng Quraish na nakahuli ng ibon at ginawang asintahan sa pagbaril. Sinabi niya: "Sino ang naglagay ng ibong ito upang gawing asintahan sa pagbaril? Sumpain nawa ang taong gumawa nito! Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang Allah ay isusumpa ang taong humuli ng anumang nabubuhay na nilalang at ginawang asintahan sa pagbabaril."** (Al-Bukhari at Muslim)

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nag-utos sa mga Muslim na magpakita ng

kabaitan sa lahat ng gawain, kahit na sa pagkatay ng mga hayop, sa pamamagitan ng salita sa ibaba.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang Allah ay nag-utos na dapat ay walang kapintasan sa lahat ng ginagawa. Kung papatay, dapat ay walang mali ang pagpatay. Kung kayo ay magkakatay ng hayop para sa karne, dapat gawing ganap ang pagkatay. Ihasa nang maigi ang gulok at dapat maging mabuti, mabait at mahahabagin sa hayop na inyong kakatayin. Bigyan ng lubos na kaginhawahan ang hayop na inyong kinakatay."** (Muslim)

Ang pagiging maawain at mabait sa mga hayop ay isang paraan upang makapasok sa Paraiso.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"May isang taong nanggaling sa kagubatan at siya ay lubhang nauhaw. Siya ay naghanap ng tubig at nadaanan niya ang isang balon at nakuha niyang bumaba dito upang kumuha ng tubig. Dahil wala siyang anumang bagay upang marating ang ibaba ng balon at makakuha ng tubig, gumawa ng mabuting paraan na dito'y naghirap ng ganap para maabot ang tubig, at sa huli nakuha niyang mapawi ang kanyang uhaw at umahon mula sa balon. Sa kanyang pag-ahon nakita niya ang isang aso na nakalabas ang dila dahil sa pagkauhaw. Ang tao ay nagsabi sa kanyang sarili na ang aso ay nagdurusa din sa pagka-uhaw na katulad niya. Kaya't ito ay muling bumaba sa balon at nilagyan niya ng tubig ang kanyang sapatos na kagat-kagat niya sa pagpanhik mula sa ibaba ng balon at ibinigay ito sa aso. Ang aso ay uminom at umalis. Dahil dito, nasiyahan ang Allah sa kanyang ginawa at pinatawad ng Allah ang kanyang mga nakaraang kasalanan."** (Al-Bukhari)

Isa sa mga tagapanood, na nakarinig sa salita ng Propeta ﷺ ay nagtanong: **"O Sugo ng Allah! Mabibigyan ba kami ng gantimpala sa pagiging mabuti at maawain sa mga hayop?"** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagpahayag. Siya ay nagsabi: **"Katotohanan na mayroong mga sagradong gantimpala sa pagiging mabait at maawain sa lahat ng**

**mga nilikhang nabubuhay na mayroong basa o mahalumigmig na atay."** (Al-Bukhari)

Naiulat na ang isang babae ay nararapat sa pagpaparusa at sa Poot ng Allah, at magiging isa sa mga maninirahan sa Impiyerno dahil sa kanyang pagmamalupit sa isang pusa.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang isang babae ay nanirahan sa Impiyerno dahil sa kanyang pagmamalupit sa isang pusa. Itinali niya at ikunulong ang pusa at hindi niya pinakain o hindi pinakawalan upang maghanap ng kanyang sariling pagkain sa paligid."** (Al-Bukhari at Muslim)

Ang listahan ng Propeta ﷺ sa mga kautusan niya sa mga Muslim upang maging mabait, maawain at mahahabagin ay walang katapusan. Ang mga naiulat sa itaas ay ilan lamang sa mga halimbawa. Iniulat sa ibaba ang iba pang mga halimbawa.

Habang ang Propeta ﷺ ay naglalakad at nakita niya ang isang asno na may tatu sa mukha.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Nawa'y ang sumpa ng Allah ay mapasa taong naglagay ng tatu sa mukha nitong asno."** (Muslim)

Ang Propeta ﷺ ay nag-ulat na may nadaanan siyang kamelyo na patpatin dahil sa gutom.

Kaya, ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Alalahanin at igalang ang mga kautusan ng Allah tungkol sa mga hayop na hindi nakakapagsalita sa kanilang pangangailangan. Ginagamit at sinasakyan sila kaya't dapat silang alagaan ng mabuti, at kinakatay at kinakain sila, kaya't dapat silang alagaan ng mabuti."** (Abu Dawud)

Kung ito ay ang pagiging maawain at mabait sa mga hayop at sa mga nabubuhay na ibang nilikha, papano pa sa mga taong nabubuhay, na siyang binigyan ng higit na pagtangi, karangalan at paggalang kaysa sa lahat ng ibang nilikha ng Allah? Ang Allah ay binigyan ng karangalan ang tao ng higit kaysa sa ibang nilikha at ipinagkaloob at iniisa-isa ang

Kanyang kagandahang-loob sa sangkatauhan katulad ng mababasa natin sa Qur'an.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At tunay nga na Aming pinarangalan ang mga anak ni Adam (Adan), at Amin silang ginawaran ng masasakyan sa lupain at (ipinalaot) sa karagatan, at Aming tinustusan sila ng mabubuting bagay, at Aming itinampok sila nang higit sa karamihan sa Aming mga nilikha nang labis-labis}. (Qur'an 17:70)**

Tunay na ang pagsunod sa Allah at sa patnubay na ipinahayag Niya sa Kanyang Sugo ﷺ, ang tao ay pinarangalan. Subali't sa hindi niya pagsunod siya ay nasadlak sa kapariwaraan at kasiraan ng puri sa kanyang sarili sa kahihiyan at kapoot-poot na mga gawain.

07

# ANG PANGKALAHATANG PRINSIPYO NG ISLAM – KAMPEON SA PAGTATAGUYOD NG GANAP NA KAPAYAPAAN

Upang maging makatotohanan at pangkalahatan ang kapayapaan dapat ay saklaw nito ang lahat ng makataong gawain na tumutupad sa pangangailangan ng buhay sa maayos at matuwid na paraan. Ang mga batas at turo ng Islam ay binubuo ng mga sumusunod na prinsipyo, naayon sa panuntunan ng batas at patnubay – ipinapakilala bilang halimbawa lamang – na ang lahat ng layunin ay ang pagtataguyod sa pangkalahatan at makatarungang kapayapaan.

## 01 Paggalang sa Buhay ng Tao.

Binibigyang halaga ng Islam ang lahat ng buhay ng tao, at para sa kaligtasan ng tao, pinapataw ang parusang 'Qisas' (kamatayan) para sa nagplano at sadyang pagpatay sa inosenteng kaluluwa. Ang hindi inaasahang pangyayari at di-sinasadyang pagpatay ay may ibang kaparusahan na tinatawag na 'Diyah' (salaping bayad sa dugo), na nangangahulugang may itinalagang kabuuang salapi na ibibigay sa tagapagmana ng pinatay bilang kabayaran. Ang salaping bayad sa dugo ay hindi kailanman nangangahulugan na katumbas ng nawalang buhay ng tao kundi ito ay bilang kabayaran sa pinsala at sakit na kanilang dinanas bunga ng pagkawala ng isang minamahal.

Ang 'Kaffarah' (pagbabayad puri o pagsisisi) ay tutuparin ng pumatay sa pamamagitan ng pagpapalaya ng alipin o kaya sa pag-aayuno ng dalawang buwang sunud-sunod upang pagbayaran ang kanyang kasalanan. Kung ang pumatay ay di-makasunod sa pag-aayuno, sa lehitimong katwiran, siya ay sapilitang magpakain ng animnapung

mahirap na tao ng makatwirang sapat na pagkain. Ang pagsisisi ay pagsambang gawain na kung saan ang makasalanan na naghahanap ng kapatawaran mula sa Allah, para sa kanyang di-sinasadyang kasalanang pagpatay ng tao. Lahat ng ito ay gagampanan para ipakita ang paggalang at kasagraduhan ng buhay ng tao. Ang Islam ay nag-uutos ng matinding kaparusahan sa sadyang pagpatay ng tao dahil kung ang may balak pumatay ng tao ay mauunawaan niya na siya rin ay papatayin dahil sa paghihiganti at mapaparusahan para sa kanyang kasalanan, marahil siya ay magdadalawang isip bago gawin ang pagpatay. Kung hindi mahigpit sa pagpapatupad ng paghihiganti at kaparusahan, ang mga kriminal ay magpapatuloy sa kanilang katapangan at lantarang pagsasagawa ng krimen. Ito ay katulad din sa pagpapatupad ng kaparusahang kamatayan at sa mga parusang may pananakit na tinatawag na 'Hudud' (takdang kaparusahan) sa Islam.

Ang Pangunahing kaparusahan sa Islam ay mainam at mabisang parusa dahil ito ay magandang pagpigil at lubhang kailangan bilang marangal na katwiran upang mapangalagaan at mapanatali ang kaligtasan ng buhay ng tao.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At inyong makakamit ang (mapayapang) buhay sa (batas ng) Qisas (Pagkapantay-pantay sa kaparusahan), O kayong mga may pang-unawa, baka sakaling kayo ay magkaroon ng tunay na takot (sa Allah)}. (Qur'an 2:179)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At dahil dito, ipinag-utos Namin sa mga anak ni Israel na ang sinumang pumatay ng isang tao, - nang hindi bilang legal na kabayaran, o sa paghahasik ng kasamaan sa kalupaan, - ito ay katulad ng pagpatay niya sa buong sangkatauhan, at ang sinuman ang magligtas sa buhay nito, ito ay katulad ng pagligtas niya sa buhay ng buong sangkatauhan. At katotohanang dumatal sa kanila ang Aming mga Sugo na may maliliwanag na mga katibayan, at**

**pagkaraan niyaon, ang karamihan sa kanila ay nagpatuloy pa ring lumalagpas sa mga hangganan (na itinakda ng Allah) sa kalupaan!}. (Qur'an 5:32)**

Bukod dito, ang mga kriminal na halang ang mga kaluluwa na hindi marunong magsisi ay binabalaan sa walang katapusang kaparusahan sa Impiyerno, ang pirmihang tirahan ng mga hamak at walang katapusang kaparusahan sa Kabilang Buhay na nasa ilalim ng Galit at Poot ng Allah.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At sinuman ang pumatay nang sadya sa isang mananampalataya, ang kanyang kabayaran ay ang Impiyerno, mananatili siya roon (magpakailanman), at ang poot at sumpa ng Allah ay mapasakanya at ihahanda Niya para sa kanya ang isang malaking kaparusahan}. (Qur'an 4:93)**

Si Abu Bakrah ay nag-ulat, kanyang sinabi: 'Narinig ko ang Sugo ng Allah ﷺ na nagsabi: **"Kapag ang dalawang Muslim ay nag-away (nagpang-abot) sa pamamagitan ng kanilang mga espada, silang dalawa, ang pumatay at namatay ay mapupunta sa Impiyerno."** Sinabi ko: **'O Sugo ng Allah! Tama lang para sa pumatay, nguni't papaano naman iyong napatay?'** Sumagot ang Sugo ng Allah ﷺ: **"Katotohanan na siya rin ay may layuning patayin ang kanyang kasama."** (Al-Bukhari)

Walang pasubali na kung tapat ang pagsisisi ng isang tao, magkagayon ang Awa at Kapatawaran ng Allah ay para sa lahat ng makasalanan.

## 02 Pagkapantay-pantay sa Katayuan ng mga Tao.

Ang lahat ng tao ay likas na magkakapantay-pantay at ito ay tumutukoy sa kapwa lalaki at babae na magkatulad. Nang ang Allah ay nilikha ang unang tao, si Adam (Adan) -- ang ating dakilang ama at ama ng buong sangkatauhan – nilikha din Niya ang ating ina na si Hawa (Eba). Kaya't ang sangkatauhan ay pangunahing binubuo ng isang pamilya at isang

lahi mula sa marangal na mag-asawa. Mula noon, ang mga nilalang ay nakikilala sa kanilang pananampalataya at pagkamasunurin o sa kanilang kawalan ng pananampalataya at di-pagkamasunurin.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:**{O Sangkatauhan! Matakot kayo sa inyong Panginoon na Siyang lumikha sa inyo mula sa isang kaluluwa [si Adam (Adan)], at mula sa kanya ay nilikha Niya ang kanyang asawa [si Hawa (Eba)], at mula sa kanilang dalawa ay pinalitaw Niya ang maraming lalaki at babae; at matakot kayo sa Allah na sa pamamagitan Niya, kayo ay humihingi sa isa't isa (ng inyong mga karapatan o napagkakasunduan), at (katakutan ninyo ang Allah na inyong maputol) ang ugnayan ng pagkakamag-anak; katotohanan, ang Allah ay Lagi nang Nagmamasid sa inyo}. (Qur'an 4:01)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang lahat ng tao ay mga anak ni Adam (Adan) at si Adam ay nilikha mula sa alabok."** (Ahmad)

Yamang ang alabok ay iba't iba ang kulay at katangian, ang tao rin ay umunlad tungo sa iba't ibang kulay at mga katangian.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Pinaginhawa kayo ng Allah mula sa hirap ng kamangmangan na may pagmamalaki sa mga ama at sa mga ninuno. Kayong lahat ay mula kay Adam (Adan), at si Adam ay nagmula sa alabok. Walang pagkakaiba sa pagitan ng Arabo at hindi Arabo, o sa pagitan ng itim na tao at pulang tao maliban sa kabanalan."** (Abu Dawud)

Sa pasimula, ang lahat ng tao ay naniwala sa pangkaraniwang pananampalataya sa Kaisahan [ng Allah] sa Islam na ipinahayag kay Adam (Adan), at sinalita ang parehong karaniwang lengguwahe.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At ang sangkatauhan noon ay hindi nilikha maliban sa iisang pamayanan, datapuwa't sila ay nagkahidwa-hidwa (pagkaraan ng maraming panahon). At kung hindi lamang sa Salita na nagmula sa iyong Panginoon noong una pa, katiyakang napagpasiyahan na sana**

**sa pagitan nila ang mga bagay na kanilang pinagkakahidwaan}. (Qur'an 10:19)**

Bunga nito, ang tao ay nagsimulang magkaroon ng hindi pagkakasundo at ang mga dahilan ng kanilang hindi pagkakaunawaan ay: ang pagdami ng kanilang mga bilang, mga paglalakbay sa iba't ibang panig ng mundo, ang pagkakaibang kulay at ibang mga katangian ng mga grupong umuunlad sa paglipas ng panahon sa pamamagitan ng kapaligirang nakakapagbigay-sigla at iba pa, ang pag-unlad ng mga wika at mga salitang diyalekto at marami pang ibang dahilan.

Dahil sa iginagalang ng Islam ang bawa't nilalang na hindi isinasaalang-alang ang lahi, kulay, salita, panuntunan, pananampalataya, o sariling bansa na may pagkapantay-pantay na pakikitungo sa lahat ng tao, ang lahat ng mga nilalang ay pantay-pantay sa harap ng mga Batas ng Allah.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{O Sangkatauhan! Katotohanang Aming nilikha kayo sa isang pares ng lalaki at babae, at Aming ginawa kayong magkaibang mga bansa at mga tribu, upang inyong mangakilala ang isa't isa. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa Allah ay yaong may tunay na takot sa inyo. Katotohanang ang Allah ay Ganap na Nakakaalam, Lubos na Nakababatid}. (Qur'an 49:13)**

At sa isang mapananaligang Hadith (salaysay), nabasa natin na si Aishah ay nag-ulat, siya ay nagsabi: **"Ang mga Quraish ay higit na nabahala sa kaso ng babaing Makhzumiyah na nakagawa ng pagnanakaw at nag-isip kung sino ang mamamagitan para sa kanya sa Sugo ng Allah ﷺ."** Ang iba ay nagsabi na si Usamah bin Zaid ay kanyang pinakamamahal at maaaring maglakas-loob na gawin ito. Kaya't si Usamah ay nakipag-usap sa Sugo ng Allah ﷺ tungkol sa bagay na iyon, at ang Propeta ﷺ ay nagsabi sa kanya: **"Ikaw ba ay mamamagitan kapag ang isa sa mga alituntuning may kaparusahan na ipinag-utos ng Allah ay nalabag?"** At siya ay tumayo at nagsalita para sa mga tao at sinabing: **"Ang mga taong nauna sa inyo ay nangapinsala dahil kapag**

**ang may impluwensiyang tao na kabilang sa lipon nila ay nakagawa ng kasalanang pagnanakaw, pinapalaya nila na hindi nilalapatan ng kaparusahan, nguni't kapag ang isang mahinang tao na kabilang sa lipon nila ay nakagawa ng kasalanang pagnanakaw, iginagawad kaagad ang pangunahing kaparusahan sa kanya. Sa Ngalan ng Allah, kung si Fatimah, ang anak ni Muhammad ﷺ, ay nakagawa ng kasalanang pagnanakaw (na ang halaga ay sakop ng pangunahing kaparusahan), puputulin ko ang kanyang kamay!"** (Al-Bukhari at Muslim)

Ang lahat ng mga nilalang ay pantay-pantay batay sa saligang kalayaan at mga pananagutan. Si Umar bin Al-Khattab ay nagsalita ng maliwanag tungkol dito noong halos labing-apat na siglo na ang nakakaraan nang ipahayag niya sa nagkasalang Muslim na naging palalo sa isang di-Muslim: **"Inalipin mo ba ang ibang tao na nagsilang sa kanila sa pamamagitan ng kanilang mga ina ng walang bayad?"** Samakatuwid, bawa't nilalang, sa mata ng Islam, ay may karapatan sa mga sumusunod na uri ng kalayaan, na iniulat sa maiksing halimbawa katulad ng mga sumusunod:

- **Kalayaan sa pag-iisip at kuro-kuro.**

Ang Propeta ﷺ ay nag-utos sa mga Muslim na magsabi ng katotohanan, magpahayag ng tapat na kuro-kuro, at magpigil sa sarili mula sa pananakot ng iba, katulad ng iniulat.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi:

**"Ang taong nakakaalam sa katotohanan at hindi niya ipinahayag, siya ay isang piping demonyo."** (At-Tirmidhi)

- **Kalayaang marating at makinabang sa mga yaman, mga mineral, at sa mga likas na kayamanan ng mundo.**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Siya (Allah) ang gumawa para sa inyo ng kalupaan na sunud-sunuran, kaya't inyong tahakin ang mga landas nito at inyong tamasahin ang Kanyang biyaya. At sa Kanya ang (inyong) Muling Pagkabuhay}. (Qur'an 67:15)**

- **Kalayaang makamtan ang makapagtrabaho at kumita ng naayon sa batas at magkaroon ng pag-aari.** Pinapasigla ng Islam ang lahat para magtrabaho sa kapaki-pakinabang na kalakalan at magkaroon ng kalayaang gamitin ang pagkakataon upang kumita ng legal. Katulad halimbawa sa pagmamana.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Sa mga kalalakihan (na mga anak at malalapit na kamag-anak) ay mayroong natatanging bahagi (na matatanggap) sa anumang naiwan (na kayamanan) ng mga magulang at malalapit na kamag-anak (kapag sila ay yumao na), at sa mga kababaihan (na mga anak) ay mayroon ding natatanging bahagi sa anumang naiwan (na kayamanan) ng mga magulang at malalapit na kamag-anak, maging ito (ang ari-arian) ay kaunti o marami, (ito ay) isang nalalaan na bahagi (mula sa Allah)}. (Qur'an 4:07)**

- **Kalayaan sa pag-aaral at pagtuturo. Itinataguyod ng Islam ang kalayaan sa pag-aaral ng bawa't miyembro ng lipunan.**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi:**"Ang pagsasaliksik ng karunungan ay sapilitang tungkulin ng bawa't Muslim."** (Al-Baihaqi)

Sa katunayan, tinaguri ng Islam na ang gawaing pagsasarili ng mga pangunahing kinakailangan at kaalaman pang-Islam, ang pagtago nito sa iba, at hindi pagbahagi sa kanila, ay ang gawaing hindi mapapatawad na ang gumawa nito ay siyang tatanggap sa Poot at Parusa ng Allah.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi:**"Ang taong marunong na hinilingang ibahagi ang kanyang kaalaman sa iba, nguni't tumanggi ito at itinago ang karunungan, siya ay lalagyan ng guwarnasyon na apoy sa Araw ng Paghuhukom."** (Abu Dawud at At-Tirmidhi)

- **Kalayaan sa paggamit ng karapatan upang magkaroon ng tungkulin sa lipunan, kung siya ay mayroong nararapat na mga katangian.** Talino at kakayahan ang pangunahing batayan sa

paghawak ng tungkuling pamumuno sa Islamikong lipunan, katulad halimbawa ng walang pagkiling sa kulay at lahi.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Kung ang isang tao ay naitalaga para sa kapakanan ng mga Muslim, pagkatapos ay magtalaga siya ng isang tao ng may pagtatangi na hindi isinaalang-alang ang kanyang mga katangian, nararapat lang sa kanya ang Galit at Sumpa ng Allah. Ang Allah ay hindi tatanggap ng anumang kanyang mga gawain at ang ganyang tao ay mapupunta sa Impiyerno."** (Al-Hakim)

Marami pang mga kalayaan na ginagarantiyahan sa sistema ng Islam, ang mga nabanggit sa itaas ay ilan sa mga halimbawa.

Ang kalayaan ay salitang kalimitang mali ang paggamit, dahil sa ang tunay na kalayaan ay hindi makakamtan kung ang isang tao ay alipin ng kanyang masidhing mga pangangailangan – o alipin ng mga pangangailangan ng iba – at naghahanap para isakatuparan ang mga ito sa pamamagitan ng masama at labag sa batas na paraan. Ang tao ay naakit dito sa maling kalayaan sa pag-aakit ni Iblis (Satanas), ang tahasang kaaway ng lahat ng nilalang, na dahil sa kanyang matinding pagseselos ay kinasuklaman ang lahi ng tao at ibinigay niya ang kanyang pangakong sumpa sa Allah na siya ay maghihintay kasama ang kanyang mga alagad upang manalakay sa pamamagitan ng kanilang mga sandata kahit kailan at kahit saan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{O Angkan ni Adam (Adan)! Huwag ninyong hayaan na kayo ay tuksuin (o linlangin) ni Shaitan (Satanas), katulad ng pamamaraang ginawa niyang pagpapalayas sa inyong mga magulang (Adan at Eba) mula sa Paraiso, hinubaran sila ng kanilang mga saplot upang mailantad ang kanilang kahihiyan. Tunay nga na siya (Shaitan) ay nakakikita sa inyo, siya at ang kanyang mga kalahi, samantalang kayo ay hindi nakakikita sa kanila. Katotohanan, Aming ginawa ang mga demonyo bilang mga kapanalig (o kaibigan) ng mga di-naniniwala}. (Qur'an 7:27)**

## 03 Ang Mananatiling Relihiyon ng Allah Para sa Lahat ng Tao.

Bilang pandaigdig at walang hanggang Relihiyon ng Allah (ang Islam) para sa lahat ng tao, ang layunin ng Islam ay alisin ang lahat ng anyo ng pagiging matapat sa isang grupo, matapat o deboto sa isang bansa, ang paniniwalang may nakatataas na lahi at ang diwa ng pagkapangkat-pangkat tungo sa pagkakasalungatan. Ang Islam ay ang Relihiyon ng Allah na itinuro sa lahat ng tao na ang Kaisahan ng Allah (monotheism) ay ang pinakadiwa nito. Katulad din ng pangunahing mensahe na ibinigay mula kay Adam (Adan) hanggang sa huling Sugo na si Muhammad ﷺ.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Siya ay nagtakda sa inyo ng gayon ding pananalig na Kanyang ipinag-utos kay Nuh (Noah), at gayundin ang Aming ipinahayag sa iyo [O Muhammad ﷺ], at gayundin ang Aming ipinahayag kay Ibrahim (Abraham), Musa (Moises) at `Isa (Hesus); na inyong itaguyod ang Relihiyon, at huwag kayong magkahiwa-hiwalay dito. Sadyang naging malaking pabigat sa mga Mushrik (nang-iidolo) ang anumang ipinangangaral mo sa kanila. Ang Allah ang Siyang pumipili nito sa sinumang Kanyang naisin at namamatnubay sa sinumang nagbabalik-loob sa Kanya}. (Qur'an 42:13)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Katotohanang Aming ipinahayag sa iyo [O Muhammad ﷺ] ang katulad ng Aming ipinahayag kay Nuh (Noah) at sa mga Propeta na sumunod sa kanya. At Amin (ding) ipinahayag ito kay Ibrahim (Abraham), Ismail (Ismael), Ishaq (Isaac), Ya`qub (Hakob), at Al-Asbat (ang labingdalawang anak ni Hakob), kay `Isa (Hesus), Ayyub (Job), Yunus (Jonas), Haron (Aaron), at Sulaiman (Solomon), at Aming ipinagkaloob kay Dawud (David) ang Zabur (Salmo). At sa ibang mga Sugo na Aming binanggit sa iyo noong una at sa mga Sugo na hindi Namin nabanggit sa iyo (ang kanilang mga kasaysayan), at ang Allah ay tuwirang**

**nakipag-usap kay Musa (Moises). Mga Sugo na naghahatid ng magandang balita at nagbibigay babala upang ang sangkatauhan ay wala nang maipangatwiran pa laban sa Allah, matapos na ipadala ang mga Sugo. At ang Allah ay Sukdol sa Kapangyarihan, Tigib ng Karunungan}. (Qur'an 4:163-165)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At yaon (ang pagsikat at paglubog ng bituin, buwan at araw) ang Aming katibayan na ipinagkaloob kay Ibrahim (Abraham) laban sa kanyang pamayanan. Aming itinataas ang mga antas ng sinuman na Aming maibigan. Katotohanan, ang iyong Panginoon ay Tigib ng Karunungan, Ganap na Maalam. At Aming iginawad sa kanya si Ishaq (Isaak) at Ya`qub (Hakob), ang bawa't isa sa kanila ay Aming pinatnubayan, at si Nuh (Noah) ay Aming pinatnubayan noong una pa, at ang kanyang mga supling na sina Dawud (David), Sulaiman (Solomon), Ayyub (Hob), Yusuf (Hosep), Musa (Moises) at Haron (Aaron). Sa ganito Namin ginagantimpalaan ang mga Muhsinun (mapaggawa ng kabutihan). At si Zakariyya (Zakarias), at si Yahya (Juan), at si `Isa (Hesus), at si Ilyas (Elias), silang lahat ay nasa lipon ng mga matutuwid}. (Qur'an 6:83-85)**

Ang Panginoon na Tagapanustos sa tao, ang Allah ay isinugo silang lahat na may magkatulad na mensahe.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{…O aking mamamayan! Sambahin ninyo ang Allah! Wala kayong ibang Diyos maliban sa Kanya...}. (Qur'an 11:50)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Sabihin ninyo: Kami ay naniwala sa Allah at sa anumang (kapahayagan na) ibinaba sa amin, at sa anumang ibinaba kay Ibrahim (Abraham), Ismail (Ismael), Ishaq (Isaak), Ya`qub (Hakob) at sa Al-Asbat (ang labindalawang anak ni Hakob), at sa anumang ipinagkaloob kay Musa (Moises) at `Isa (Hesus), at sa anumang ipinagkaloob sa mga Propeta mula sa kanilang Panginoon. Kami**

**ay hindi nagbibigay ng pagtatangi sa isa't isa sa kanila, at sa Kanya (Allah) lamang kami sumusuko bilang mga Muslim}. (Qur'an 2:136)**

Dahil dito, bawa't Muslim ay inuubligahan ng pananampalataya at pananalig: na maniwala sa lahat ng mga Propeta at mga Sugo; na maniwala sa mga Banal na Aklat at Kasulatan na ipinahayag ng Allah sa mga naunang mga tao; na maniwala sa Kapatiran ng mga naunang tagasunod ng Aklat na tumanggap sa misyon ni Muhammad ﷺ. Ang Mensahe ng Islam na dinala ni Muhammad ﷺ ay ang kahuli-hulihang Banal na Mensahe para sa sangkatauhan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa inyong mga kalalakihan, datapuwa't siya ay ang Sugo ng Allah at sagka (panghuli) sa (lahat ng) mga Propeta; at ang Allah ang may ganap na Kaalaman sa lahat ng bagay}. (Qur'an 33:40)**

Katulad nito, ang kahuli-hulihang Banal na Mensahe ng Islam na ipinahayag sa Propeta Muhammad ﷺ ay pinawalang bisa ang mga naunang mga mensahe. Ang pagpapawalang bisa ay hindi pagtanggi o pagkaila sa mga naunang mga mensahe, subali't wala ng kabuluhan ang mga ito. Magkagayon, ang Islam lamang ang Relihiyon na tatanggapin ng Allah.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At sinuman ang maghangad ng iba pang relihiyon maliban sa Islam, ito ay hindi kailanman tatanggapin sa kanya, at sa huling Araw, siya ay mapapabilang sa mga talunan}. (Qur'an 3:85)**

Hinihimok ng Islam ang mga tagasunod ng mga naunang Banal na Mensahe na maniwala sa Mensahe ng Islam, na ipinahayag kay Muhammad ﷺ.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Kaya't kung sila ay manampalataya ng katulad ng inyong pananampalataya dito, katotohanang sila ay mapapatnubayan.**

**Datapuwa't kung sila ay tumalikod, katotohanang sila ay masasadlak sa malalim na pagkakasalungatan dito. Kaya't sapat na ang Allah sa iyo laban sa kanila. Sapagka't Siya ang Lubos na Nakakarinig, ang ganap na Nakakaalam}. (Qur'an 2:137)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Katotohanan, sila (mga Hudyo at Kristiyano) na nagsisitakwil sa Allah at sa Kanyang mga Sugo at nagnanais gumawa ng pagtatangi-tangi sa pagitan ng Allah at ng Kanyang mga Sugo, at sila ay nagsasabi: Kami ay naniniwala sa ilan (sa mga Sugo), at nagtatakwil sa iba (sa kanila), sapagka't nais nilang magpatibay ng isang daan sa pagitan niyaon (pagitan ng paniniwala at di-paniniwala). Sila ay mga tunay na hindi nananampalataya, datapuwa't Kami ay naglaan sa mga hindi sumasampalataya ng isang kaaba-abang kaparusahan}. (Qur'an 4:150-151)**

Lahat ng uri ng di-pananampalataya ay walang pasubali at katiyakang hindi tatanggapin ng Allah.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Katotohanang sila na nagbaha-bahagi ng kanilang pananampalataya at naging maraming sekta, ikaw [O Muhammad ﷺ] ay walang anumang kaugnayan sa kanila kahit na katiting, katotohanang ang kanilang kapakanan ay nasa Allah lamang, at pagkatapos ay sasabihin Niya sa kanila ang lahat ng kanilang ginawa. Ang sinumang magdala (gumawa) ng mabuting gawa ay mapapasakanya ang sampung ulit na (gantimpala na) katumbas nito, at sinuman ang magdala (gumawa) ng masamang gawa, siya ay hindi gagantihan maliban sa (isang kaparusahan na) katumbas nito, at sila ay hindi pakikitunguhan ng di-makatarungan. Sabihin [O Muhammad ﷺ]: Katotohanang ako ay pinatnubayan ng aking Panginoon tungo sa Matuwid na Landas, isang matuwid na pananampalataya, ang pananampalataya ni Ibrahim (Abraham) na Hanifa (tuwirang sumasamba sa Allah lamang), at siya ay hindi napabilang sa mga**

**Mushrikun (nang-iidolo). Sabihin [O Muhammad ﷺ]: Katotohanan, ang aking Salah (pagdarasal), ang aking pagsasakripisyo, ang aking buhay at kamatayan ay para sa Allah lamang, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang. Siya ay walang katambal (sa pagsamba sa Kanya). at sa bagay na ito, ako ay napag-utusan, at ako ang una sa mga nagsipagsuko ng kanilang kalooban (sa Allah) bilang Muslim}. (Qur'an 6:159-163)**

Pinapasigla din ng Islam ang lahat ng kanyang mga tagasunod na igalang ang damdamin ng mga di-sumasampalataya sa kanilang Relihiyon at ipagbawal ang nakakasakit na pananalita laban sa mga taong di-umaayon sa mga Muslim sa paniniwala katulad ng ipinag-utos ng Allah.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At huwag ninyong insultuhin yaong (mga diyus-diyusan na) kanilang sinasamba bukod pa sa Allah, at kanilang iinsultuhin din ang Allah sa kalapastanganan dahilan sa kawalan ng kaalaman. Sa gayon Namin ginawa na kaaya-aya sa bawa't pamayanan (tao) ang kanilang gawain; at pagkatapos, sa kanilang Panginoon ang kanilang hantungan, at sasabihin Niya sa kanila ang lahat ng kanilang ginawa}. (Qur'an 6:108)**

Samakatuwid, ang Islam ay nag-uutos sa mga Muslim na anyayahan ang mga di-Muslim tungo sa pananampalataya sa pagpapakita ng kagandahan ng mga alituntunin, sa pagpatnubay ng may kaakit-akit na halimbawa at kaasalan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At sabihin mo: Ang Katotohanan ay mula sa inyong Panginoon (lamang). Kaya't sinuman ang magnais (na sumampalataya), hayaan siyang manampalataya, at sinuman ang magnais (na di sumampalataya), hayaan siyang hindi manampalataya. Katotohanang Aming inihanda sa mga mapaggawa ng kasalanan ang Apoy na nakapalibot sa kanila ang nagliliyab na mga dingding nito. At kung sila ay hihingi ng inumin, sila ay bibigyan ng tubig na tulad**

**ng kumukulong tanso na iihaw sa (kanilang) mga mukha. Kakila-kilabot na inumin at napakasamang pahingahan!}. (Qur'an 18:29)**

Ipinahayag ng Islam na ang katarungan ay ipamahagi din pati na sa mga di-mananampalataya.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Kaya't sa kaukulang ito, iyong anyayahan (ang sangkatauhan), at ikaw ay magpakatatag ayon sa ipinag-utos sa iyo, at huwag mong sundin ang kanilang mga kagustuhan. Bagkus ikaw ay magsabi: Ako ay naniniwala sa Aklat na ibinaba ng Allah, at ako ay pinag-utusan na igawad ang katarungan sa pagitan ninyo. Ang Allah ang aming Panginoon at inyong Panginoon. Sa amin ang (pananagutan ng) aming mga gawa at sa inyo ang (pananagutan ng) inyong mga gawa. Walang pagtatalo sa pagitan natin. Ang Allah ang magtitipon sa ating (lahat) at sa Kanya ang (ating) Huling Hantungan}. (Qur'an 42:15)**

Ang Islam ay nagbigay ng ganap na kalayaan sa mga tao upang pumili sa tawag ng pananampalataya. Maaari nilang tanggapin o tanggihan ang anumang pananampalataya o paniniwala. Ibinigay ng Islam ang kalayaan sa mga Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano) na panatilihin ang kanilang pananampalataya at mga tradisyon. Ipinagbawal ng Islam ang pagsira sa mga simbahan at mga sinagoga at ipinagbawal din ng Islam ang pagsira sa krus ng mga Kristiyano.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi tungkol sa mga tao ng mga naunang Kasulatan: **"Iwanan ninyo silang mapag-isa sa taguri (tawag) ng pananampalataya."** (At-Tabari)

Binigyan ng Islam ang mga tao ng mga naunang Kasulatan ng kanilang mga karapatan na nakasulat sa kanilang batas, at sila ay maaaring kumain, uminom at magsuot kung ano ang ipinapahintulot ng kanilang Relihiyon. Ang Islam ay nagbigay din ng karapatan sa mga tao ng mga naunang Kasulatan na gawin ang mga tradisyon ng kanilang Relihiyon katulad ng pagpapakasal, pag-aasawa, paghihiwalay at sa mga iba pang may kinalaman sa kanilang pag-uugnayan.

Bilang pagbibigay ng praktikal na halimbawa, si Umar bin Al-Khattab ang pangalawang Khalifah (Namuno bilang kahalili ng Propeta ﷺ), ay ipinakita ang mga panukalang ito ng dumating siya sa simbahang 'Resurrection Church' sa Herusalem, at nang ang oras ng pagdarasal ng mga Muslim ay dumating, lumabas si Umar sa simbahan at nag-alay ng dasal sa labas ng simbahan at sinabi niya sa pari ng simbahan: **"Kung ako ay nag-alay ng dasal sa loob ng simbahan, maaaring angkinin ng ibang Muslim sa hinaharap na si Umar ay nag-alay ng kanyang dasal sa may simbahan at gagamitin nila itong dahilan upang wasakin ang simbahan at magpatayo ng Masjid (Mosque)."** [Ibinalita mula sa Kasaysayan nina Imam Ibn Jarir at At-Tabari]

Pagkakatulad nito, si Umar ay nag-alok ng mga sumusunod na pangako ng pagtitiwala: **"Ito ay pangako ng katiwasayan na inihandog ni Umar bin Al-Khattab, ang Pinuno ng mga mananampalataya, sa mga nakatira sa Ilea, tungo sa tawag ng Kapayapaan. Ibinigay ni Umar ang kanyang pangako ng pagkakaroon ng katiwasayan at kapayapaan para sa kanilang buhay, kayamanan, simbahan, mga krus at lahat ng kanilang mga sekta. Ang kanilang mga simbahan ay hindi dapat sakupin, wasakin, paliitin sa sukat, o limitahan ang pagmamay-ari ng mga Kristiyano na nakapalibot sa mga simbahan. Ang mga krus ay hindi dapat pakialaman. Ang kayamanan ng mga Kristiyano ay hindi dapat panghimasukan o angkinin ng labag sa batas, at ang mga Kristiyano ay hindi nararapat pilitin o puwersahin ng laban sa kanilang kalooban (halimbawa, ang tanggapin ang Islam)."** [Ibinalita mula sa Kasaysayan nina Imam Ibn Jarir at At-Tabari]

## 04 Ang Pampasigla ng Mabungang Pakikipagtulungan sa Pagitan ng Mga Muslim, Hudyo at Mga Kristiyano.

Ang pakikipagtulungan ay batay sa pagdadamayan at paggalang ng bawa't isa, at dapat bihasa kung papaano magserbisyo sa pinakamahusay na paraan para sa pamayanan at madlang tao.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{…Magtulungan kayo sa isa't isa sa kabutihan at kabanalan, datapuwa't huwag kayong magtulungan sa kabawalan at pagsuway. At matakot kayo sa Allah! Katotohanan, ang Allah ay mahigpit sa pagpaparusa}. (Qur'an 5:02)**

Pinagpayuhan ng Islam ang lahat ng kanyang tagasunod ang magkaroon ng makabuluhan at matapat na salitaan o diyalogo sa mga taong di-umaayon sa kanilang Relihiyon.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At huwag kayong makipagtalo sa Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) maliban lamang kung sa pinakamabuting paraan, puwera na lamang sa mga gumagawa ng kamalian sa lipon nila; at inyong sabihin (sa kanila): Kami ay naniniwala sa (Kapahayagan na) ibinaba sa amin at ibinaba sa inyo; ang aming Diyos at ang inyong Diyos ay iisa lamang; at kami ay sa Kanya lamang sumusuko at tumatalima bilang mga Muslim}. (Qur'an 29:46)**

Sa katunayan, ang daan ng Islam tungo sa pag-anyaya sa mga tao mula sa ibang pananampalataya ay nakakabuti at may layon sa pakikipag-ugnayan na magdadala sa mga tao ng sama-sama sa Salita ng Allah at sa Kanyang Banal na Mensahe at mga Katuruan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Sabihin [O Muhammad ﷺ]: O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano): Halina kayo sa isang salita na sadyang makatarungan sa pagitan namin at ninyo, na wala tayong dapat sambahin maliban sa Allah, at huwag tayong magbigay ng anumang katambal sa Kanya, at huwag nating ituring ang ilan sa atin bilang mga panginoon (na sinasamba) bukod pa sa Allah." At kung sila ay magsitalikod, inyong sabihin (sa kanila): Kayo ay sumaksi na kami ay sumusuko at tumatalima (sa Allah) bilang mga Muslim}. (Qur'an 3:64)**

## 05 Katapatan at Kadalisayan sa Pagpapayo sa Iba.

Ang lahat ng mga Sugo ng Allah ay nagbigay ng matapat na payo sa kanilang pamayanan at ang matapat at dalisay na hangarin ang siyang kaibhan at kilalang mga katangian ng Islam.

Iniulat ni Abu Hurairah, na ang Sugo ng Allah ﷺ ay minsan nagtanong: **"Sino sa inyo ang magpapatupad ng mga sumusunod na mga salita ng kaalaman, isagawa ang mga ito, at ituro sa iba upang isagawa din ang mga ito?"** Si Abu Hurairah ay sumagot ng walang pag-aalinlangan. Dahil dito, hinawakan ng Sugo ng Allah ﷺ ang kamay ni Abu Hurairah at nagbigay ng limang sumusunod na Paalala: **1) Layuan ang lahat ng ipinagbawal na ipinahayag ng Allah, sa gayon kayo ay magiging pinakamahusay na mananampalataya sa Allah. 2) Tanggapin kung ano ang naitadhana sa inyo ng Allah, sa gayon kayo ang pinakamayaman na tao. 3) Maging mabuti sa inyong kapitbahay, sa gayon kayo ay makikilala na Mananampalataya. 4) Hangarin mo para sa ibang tao kung ano ang gusto mo para sa iyong sarili, sa gayon kayo ay makikilala na isang Muslim. 5) Bawasan ang inyong pagtawa, dahil sa sobrang pagtawa maaaring ang inyong puso ay mamatay."** (At-Tirmidhi)

Tinatawagan ng Islam ang lahat ng mga Muslim para magbigay ng makabuluhan at matapat na pagpapayo sa lahat ng tao ng walang bayad.

Ang puntong ito ay batay sa sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: **"Ang Islam ay Relihiyon ng pagpapayo."** Ang mga tao ay nagtanong: **"O Propeta ng Allah! Kanino dapat ialok o kumuha ng pagpapayo?"** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Sa Allah, sa Kanyang Aklat, sa Kanyang Propeta ﷺ, sa mga Pangulo ng mga Muslim, at sa pangkahalatang lupon ng mga Muslim."** (Muslim)

Ang pagpapaliwanag sa Hadith (salaysay) na ito ay ang mga sumusunod:

- Ang wagas at dalisay na payo mula sa Allah ay ang sambahin Siyang Nag-iisa, ng taos-puso, huwag magtambal ng kahit anuman

sa pagsamba sa Allah (ie: ang pagsamba sa mga diyus-diyusan), ang pag-aalaala sa Allah, ang pagsambit sa Kanyang Magagandang mga Katangian at Banal na mga Pangalan, ang tanggapin ng walang pasubali na ang Allah ay nag-iisa sa pamamalakad sa lahat ng kapakanan ng Kanyang mga nilikha, ang maniwala na anuman ang gugustuhin ng Allah ay mangyayari at kung anuman ang hindi Niya gusto, ito ay hinding-hindi mangyayari, at ang pagsunod sa lahat ng mga Kautusan ng Allah, at sumunod sa lahat ng Kanyang ipinagbabawal.

- Ang matapat na payo sa Aklat ng Allah ay ang pagkakaroon ng matatag na paniniwala sa Banal na Kasulatan na ipinahayag sa Kanyang Sugo, na si Muhammad ﷺ, at tanggapin ang lahat ng mga alituntunin na nakapaloob dito.
- Ang matapat na payo sa Propeta ﷺ ay ang pagsunod kung ano ang kanyang ipinag-utos, umiwas sa lahat ng kanyang mga ipinagbabawal, maniwala sa kanyang mga salita, mahalin at igalang siya, at ang pagtugon sa kanyang tawag at mga ipinapagawa, at ipalaganap ang mga ito sa mga tao.
- Ang matapat na payo sa pinuno ng mga Muslim ay ang pagsunod sa lahat ng kanilang ipinag-uutos hangga't hindi ito sumasalungat sa kautusan at batas ng Allah at ng Kanyang Propeta ﷺ, ang pagtulong sa kanila sa paggabay sa lahat ng kabutihan, hindi dapat maghimagsik laban sa kanila hangga't sumusunod sila sa Islam at sa mga alituntunin nito kasama ng buong ahensiya ng gobyerno, at ialok sa kanila ang ganap at pinakamatapat na payo sa paraang magiliw at malumanay.
- Ang matapat na payo sa pangkalahatang mga Muslim ay ang gabayan sila ng pinakamainam sa kanilang pang-Relihiyon at makamundong kapakanan, at tulungan sila na makamtan ang kanilang mga adhikain, para mahadlangan ang kahirapan laban sa kanila, at hangarin para sa kanila kung ano man ang minimithi ng isa para sa kanyang sarili, at dapat kamuhian ang nagdulot sa kanila ng kapinsalaan katulad

ng pagkapoot ng sinuman sa nagdulot ng kapinsalaan sa kanyang sariling kaluluwa.

## 06 Pagtatagubilin sa Mabuti at Pagbabawal sa Masama.

Ang mga Muslim ay napag-utusan upang ipagpatuloy ang bawa't angkop na pamamaraan sa pagtagubilin ng mabuti at ang pagbabawal sa masama, ayon sa kakayahan, karunungan, at taglay na kapangyarihan, para sa kapanatagan, kapayapaan, katahimikan at kasaganaan ng lipunan at komunidad at tutulan ang mga nang-aapi, kabulukan, at ang paglaganap ng 'Batas ng Kagubatan'.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{...Magtulungan kayo sa isa't isa sa kabutihan at kabanalan, datapuwa't huwag kayong magtulungan sa kabawalan at pagsuway. At matakot kayo sa Allah! Katotohanan, ang Allah ay mahigpit sa pagpaparusa}. (Qur'an 5:02)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Kung sinuman ang nakakita ng masama ay dapat maiwasto ito sa pamamagitan ng kanyang kamay, kung hindi niya ito maisagawa, hayaan niyang iwasto ito sa pamamagitan ng kanyang dila, kung di pa rin niya magawa, kung gayon kahit man lang sa di pagsang-ayon at kapootan niya mula sa kanyang puso."** (Muslim)

Ang Propeta ﷺ ay gumawa ng paghahalintulad sa mga gumagawa ng kamalian at pinsala sa iba sa pamamagitan ng kanilang mga kasalanan.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang halimbawa ng mga taong tumatalima sa mga hangganan ng Allah at ang mga taong hindi tumatalima ay katulad ng isang grupo ng mga tao na naglakbay sa isang bapor. Ang mga marino ng bapor ay nagpasiya na hatiin ang mga nakasasakay, ang ibang bahagi sa kanila ay sumakay sa pang-itaas na kubyerta (ng bapor) at ang ibang bahagi ay sumakay sa pang-ibabang kubyerta. Nang ang mga tao sa pang-ibabang**

**kubyerta ay gustong kumuha ng tubig sa ilog, kailangan nilang pumunta sa pang-itaas na kubyerta at humingi sa kanila. Ang mga tao sa pang-ibabang kubyerta ng bapor ay nagpasiya na butasan ang dinding/pader na bahagi ng kanilang bapor. Kung ang mga tao sa pang-itaas na kubyerta ay papayag na gawin ang kanilang plano, lahat sila ay lulubog at malulunod sa tubig. Pero kung ang mga tao sa pang-itaas na kubyerta ay pagbawalan ang mga ito sa pagbutas at sila ay takdaan, silang lahat ay maililigtas."** (Al-Bukhari)

Ang Allah ay nagbalita sa atin na ang Kanyang Poot ay nagmula sa naunang mga pamayanan dahil sa kanilang pagpapabaya sa pagtatagubilin ng mabuti at pagbabawal sa masama.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Sila ay hindi nagbabawalan sa isa't isa sa kasamaan na kanilang ginawa. Tunay na napakasama ng kanilang laging ginagawa}. (Qur'an 5:79)**

## 07 Ang mga Uri ng Pagsamba sa Islam ay Nagpapasigla sa Kapatiran at sa Pagpapahalaga sa Kapayapaan at Kalayaan.

Ang lahat ng uri ng pagsamba sa Islam ay ang likas na kalayaan sa pagtataguyod ng kapatiran at kapayapaan. Ang pagsaksi sa pananampalataya [Shahadah], ang takdang pagdarasal [Salah], ang kawanggawa [Zakah], ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan [Sawm], ang paglalakbay sa tahanan ng Allah sa Makkah [Hajj], ang pag-uutos sa mabuti at pagbabawal sa masama, ang pagpupunyagi para sa Landas ng Allah [Jihad] ay sapilitan sa lahat ng mga Muslim ng pantay-pantay kung kayang tuparin ang mga kinakailangan nang ayon sa kanilang kakayahan. Upang maging isang Muslim, ang payak na seremonya ay ang pagpapahayag at ang pagsaksi sa pananampalataya: **'Laa ilaaha illallah, Muhammadun rasoolullah'** (ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ﷺ

ay Sugo ng Allah). Sa kongregasyon na pagdarasal, ang mga Muslim ay nakahanay na nakatayo ng sunod-sunod na walang pag-uuri at pagtatangi sa pagitan nila. Itinataguyod ng Zakah (kawanggawa) ang pagiging mapagkawanggawa at pagsama-sama sa pagitan ng mayayaman at mahihirap na pangkat ng lipunan. Itinataguyod ng pag-aayuno (Sawm) ang katuparan ng mahahalagang pangangailangan ng lahat ng tao, at ang pagpigil sa masidhing makataong pagnanais. Ang Hajj (paglalakbay sa tahanan ng Allah sa Makkah) ay ang dakilang tagapagpantay (pagkakapareho ng mga tao) dahil ang lahat ay nadamitan ng simpleng puting damit sa pagganap ng pare-parehong seremonya sa paggunita kay Propeta Ibrahim (Abraham) at sa pagpuri sa sagradong mga lugar na saklaw ng Makkah. Ang pag-uutos ng mabuti at pagbabawal sa masama at ang 'Jihad' (pagpupunyagi para sa Landas ng Allah) na ang pakahulugan ay para sa pagtataguyod at pagpapanatili ng lahat ng mabuti, kaaya-aya at desente at pagsugpo sa lahat ng masama at di-magandang kaugalian.

## 08 Ang Pangangailangan ng Lahat sa Paghahanap ng Mahalagang Karunungan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Siya kaya na masunurin sa mga oras ng gabi, nagpapatirapa sa kanyang sarili at nakatayo (sa pagdarasal), nangangamba sa (kaparusahan ng) huling Araw at umaasa sa habag ng kanyang Panginoon (ay katulad ng isa na hindi nananampalataya)? Sabihin: Magkatulad ba yaong mga nakakaalam at silang mga hindi nakakaalam? Katotohanan, ang tumatanggap lamang ng paalaala ay ang mga (taong) may pang-unawa}. (Qur'an 39:09)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang paghahanap ng karunungan ay sapilitan sa bawa't Muslim (lalaki't babae)."** (At-Tirmidhi, Ibn Majah at Al-Baihaqi)

## 09 Pagkalinga at Pangangalaga sa Kapaligiran.

Ipinag-uutos ng Islam sa mga Muslim na kalingain at pangalagaan ang kapaligiran at binabalaan laban sa walang katwirang pagsira at pagsasalaula. Ang pangkalahatang alituntunin ay nasasaad sa Banal na Qur'an:

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At huwag kayong maghasik ng kasamaan sa kalupaan, pagkatapos na ito ay maitalaga sa tamang kaayusan, bagkus manalangin kayo sa Kanya ng may pangamba (sa kaparusahan) at pag-asa (sa Kanyang gantimpala). Katotohanan, ang Habag ng Allah ay laging malapit sa mga Muhsinun (mapaggawa ng kabutihan)}. (Qur'an 7:56)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At mayroong (uri ng) tao na ang kanyang pananalita sa buhay sa mundong ito ay nakakaakit sa iyo, at kanyang pinasasaksi ang Allah kung ano ang nasa loob ng kanyang puso, samantalang siya ang pinakamalupit sa mga umuusig. At kung siya ay tumalikod, siya ay nagpupunyagi sa kalupaan upang maghasik ng kasamaan dito at namiminsala ng mga pananim at mga hayupan. Datapuwa't ang Allah ay hindi nagmamahal sa katiwalian}. (Qur'an 2:204-205)**

Ang pinaka-tanging likas na kayamanan, katulad ng malinis, dalisay na tubig, hangin at masaganang lupa ay bilang pagkalinga para sa pangkalahatang kabutihan at kahalagahan. Katulad halimbawa, ang Propeta ﷺ ay nag-utos para sa pagtitipid ng tubig at pangangalaga sa pagsabi sa mga Muslim na huwag mag-aksaya ng tubig sa panahon ng paghuhugas at paglilinis (Wudu) kahit na ginagamit ang tubig mula sa ilog, at ipinagbawal niya ang paghuhugas sa mga parte ng katawan sa paglilinis (ablution) ng higit sa tatlong beses.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Sinuman ang nagparami dito (ng higit sa tatlo) ay nakagawa ng walang katarungan at pagkakamali."** (An-Nasai)

At ipinagbawal din ng Sugo ng Allah ﷺ sa mga tao na umihi sa hindi dumadaloy na tubig.

Ipinagbabawal din ng Islam sa mga tao na maglagay ng dumi o basura sa gitna ng pampublikong mga daanan, o piniling lugar na malilim ng mga tao para gamiting pahingahan at libangan.

## 10 Panlipunang Kapakanan at Pagsuporta sa mga Naulila, mga Maralita at mga Dukha.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At magbigay ng tamang sukat (o timbang) kapag kayo ay sumusukat, at magtimbang kayo sa timbangan na matuwid (walang daya). Ito ang pinakamabuti at pinakamainam na kahihinatnan}. (Qur'an 17:35)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang tagapagtaguyod ng naulila at ako ay nasa Paraiso katulad nito, at hinawakan niya ang kanyang dalawang daliri (ang hintuturo at gitnang daliri na magkadikit)."** (At-Tirmidhi)

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Sa Ngalan ng Allah! Ang isang tao ay hindi magiging tunay na Mananampalataya hanggang hindi niya hangarin para sa kanyang kapatid ang gusto niya para sa kanyang sarili."** (Muslim)

## 11 Ang mga Prinsipyo sa Pagkakaloob ng Kayamanan o Ari-arian.

**Ang pagkakaloob ng kayamanan o ari-arian sa Islam ay dalawang anyo:**

- **Pribadong Pagkakaloob ng Kayamanan:** Ang anyong ito ay iniaalay sa mga anak ng taong nag-aalay ng kayamanan. Ang anyong ito ay may nakasaad na ang mga pondo ng ipinagkakaloob na kayaman ay maaaring ibigay para sa kapakanan ng pampublikong kawanggawa sa pagkamatay ng huling anak ng nag-aalay.

**Pampubliko at Pangkalahatang Pagkakaloob ng Kayamanan o Ari-arian:** Ang anyong ito ay iniaalay sa trabahong pangkawanggawa katulad ng: pagpapatayo ng mga hospital, eskuwelahan, kalsada, pampublikong aklatan, bahay dasalan ng mga Muslim (Mosque), pook lunduyan, bahay ampunan, bahay pangmatanda, at iba pang mahalagang proyekto para sa kapakanan ng pangkalatang publiko para sa komunidad at para sa malawakang panlipunan.

08

# ANG MGA KAUGALIANG WAGAS SA ISLAM NA NAGTATAGUYOD NG LUBOS NA KAPAYAPAAN

Ang buong alituntunin ng Islam ay ang hangaring maitaguyod at mapangalagaan ang kapayapaan, kaligtasan at kaligayahan sa kalakaran panlipunan. Ang alituntuning ito ay nagtatagubilin ng pang-kapatiran at mga mahalagang bagay na nagtataguyod ng kapayapaan at nagbabawal ng lahat ng uri ng mga gawain na manulsol ng kasamaan at magtanim ng pagkasuklam at matinding galit sa mga puso at diwa ng mga tao. Alinsunod dito, kung ang mga kasapi ng lipunan ay isasagawa ang mga alituntunin ng Islam, maaaring sila ay magtamasa ng kapayapaan, kaligtasan, katahimikan at kaligayahan na kanilang likas na pinagsisikapan at pinananabikan. Ang lahat ng halaga ng kabanalang wagas ng Islam ay nagbubunga ng higit na mabuti at matuwid na nilalang na may mga banal na katangian na hinahangaan ng sanlibutan, katulad ng pagiging matapat, walang kinikilingan, may lakas ng loob, mapag-kawanggawa, matiisin, matiyaga, mabait at magalang.

Ang pinakamahalagang katangian ng kabanalang wagas ng Islam ay ang paglipol o pagpuksa sa lahat ng mga kasamaan na ipinahayag na labag sa batas at mga gawaing di-nakakalugod sa Allah. Kung ginagawa ng isang Muslim ang anumang mga gawaing ipinagbabawal, maaaring inilalantad lang ang kanyang sarili sa alinmang kaparusahan dito sa mundo sa tiyak na mga kaparusahan ng batas ng Islam, o sa Galit ng Allah.

Katulad ng makabagong Arabong makata na si Amir ash-Shuara’ ash-

Shauki na nagpahayag sa isang Talata, na nagpapaliwanag na ang bansa ng mga tao ay nawala maliban sa kanilang kaugaliang wagas at mga katangian. Kanyang sinabi: **“Kung ang mga kaugaliang wagas ng isang bansa ay mawala… ang bansa ay mawawala din!”**

09

# MGA TAGUBILIN AT MGA PAYO SA ISLAM UPANG MAITAGUYOD ANG KAPAYAPAAN

## 01 Ang Islam ay Nagtatagubilin ng Katotohanan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{O kayong mga nagsisampalataya! Matakot kayo sa Allah, at maging kasama ng mga matatapat}. (Qur'an 9:119)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At siya (Muhammad ﷺ) na nagdala ng Katotohanan, at siya na nagpatotoo rito, sila ang mga Muttaqun (may tunay na takot sa Allah)}. (Qur'an 39:33)**

## 02 Ang Islam ay Nagtatagubilin ng Katarungan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Katotohanan, ang Allah ay nag-uutos ng katarungan, at ng mabuting pakikitungo at pagbibigay (ng tulong) sa malapit na mga kamag-anak, at nagbabawal ng kahalayan, at ng kasamaan at paghihimagsik. Kanyang pinaaalalahanan kayo, baka sakaling kayo ay makaalaala}. (Qur'an 16:90)**

Katarungan at walang kinikilingan ay ipinag-utos at kailangan sa lahat ng kalagayan, kung ang isang tao ay maligaya at kuntento, at kung ang isang tao ay balisa at di-kuntento, magkasama pareho ang mga Muslim at di-Muslim.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{O kayong mga nagsisampalataya! Manindigan kayo nang matatag para sa Allah at maging mga saksi ng katarungan, at huwag hayaan na ang**

**pagkapoot ng ibang tao sa inyo ay mangibabaw upang kayo ay umiwas sa katarungan. Maging makatarungan kayo; ito ang pinakamalapit sa kabanalan, at matakot kayo sa Allah. Katotohanan ang Allah ay Ganap na Nakababatid ng lahat ng inyong ginagawa}. (Qur'an 5:08)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{O kayong mga nagsisampalataya! Manindigan kayo nang matatag sa katarungan bilang mga saksi sa Allah, kahit na ito ay laban sa inyong mga sarili, o sa inyong mga magulang, at sa inyong mga kamag-anak, maging ito man ay mayaman o mahirap…}. (Qur'an 4:135)**

## 03 Ang Islam ay Nagtatagubilin na Huwag Maging Maramot at Makasarili.

Mapagkawanggawa at kagandahang loob ay ang mga bunga ng matapat na di-pagiging maramot at makasarili, at ito ay kapansin-pansin sa mga pag-uugali ng mga Sahabah (kasamahan ng Propeta ﷺ) na naghahandog ng pagdamay at pagtulong sa iba para lamang sa Kapakanan at Kasiyahan ng Allah.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{…At magsigawa kayo ng kabutihan. Katotohanan, ang Allah ay nagmamahal sa mga Muhsinun (mapaggawa ng kabutihan)}. (Qur'an 2:195)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At yaong nananahan sa Bayan (ng Madinah) at (nagpatibay) sa pananampalataya, na nangauna sa kanila, nagpapakita ng pagmamahal sa mga nagsilikas sa kanila, at sila ay walang matagpuan na paninibugho sa kanilang mga dibdib sa anumang ibinigay sa kanila (mula sa labi ng digmaan), bagkus sila ay nagbibigay sa kanila ng labis na pagkiling kaysa sa kanilang sarili, kahit na may pangangailangan sila rito. At sinuman ang nagpigil sa kanyang sariling kasakiman, sila ang tunay na magsisipagtagumpay}. (Qur'an 59:09)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi rin: **"Magbigay ng mga pabor (kagandahan at kabutihang loob) sa mga taong may karapatan dito at pati na rin sa mga taong walang karapatan. Kung sinuman ang nagbigay ng pabor sa mga taong nararapat bigyan, ito ay maganda at mabuti, at kung sinuman ang walang kakayanan na magbigay ng pabor, siya mismo ay isa sa mga taong may karapatang tumanggap ng mga pabor."** (At-Tirmidhi)

## 04 Ang Islam ay Nagtatagubilin ng Kapatiran.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Tanging ang mga mananampalataya ang silang tunay na magkakapatid…}. (Qur'an 49:10)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi rin: **"Huwag mainggit ang bawa't isa, huwag pataasin ang mga presyo sa sobrang pagtatawad laban sa isa't isa, huwag magtanim ng malisya laban sa isa't isa, at huwag pumasok sa komersiyang pakikipag-unawaan kung ang iba'y nakipag-unawaan na dito, at dapat kayong maging mga alipin ng Allah na magkakapatid. Ang Muslim ay kapatid ng isa pang Muslim, hindi niya inaapi o hinahamak, o hinihiya. Ang Kabanalan ay narito, (at itinuro niya ang kanyang dibdib ng tatlong beses). Sapat na kasamaan para sa isang Muslim na hamakin niya ang kapwa niya Muslim. Ang lahat ng mga bagay sa Muslim ay hindi nasusuway para sa kanyang kapatid sa pananampalataya: ang kanyang dugo, ang kanyang ari-arian at ang kanyang dangal."** (Muslim)

## 05 Ang Islam ay Nagtatagubilin ng Pagpapanatili sa mga Mabuting kasamahan.

Ang mga Muslim ay pinapayuhan na kumuha ng mga mabubuting kasama at iwasan ang masamang kasamahan.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang halimbawa ng mabuti at masamang kasamahan ay katulad ng isang taong nagdadala ng**

**pabango at ang panday na nagbubuga ng apoy sa kanyang hurno. Ang tagapagdala ng pabango (musk) ay maaaring mabigyan ka sa mga ito o kaya ay mapagbilhan ka sa mga ito at kahit papaano ay makakatanggap ka ng amoy ng pabango mula sa kanya. Sa panday naman na nagbubuga ng apoy, maaaring masunog ang iyong damit, maistorbo sa pagsiklab ng kanyang apoy, at kahit papaano ay makakatanggap ka ng masamang amoy mula sa kanya at mula sa lugar ng kanyang trabaho."** (Al-Bukhari at Muslim)

## 06 And Islam ay Nagtatagubilin sa Muling Pakikipag-kasundo at Pakikipagmabutihan.

Ang muling pakikipagkasundo ay itinatagubilin sa lahat ng sandali lalo na kapag may malalang hidwaan sa relasyon na maaaring umakay sa matinding gulo.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Tanging ang mga mananampalataya ang silang tunay na magkakapatid, kaya't pagkasunduin ninyo ang hidwaan sa pagitan ng inyong mga kapatid, at matakot kayo sa Allah, upang kayo ay kahabagan}. (Qur'an 49:10)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Sa karamihan ng kanilang mga palihim na usapan ay walang kabutihan, maliban sa sinumang nag-utos ng pagkakawanggawa, o kabutihan, o pagkakasundo sa pagitan ng mga tao, at sinuman ang gumawa nito bilang paghahangad sa mga ikalulugod ng Allah, katiyakang Aming igagawad sa kanya ang isang malaking gantimpala}. (Qur'an 4:114)**

## 07 Ang Islam ay Nagtatagubilin na Panatilihin Ang Mabuti at Wagas na Katangian at Pag-uugali.

Ang mga mabubuti at wagas na kaugalian ay mahalaga para sa ikabubuti ng lipunan.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Sa mga pinakamahusay na Mananampalataya ay ang mga taong may pinakamahusay na katangian at pag-uugaling wagas at sila yaong pinakamabait sa kanilang sariling pamilya."** (At-Tirmidhi)

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Isinugo lamang ako para gawing ganap ang mabuting pag-uugali."** At sa ibang pahayag: **"para gawing ganap ang marangal na pag-uugali."** (Malik, Ahmad at Al-Bazzar)

## 08 Ang Islam ay Nagtatagubilin na Maging Mapag-bigay.

Ang pagiging mapapagbigay ay ginagawang malapit ang mga tao para sa isa't isa at makakamtan ng mapagkawanggawa ang pagmamahal at pagkalinga ng iba.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang Allah ay nagmamahal sa dalawang katangian: ang maging mabuti sa iba at maging mapagbigay sa kanila. Katulad din, ang Allah ay napopoot sa dalawang pag-uugali: ang pagiging maramot sa iba at maging hidhid sa mga tao. (Sa kabilang dako), kung ang Allah ay magbibigay ng kagandahang-loob sa isang tao, bibigyan niya ito ng trabaho para tulungan ang iba upang makamtan ang kanilang mga mithiin at matupad ang kanilang mga pangangailangan."** (Al-Bukhari at Muslim)

Ang batayan ng pagiging mapagkawanggawa sa Islam ay ang talatang nasasaad sa Banal na Qur'an:

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At huwag mong hayaan ang iyong kamay ay nakatali sa iyong leeg (katulad ng isang kuripot), at huwag mo rin itong iunat nang labis (katulad ng isang mapagwaldas), dahil ikaw ay magsisisi, na naghihikahos (sa matinding kahirapan)}. (Qur'an 17:29)**

Ang batayang ito ay nagtakda sa mga tao upang hindi lumampas sa hangganan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At ibigay sa iyong kamag-anak ang kanyang karapatan, at sa mahirap, at sa naglalakbay (na kinapos ng panustos). At huwag kang magwaldas sa paggugol (ng iyong kayamanan). Katotohanan, ang mga mapagwaldas ay mga kapatid ng mga demonyo, at ang Demonyo (Satanas) ay labis nang walang utang na loob ng pasasalamat sa kanyang Panginoon}. (Qur'an 17:26-27)**

## 09 Ang Islam ay Nagtatagubilin sa Mga Muslim na Ilihim Ang Mga Pagkakamali at Kapabayaan ng Iba.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Kung sinuman ang magpagaan sa paghihirap ng isang Mananampalataya, gagawin ding magaan ng Allah, ang kanyang paghihirap sa Araw ng Pagbabayad. Kung sinuman ang pumawi sa kondisyon ng isang tao (sa pananalapi) na nalagay sa kagipitan, papawiin din ng Allah, ang kanyang paghihirap dito sa mundo at sa Kabilang Buhay. Kung sinuman ang maglilihim sa mga kapintasan ng isang Muslim dito sa mundo, ililihim din ng Allah, ang kanyang kapintasan dito sa mundo at sa Kabilang Buhay. Itutuloy ng Allah, ang pagtulong sa isang alipin hangga't ang taong ito ay patuloy na tumutulong at dumadamay sa kanyang mga kapatid na Muslim."** (Muslim)

## 10 Ang Islam ay Nagtatagubilin sa Pagtitiis.

Pinapasigla ang mga tao sa pagiging matiisin upang magampanan nila ang kanilang mga tungkuling pang-Relihiyon at makamundong mga pananagutan at umiwas sa lahat ng kasamaan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Kaya't ikaw [O Muhammad ﷺ] ay maging matiyaga sa paghihintay sa Pasya ng iyong Panginoon, sapagka't katotohanang ikaw ay nasa pangangalaga ng Aming mga Mata, at ipagbunyi mo ang kapurihan**

**ng iyong Panginoon sa sandaling ikaw ay magbangon (mula sa pagkakatulog)}. (Qur'an 52:48)**

Hinihimok ng Islam at binibigyan ng lakas ng loob ang mga Muslim upang sila ay maging matiisin mula sa kanilang naitalagang kapalaran katulad ng pagkatakot, kahirapan, pagkagutom, kawalan ng mga ari-arian o kayamanan, mga nakamamatay na karamdaman, atbp.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At katiyakang kayo ay Aming susubukan sa isang bagay na tulad ng pangamba, pagkagutom, pagkabawas ng mga kayamanan, ng mga buhay at ng mga bungangkahoy. Kaya't magbigay ng magandang balita sa mga mapagbata. Sila yaong kapag dinapuan ng kapinsalaan, sila ay nagsasabi: Katotohanang kami ay pag-aangkin ng Allah at tunay na kami ay magbabalik sa Kanya. Sila ang gagawaran ng mga pagpapala at habag mula sa kanilang Panginoon, at sila ang mga tunay na napapatnubayan}. (Qur'an 2:155-157)**

Inilarawan ng Allah sa Banal na Qur'an ang magiging gantimpala ng mga taong matiisin.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Sabihin mo [O Muhammad ﷺ] sa Aking mga aliping nagsisampalataya! Matakot kayo sa inyong Panginoon. Ipagkakaloob sa mga yaong gumawa ng mabuti sa mundong ito ang isang kabutihan (sa Kabilang Buhay). At ang kalupaan ng Allah ay malawak! Katotohanang ipagkakaloob nang ganap sa mga mapagtiyaga ang kanilang gantimpala ng walang pagbibilang}. (Qur'an 39:10)**

Bahagi ng awa at pagpapatawad ay ang pagtitimpi at patawarin ang iba kahit na siya ay may kakayahang maghiganti, na siyang nagpapatibay sa relasyon ng mga tao at lumilikha ng mas magandang kapaligiran sa loob ng lipunan. Nangako ang Allah ng malaking biyaya sa pagtitimpi ng isang tao.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At maging maagap sa pag-uunahan para sa kapatawaran mula sa inyong Panginoon, at sa Paraiso na ang lapad nito ay kasing lawak ng mga kalangitan at kalupaan, na inihanda para sa mga Muttaqun (may tunay na takot sa Allah). Sila na gumugugol (ng kanilang yaman at ari-arian) sa kasaganaan at kahirapan, at nagtitimpi ng kanilang galit at nagpapatawad sa mga taong (nagkasala sa kanila). At ang Allah ay nagmamahal sa mga Muhsinun (mapaggawa ng kabutihan)}. (Qur'an 3:133-134)**

Ang Allah ay nag-utos din sa mga Muslim na isagawa ang kabanalan o pagiging matapat sa lahat ng oras at sa bawa't sandali at huwag ibalik ang kasamaan kapag kayo ay minaltrato ng gawang masama.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Hindi magkatulad ang mabuti at ang masama. Hadlangan (ang masama) sa pamamagitan ng (paggawa ng) higit na mabuti; kung magkakagayon, ikaw at siya na sa pagitan ninyo ay may pagkakagalit sa isa't isa, ay magiging tila bang isang matalik na magkaibigan!}. (Qur'an 41:34)**

Ang mga halimbawa sa itaas ay pawang mga sulyap lamang kung ano ang ipinag-uutos ng Islam sa mga Muslim para tugunan ang kanilang mga pansarili at pampublikong buhay para sa ikaliligaya ng Allah. Ang Aklat ng Allah, ang Qur'an, at ang Sunnah (kapahayagan) ng Propeta ﷺ ay naglaan ng karagdagang pag-uutos at mga detalye tungkol dito at ibang matataas at mararangal na mga kaugaliang wagas.

10

# MGA GAWAING IPINAGBABAWAL SA ISLAM UPANG MAITAGUYOD ANG KAPAYAPAAN

Marahas na binatikos at isinumpa ng Islam ang mga sumusunod na mga gawain at mahigpit na ipinagbawal na isagawa sa pagtaguyod ng kapayapaan at kaligtasan sa lipunan, pati na ang pag-alis o pagbawas ng pagkapoot, pagkamuhi, hinanakit, pagkagahaman, at pagkagalit na siyang mga dahilan ng pag-aaway at ng karahasan.

## 01 Ang Pagsamba sa Maraming Diyos at ang Paniniwala sa mga Ibang Diyus-Diyusan.

Ang pagsamba sa maraming diyos at ang paniniwala sa ibang diyus-diyusan ay tiyak na isa ito sa magiging dahilan ng pag-aaway katulad ng mga pangkat-pangkat, mga tribu at mga tao na nagpapaligsahan upang makilala sila sa pang-katayuan, para maghari, at magparangal para sa kanilang mga idolo at kaugnay ng mga paniniwala at mga kuwentong alamat ng kanilang kultura. Kung ang lahat ng tao ay sasamba sa Allah lamang, ang kaisa-isang Diyos, sa gayon ang pinakamalaking ugat ng karahasan ay mapupuksa.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At iyong tanungin [O Muhammad ﷺ] ang sinumang Aming isinugo nang una pa sa iyo mula sa Aming mga Sugo; Nagtalaga ba kami bukod sa Mahabaging (Allah) ng mga diyus-diyusan na sinasamba?}. (Qur'an 43:45)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At wala kaming isinugo na isang Sugo bago pa sa iyo [O Muhammad]**

**maliban sa ipinahayag Namin sa kanya; na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Akin, kaya't sambahin ninyo Ako}. (Qur'an 21:25)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At katotohanan, Kami ay nagsugo sa bawa't pamayanan ng isang Sugo (na nagpapahayag): Sambahin ninyo ang Allah lamang, at iwasan ang mga Thagut (diyus-diyusan)…}. (Qur'an 16:36)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Yaong mga nagsisampalataya ay nakikipaglaban sa Landas ng Allah, samantalang sila na nagsitakwil ng pananampalataya ay nakikipaglaban sa landas ng Taghut (Satanas, mga naliligaw ng landas atbp.), kaya't makipaglaban kayo sa mga kapanalig ni Shaitan (Satanas). Katotohanan, ang pakana ni Shaitan (Satanas) ay sadyang napakarupok}. (Qur'an 4:76)**

## 02 Pangkukulam at Lahat ng Uri ng Salamangka.

Ang pagbabawal dito ay ayon sa mga maraming katibayan na nasasaad sa Banal na Qur'an.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{…Datapuwa't walang isa man sa kanilang dalawa (ang anghel na sina Harut at Marut) ang nagtuturo nito (ng salamangka) sa kaninuman hangga't hindi nila nasasabi: Tunay na kami ay para sa pagsubok lamang, kaya't huwag kang tumalikod sa pananampalataya…}. (Qur'an 2:102)**

At gayunding nasasaad sa isang Hadith (salaysay) ng Propeta ﷺ:

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Iwasan ang pitong nakakasirang mga kasalanan."** Ang mga tao ay nagtanong: **"O Propeta ng Allah! Ano ang mga nakakasirang mga kasalanan?"** Siya ay nagsabi: **"Ang mga ito ay: ang pagtatambal ng iba sa pagsamba sa Allah, pangkukulam at lahat ng anyo ng pagsasalamangka, pagpatay sa inosenteng**

**kaluluwa ng walang lehitimong dahilan, ang pakikipag-ugnayan na may interes o tubo at ang pagpapahiram ng may malaking tubo, ang pagwaldas at pang-aabuso sa mga pondo ng naulila, ang pagtakas sa kasagsagan ng digmaan, ang maling pagpaparatang sa isang babaing mananampalataya ng pakikipag-ulayaw, pakikiapid, o ang paninira sa kaugaliang wagas."** (Al-Bukhari at Muslim)

## 03 Pananalakay at Pang-aapi.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Ang tanging daan lamang (ng panunumbat) ay sa mga yaong gumagawa ng kamalian sa mga tao, at sa mga nagmamalabis sa pagsuway sa kalupaan ng di-makatwiran; ang mga yaon ay mapapasakanila ang isang masakit na kaparusahan}. (Qur'an 42:42)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Sabihin [O Muhammad ﷺ]: Ang tanging ipinagbawal lamang ng aking Panginoon ay ang mga nakakahiyang gawain, ang lantad dito at ang lingid, at ang kasalanan, at ang pagmamalabis sa pagsuway ng di-makatwiran, at ang magtalaga kayo ng katambal (sa pagsamba) sa Allah na rito ay wala Siyang ibinigay na katibayan o kapangyarihan, at ang pagsasabi ninyo ng mga bagay tungkol sa Allah ng wala kayong kaalaman}. (Qur'an 7:33)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At kung ang isa sa mga Mushrik (nang-iidolo) ay humingi ng iyong pangangalaga, igawad mo sa kanya ang pangangalaga upang mapakinggan niya ang Salita ng Allah, at pagkatapos ay samahan mo siya sa lugar na kung saan ay ligtas siya roon. Sapagka't sila ay mga taong hindi nakakaalam}. (Qur'an 9:06)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Mag-ingat sa pagiging di-makatarungan, dahil ang pang-aapi o kalupitan ay magiging kadiliman sa Araw ng Pagkabuhay, at mag-ingat sa pagiging**

**kuripot dahil sa ito ang dahilan kung bakit napahamak ang mga nauna sa inyo. Ito ang nagbigay lakas sa kanila para magpadanak ng dugo at ipalagay na ang labag sa batas ay gawing legal.”** (Muslim)

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **“Ang Allah ay nagbigay ng magnadang balita sa akin: Maging mapagkumbaba para walang sinuman ang mang-aapi sa iba at walang sinuman ang magmayabang sa iba ng may pagmamalaki.”** (Muslim)

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi sa Hadith Qudsi: **“Ang Allah ay nagsabi: O, Aking mga alipin! Katotohanan, ipinagbawal Ko sa Aking Sarili ang pang-aapi, at ginawa Kong ipinagbabawal ito sa pagitan ninyo, kaya’t huwag kayong gagawa ng pang-aapi laban sa bawa’t isa....”** (Muslim)

Hinihikayat ng Islam na alalayan pareho ang naapi at ang nang-aapi sa pagpapatigil ng pinagmumulan ng pang-aapi.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **“Kumandili at halinang magbigay ng tulong sa iyong kapatid kahit na siya ay naapi o siya ay nang-aapi.”** Isang lalaki ang nakarinig dito at nagtanong: **“Naintindihan ko na tulungan ang kapatid, kung siya ay naapi, subali’t papaano kung siya ang nang-aapi?”** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nanindigan, at nagsabi: **“Tulungan mo siya sa pagpigil mula sa kanyang pang-aapi; iyan ang paraan para tulungan (sa katotohanan) ang nang-aapi.”** (Al-Bukhari)

Ang lahat ng mga legal na kasapi ng isang pamayanan, kahit na ano ang kanyang pananampalataya o paniniwala ay may karapatan ng ganap na pangangalaga sa kanilang karapatan sa buhay, sa mga ari-arian at kayamanan. Katulad ng nasasaad sa isang Hadith (salaysay) ng Propeta ﷺ.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **“Sinuman ang pumatay (ng di-makatarungan) sa isang hindi Muslim na nakatira sa ilalim ng batas ng Islam, ay hindi makakaamoy sa bango ng Paraiso. Na ang bango nito ay maaaring maamoy sa agwat na apatnapung taon.”** (Al-Bukhari)

## 04 Ang Hindi Mabuting Pagtrato sa Mga Magulang, Mga Anak at Mga Kamag-anakan.

Ito ay batay sa isang Talata na ipinahayag sa Banal na Qur'an.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At ang Iyong Panginoon ay nag-utos na huwag kayong sumamba sa iba maliban sa Kanya, at kayo ay maging mabuti sa inyong mga magulang. At kung ang isa sa kanila o silang dalawa ay sumapit na sa katandaan sa piling mo, huwag kang magsalita sa kanila ng Uff (isang salita ng kalapastanganan), at huwag mo rin silang hadlangan, datapuwa't ikaw ay mangusap sa kanila ng salitang may dangal. At ibaba mo sa kanila ang pakpak ng pagiging mapagkumbaba ng may habag, at sabihin: Aking Panginoon! Igawad Mo sa kanila ang Iyong Habag, na katulad ng pag-aruga nila sa akin noong ako ay batang paslit pa}. (Qur'an 17:23-24)**

Ang Islam ay nagtuturo ng pagiging mabuti sa lahat ng kamag-anakan. Ito ay nasasaad sa isang talata na ipinahayag sa Banal na Qur'an:

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At maaaring kung kayo ba ay bigyan ng kapamahalaan, ay magsisipaggawa kayo ng katiwalian sa kalupaan, at puputulin ninyo ang inyong relasyon sa inyong mga kamag-anakan? Sila ang mga taong isinumpa ng Allah, kaya't ginawa silang bingi at binulag ang kanilang mga paningin}. (Qur'an 47:22-23)**

At ito rin ay nasasaad sa isang Hadith (salaysay) ng Propeta ﷺ.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang taong sumira ng relasyon sa pamilya ay hindi makakapasok sa Paraiso."** (Al-Bukhari at Muslim)

Ang pagsira sa relasyon sa pamilya at mga kamag-anakan ay nagpapahiwatig ng maraming bagay: Ang kawalan ng damayan sa pagbisita ng magkamag-anak, pagpapabaya sa mga kamag-anak na

nangangailangan, at pagwawalang bahala sa tulong na pananalapi at pagtangkilik para sa mga maralitang miyembro ng pamilya.

Pinapahalagahan ng Islam ang kawanggawa na nagmula sa mga mayaman para sa mga mahihirap. Ang kawanggawang donasyon mula sa pamilyang mayaman para sa miyembro ng pamilyang nangangailangan ay nagdadala ng dobleng gantimpala dahil ito ay parehong pangkawanggawa, sa kabilang dako, ito ay may layuning mapanatili ang relasyon sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya. Kung ang isang tao ay mahirap at hindi niya kayang mag-abot ng tulong na pananalapi sa mga kamag-anakan, ang Allah ay magbibigay sa kanya ng biyaya kahit sa kanyang pagbisita, pangangalaga, at pagmamahal dahil ang mga ito ay mga uri ng kawanggawa at mabuting mga gawain.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Magtatag ng magandang relasyon sa inyong mga miyembro ng pamilya at malalapit na kamag-anak, kahit na sa pamamagitan ng pagbati sa kanila at pagtanong ng tungkol sa kanilang kalagayan at kalusugan."** (Al-Bazzar at At-Tabarani)

11

# PAKIKIAPID, PANGANGALUNYA, PANINIRANG-PURI ATBP

Katotohanan na maraming kaguluhan, pakikipag-away at patayan ang nangyayari dahil sa ‘Trianggulong pagmamahalan’ na kung saan ang mga tao ay nag-aaway para sa kanilang legal o di-legal na relasyon sa kanilang kinakasama. Pinutol ng Islam ang lahat ng daan para sa di-naayon na relasyong pansekswal upang mapangalagaan ang kalinisan at kadalisayan ng mga tao sa lipunan, at pigilin ang kaguluhan, mga anak sa labas at ang pagpapalaglag.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At huwag kayong lalapit sa pangangalunya. Katotohanang ito ay isang napakaruming gawain at napakasamang landas}. (Qur’an 17:32)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Katotohanan, sila na nagpaparatang (ng pangangalunya) sa mga malilinis na babae, mga walang malay (sa paggawa ng kalaswaan) at matuwid na sumasampalataya, sila (na nagpaparatang) ay mga isinumpa sa mundong ito at sa Huling Araw, at mapapasakanila ang isang matinding kaparusahan}. (Qur’an 24:23)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Katotohanan, sila na nahuhumaling na ipagkalat ang kalaswaang balita sa lipon ng mga nagsisampalataya, mapapasakanila ang isang napakasakit na kaparusahan sa mundong ito at sa Huling Araw; at ang Allah ang nakakaalam, samantalang kayo ay walang nalalaman}. (Qur’an 24:19)**

Napasang-ayon ng Propeta ﷺ ang isang binatilyo na ang pagkakaroon ng di-banal na sekswal na ugnayan ay labag sa batas sa mga sumusunod

na pag-uusap. Isang binatilyo ang pumunta sa Propeta ﷺ at nagsabi: **“O Sugo ng Allah! Hayaan mo po akong pahintulutan sa pakikiapid.”** Ang mga tao ay nag-umpisang pagsabihan siyang tampalasan, pero ang Propeta ﷺ ay umupo ng malapit sa kanya at nagtanong: **“Gusto mo ba ito para sa iyong ina?”** Sumagot siya ng: **“Hindi, sumpa man sa Allah, sana’y gawin ako ng Allah na iyong maging tagapagligtas!”** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **“At gayun din naman, ayaw ito ng mga tao para sa kanilang mga ina.”** Siya ay muling nagtanong: **“Gusto mo ba ito para sa iyong mga anak na babae?”** Sumagot siya ng: **“Hindi.”** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **“At gayun din naman, ayaw ng mga tao ito para sa kanilang mga anak na babae.”** Siya ay muling nagtanong: **“Gusto mo ba ito para sa iyong tiya (sa panig ng ama)?”** Sumagot siya ng: **“Hindi.”** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **“At gayun din naman, ayaw ng mga tao ito para kanilang tiya (sa panig ng ama).”** Siya ay muling nagtanong: **“Gusto mo ba ito para sa inyong tiya (sa panig ng ina)?”** Sumagot siya ng: **“Hindi.”** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **“At gayun din naman, ayaw ng mga tao ito para kanilang tiya (sa panig ng ina).”** Pagkatapos nito, iniligay ng Propeta ﷺ ang kanyang kamay sa binatilyo at nagsabi: **“O Allah! Patawarin Mo siya sa kanyang kasalanan at dalisayin ang kanyang puso at gawin siyang malinis (pagtibayin ang kanyang pangingilin sa sekswal na kasalanan).”** (Ahmad)

Dito, matatagpuan natin ang halimbawa ng Sugo ng Allah ﷺ na matiyagang kinukumbinsi ang binatilyong ito sa pamamagitan ng pagkakatulad tungkol sa dobleng pamantayan na hindi naayon sa batas. Dahil sa walang sinuman ang may gusto para sa kanyang sarili na magamit at maabuso, kung gayon paano niya hahayaan ang kanyang sarili na mang-abuso sa iba. Ang gintong alituntunin, na siyang tawag dito, ay nagpakilala sa isang bantog na Hadith (salaysay) ng Propeta ﷺ.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **“Wala pa sa inyo ang tunay na nananampalataya hangga’t hindi niya mahal para sa kanyang kapatid kung ano ang mahal niya para sa kanyang sarili.”** (Al-Bukhari at Muslim)

## 01 Ang Mga Nakalalasing at ang Pagsusugal.

Kadalasan at higit na alam natin, na ang mga taong lasing ay higit na makakagawa ng marahas na kasalanan kaysa sa mga hindi lasing na mga tao. Ang sugal ay isa ring mabigat na dahilan na pinagmumulan ng malaking kaguluhan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{O kayong mga nagsisampalataya! Katotohanan, ang Khamr (inuming nakalalasing), at ang pagsusugal, at ang Al-Ansab (lagayan ng mga imahen o batong altar), at ang Al-Azlam (mga busog o palaso na pinagsasanggunian ng kanilang pagpapasya) ay karumal-dumal na gawain ni Shaitan (Satanas). Kaya't iwasan ninyo siya, upang inyong makamit ang tagumpay. Ang tanging nais lamang ni Shaitan (Satanas) ay ang magkaroon sa pagitan ninyo ng pag-aaway at pagkapoot sa isa't isa sa pamamagitan ng inuming nakalalasing at pagsusugal, at ang hadlangan kayo sa pag-aalaala sa Allah at sa pagdarasal. Kaya, hindi pa ba kayo magsitigil?}. (Qur'an 5:90-91)**

## 02 Ang Pagnanakaw, Panloloob, Labag sa Batas na Pagtatamo ng mga Ari-arian at Kayamanan.

Ang mga gawaing ito ay tiyak na lilikha ng pagkamuhi at galit, at maging sanhi ng malaking kaguluhan sa lipunan, tungo sa di-katiwasayan at ganap na kaguluhan.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Sinuman ang kumuha ng karapatan ng isang Muslim, ang Allah ay magdudulot para siya ay manirahan sa Nag-aapoy na Impiyerno sa Araw ng Paghuhukom at siya ay pagbabawalan makapasok sa Paraiso."** Isa sa mga Sahabi (kasamahan) na naroroon sa araw na iyon ay nagtanong: **"O Propeta ng Allah! Ano kung ang bagay na kinuha ng isa tao ay walang halaga?"** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Kahit na ang bagay na iyon ay walang kabuluhan katulad ng kahoy na pansipilyo ng ngipin (mula sa sanga ng Arak na kahoy)."** (Muslim)

## 03 Pagsarili at Pagtatago (ng Kalakal).

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang isang makasalanan lamang ang nagsasarili at nagtatago (ng pagkain at ibang mga bagay para sa pangangailangan ng publiko)."** (Muslim)

## 04 Ang Di-makatarungang Paggamit ng Kayamanan at Mga Ari-arian ng isang Ulila.

Ang mga ulila ay mahina at walang kakayahang pangasiwaan ang kanilang mga pondo. Katungkulan ng tagapangalaga ng mga ulila ang pangasiwaang mabuti ang pananalapi at suliranin ng kanyang alaga sa pinakamahusay na kakayahan.

Ang Dakilang Allah ay nagbabala at nagsabi:

**{Katotohanan, yaong kumakamkam ng mga ari-arian ng mga ulila ng walang katarungan, sa katunayan ang kanilang kinakain ay apoy na nagliliyab sa loob ng kanilang mga tiyan, at katiyakang sila ay magsisipasok sa naglalagablab na Apoy!}. (Qur'an 4:10)**

## 05 Pang-aabuso sa Kapangyarihan.

Ang Muslim na tagapamahala o sinuman ang taong nasa kapangyarihan ay dapat na maging tapat at walang kinikilingan sa kanyang mga tao at hindi dapat gumawa ng pagkakamali sa kanila o ipagkanulo sila sa anumang pamamaraan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At huwag mong akalain na ang Allah ay nakaliligta sa lahat ng ginagawa ng mga mapaggawa ng kamalian, datapuwa't Kanyang binibigyan lamang sila ng palugit hanggang sa Araw na ang mga mata ay mananatiling nakadilat (sa pagkagimbal)}. (Qur'an 14:42)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Kung ipinagkatiwala ng Allah sa isang tao ang kapangyarihan, nguni't ang taong pinagkatiwalaan**

**ay hindi naghandog ng pinakamabuting payo para sa kanyang mga kapanalig, ang taong yaon ay hindi pahihintulutan na makapasok sa Paraiso."** (Al-Bukhari)

## 06 Pagpapahirap.

Ang Sahabi (kasamahan) na si Hisham bin Hakim bin Hizam minsan ay napadaan sa isang grupo ng mga tao sa 'Levant' na pinapahirapan sa pagbibilad sa kanila sa init ng araw. Siya ay nagsabi: **"Ano ba ang pagkakamali ng mga taong ito?"** Sumagot ang mga ito: **"Sila ay nakulong dahil hindi sila nagbayad ng Jizyah (buwis)."** Si Hisham ay nagsabi: **"Ako ay sumasaksi na narinig ko ang Sugo ng Allah ﷺ na nagsabing: "Pahihirapan ng Allah yaong mga nagpapahirap sa mga tao habang sila ay nabubuhay dito sa mundo." -** At ang kanilang pinuno na si Umair bin Saad sa sandaling iyon ay nasa Palestine, kaya't pinuntahan siya at sinabi niya ang pangyayari, at dahil doon siya ay nagbigay ng pag-uutos at sila ay pinalaya." (Muslim)

## 07 Mga Maling Pagsaksi at Panunumpa.

Ang maling pagsaksi ay malaking kasalanan. Sa katotohanan, kung ang isang tao ay sinasadyang nagbibigay ng maling pagtestigo sa palagiang pamamaraan, siya ay maituturing na nasa labas ng hangganan ng Islam.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At sila na hindi sumasaksi sa kasinungalingan, at kung sila ay napaparaan sa masamang pag-uusap, sila ay dumaraan doon ng may dangal}. (Qur'an 25:72)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Nararapat ko bang sabihin sa inyo ang kasuklam-suklam na mga kasalanan?"** Ang mga kasama ng Propeta ﷺ ay nagsabi ng: **"Oo."** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang pagtatambal sa iba sa pagsamba sa Allah, ang pagiging masama at palasuway sa inyong mga magulang,"** - ang Sugo ng Allah ﷺ habang nakasandal sa sahig ay napaupo ng tuwid at nagsasabi: **"...at ang**

**pagbigay ng maling pahayag at magbigay ng maling pagtestigo."** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay patuloy na sinasambit ang huling pahayag hanggang sa hangad na lamang ng kanyang mga Kasamahan na tumigil na siya sa pag-ulit dito." (Al-Bukhari)

Ang panunumpang ito ay sinasadya at binihasa upang makakuha ng di-makatarungang mga pakinabang. Ang panunumpang ito ay matatawag na **Ghamus** (paglublob) yamang ang nanunumpa ay ilulublob sa Apoy ng Impiyerno.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Katotohanan, yaong mga ipinagbibili ang kasunduan ng Allah at ang kanilang mga panunumpa sa maliit na halaga, silang yaon ay walang bahagi sa Huling Araw. At hindi sila kakausapin ng Allah, at hindi sila titingnan man lamang sa Araw ng Pagbabangong Muli, at hindi rin sila gagawing dalisay (sa kanilang mga kasalanan), bagkus sila ay tatanggap ng isang kasakit-sakit na kaparusahan}. (Qur'an 3:77)**

Ito ay naaayon sa Sunnah (pamamaraan) ng Propeta ﷺ.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang sinumang kumuha sa karapatan ng isa pang Muslim sa pamamagitan ng kanyang kanang kamay (halimbawa, sa maling panunumpa) ay may karapatan sa Apoy sa Impiyerno at babawian ng karapatang pumasok sa Paraiso."** Ang isang lalaki ay nagdagdag ng katanungan: **"Na kahit na iyong kinuha mula sa karapatan ng kapatid na Muslim ay balewala o hindi makabuluhan?"** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Kahit na ang karapatan ng Muslim na kapatid ay isang pansipilyo sa ngipin (mula sa sanga ng Arak na kahoy)."** (Muslim)

## 08 Pagkanulo at Pagsira ng Pagtitiwala sa mga Kontrata.

Ang Islam ay nagtagubilin sa mga Muslim na maging matapat. Ang Islam ay nag-utos para tuparin ang mga pangako at nagbigay babala laban sa di-pagtupad sa mga pangako at hindi pahalagahan ang mga kasunduan.

Binibigyan diin ng Islam ang pagpapatupad sa lahat ng pagtitiwala sa mga nararapat na tao at nagbigay babala laban sa pagtanggi sa kahit na hindi maliit na halaga na ipinagkatiwala sa tao.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{O kayong mga nagsisampalataya! Huwag ninyong pagtaksilan ang Allah at ang Sugo (Muhammad ﷺ), at huwag ninyo ring pagtaksilan ang mga bagay na ipinagkatiwala sa inyo…}. (Qur'an 8:27)**

Ipinahayag ng Islam na ang pagtatago ng lihim ay isa sa mga gawain sa pagtitiwala.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Kung ang isang tao ay nagsabi ng isang bagay sa ibang tao, pagkatapos ay umalis, ang salitang iyon ay magiging pagtitiwala para sa nakapakinig."** (At-Tirmidhi at Abu Dawud)

Katulad nito, ang Islam ay nagbigay ng kaurian na ang paghingi ng payo ay kabilang din sa katawagang pagtitiwala.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang taong hiningan ng payo ay pinagkatiwalaan** (i.e., kung anuman ang kanyang napakinggan sa tao na humihingi ng matapat na kuro-kuro at payo)**."** (At-Tirmidhi at Abu Dawud)

Ang Islam ay nagtataguyod ng pagtitiwala.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Walang pananampalataya para sa isang tao na hindi mapagkakatiwalaan. Walang Relihiyon sa isang tao na sumisira sa kanyang tapat na pangako."** (Ahmad at Al-Baihaqi)

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Kung ang isang tao ay nagmamay-ari ng apat na katangiang ito, siya ay matataguriang ganap na mapagkunwari. At kung ang isang tao ay nagmamay-ari ng anuman sa apat na katangiang ito, aariin niya ang pagiging mapagkunwari hangga't iwan at isantabi ito: 1) ang nagsisinungaling lagi sa kanyang pagsasalita. 2) ang sumisira sa pangako. 3) ang ipagkanulo ang pagtitiwala. 4) ang pagsira sa isang kasunduan."** (Al-Bukhari at Muslim)

Ayon sa ibang paglalahad na naiulat.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang isang tao ay matataguriang gayon (mapagkunwari) kahit na pinaninindigan niya ang kanyang pang-araw-araw na pagdarasal, ang pagtalima sa pag-aayuno sa Ramadhan, at pag-angkin na siya ay isang Muslim."** (Muslim)

## 09 Ang Paninirang Puri at Paninira sa Talikuran (Pagtsi-tsismis).

Ang paninirang patalikod ay ang pagbanggit ng mga bagay tungkol sa mga tao na kinamumuhian nilang malaman kahit na ito ay tunay na nangyari. Ang gawaing ito ay maglalagay sa panganib sa dangal at dignidad ng taong binabatikos o pinupuntirya, magiging dahilan ng pagkapoot at di-pagbibigay pagpapahalaga sa mga tao, na maaaring maghatid ng kaguluhan. Kasama ng paninirang puri ay ang pagbabalita ng hindi totoo at kasiraan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Kasawian sa bawa't tagapamahayag ng alingasngas at paninirang-puri at yumuyurak sa talikuran}. (Qur'an 104:01)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Alam ba ninyo ang paninira sa talikuran?"** Ang mga Kasamahan ng Propeta ﷺ na naroroon sa oras na iyon ay nagsabi: **"Ang Allah at ang Kanyang Sugo (Muhammad ﷺ) ang nakakaalam ng mabuti!"** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ito ay ang patalikod na pagsambit ng mga bagay sa isang tao na kinamumuhian niyang malaman ng iba."** Isa sa mga kasama ng Propeta ﷺ **ay nagtanong: "O Propeta ng Allah! Paano kung ang puntong patalikod na pahayag ay tunay na umiiral sa taong iyon, ito din ba'y matatawag na gawaing paninira sa talikuran?"** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang paninira sa talikuran ay ang pagsambit ng bisyo na umiiral sa kanya, subali't kung wala siyang bisyo, sa gayon ito ay paninirang puri."** (Muslim)

## 10 Pagbansag ng Pangalan at Pagkutya sa Iba.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{O kayong mga nagsisampalataya! Huwag kutyain ng isang pangkat ang ibang pangkat sa inyo, maaaring sila (na kinukutyaan) ang higit na mabuti kaysa sa kanila (na nangungutya). At huwag din (kutyain) ng mga kababaihan ang ibang mga kababaihan, maaaring sila (na kinukutyaan) ang higit na mabuti kaysa sa kanila (na nangungutya), at huwag ninyong alipustain ang inyong mga sarili, at huwag kayong magbansag ng nakamumuhing mga palayaw sa bawa't isa…}. (Qur'an 49:11)**

## 11 Pagkapoot, Pag-alipusta at Paghinanakit laban sa iba.

Ang mga ganitong ugali ay nag-uudyok na gumawa ng paghihiganti sa maraming kaparaanan.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay tinanong: **"O Propeta ng Allah! Sino ang pinakamabuting uri ng tao?"** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang bawa't taong may likas na kabutihan at bawa't taong makatotohanan."** Ang mga Kasamahan ng Propeta ﷺ na dumalo ay naghayag ng katanungan para sa Sugo ng Allah ﷺ at sinabing: **"O Propeta ng Allah! Alam namin kung sino ang makatotohanang tao, subali't sino ang taong may likas na kabutihan?"** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Siya ang banal, dalisay, hindi nagkakasala, walang inapi o nilabag na mga karapatan ng iba, isang taong nag-aangkin ng walang pagkapoot o pagkainggit sa kanyang puso sa iba."** (At-Tirmidhi)

Ang Propeta ﷺ ay nagbigay ng halimbawa sa mga bunga ng pagkainggit katulad ng sumusunod:

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang pagkainggit at paninibugho ay kinakain ang mga mabubuting gawain katulad ng apoy na kumakain sa mga kahoy."** (Abu Dawud)

**Panlipunang Paglayo o Pagboykoteo (maliban kung ito ay nasa mahigpit na mga kondisyon).**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Huwag maglayuan ang bawa't isa, huwag tumalikod sa sa isa't isa, huwag mapoot sa bawa't isa, huwag mainggit sa bawa't isa: lahat kayo ay dapat na (totoong) mga alipin ng Allah katulad ng magkakapatid. Ang isang Muslim ay hindi pinahihintulutang iwasan o layuan ang kanyang kapatid na Muslim ng higit sa tatlong (araw)."** (Al-Bukhari at Muslim)

At sa ibang salin ng pahayag:

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang isang Muslim ay hindi pinapayagan na iwasan ang kanyang kapatid na Muslim na lumampas sa tatlong gabi, sa oras ng pagtatagpo, ang bawa't isa ay lumilihis sa ibang direksiyon at umiilag sa bawa't isa. Ang pinakamabuti sa dalawa ay yaong unang bumati sa kanila."**

## 12 Ang Pagsumpa at Mapanlait na Salita.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi:

**"Ang mga taong nagsumpa ay hindi pahihintulutan na maging mga testigo o mamamagitan sa Araw ng Paghuhukom."** (Muslim)

Ipinagbabawal din ng Islam ang pagsumpa sa mga kaaway at hinihikayat ang isang Muslim na magdasal para gabayan ang gayong mga tao sa Tama at Matuwid na Landas.

Ito ay ayon sa Sugo ng Allah ﷺ na minsan siya ay tinanong: **"O Propeta ng Allah! Hindi mo ba kailangang magdasal laban sa mga pagano at mga sumasamba sa diyus-diyusan?"** Siya ay nagsabi: **"Ako ay hinirang lamang upang maging awa (para sa sangkatauhan) at hindi ako hinirang upang isumpa ang iba."** (Muslim)

## 13 Pagiging Kuripot at Lubhang Maramot.

Itinuturing ng Islam na ang kayamanan ay katulad ng isang tiwala na ipinagkatiwala ng Allah sa tao para sa partikular na panahon sa kanyang buhay para magamit ng mainam at gamitin ayon sa kautusan ng Allah: para sa gastusin sa buhay at para sa mahalagang pangangailangan, para sa kawanggawa at para sa gawaing pangkabanalan.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi:

**"Ang mapanlinlang, kuripot at maramot na tao na nagyayabang ng pauli-ulit ukol sa kanyang donasyon at pagtulong sa mga nangangailangan at mahirap na mga tao, ay hindi makakapasok sa Paraiso."** (At-Tirmidhi)

Ang Propeta ﷺ ay nag-ulat din na nagbabala tungkol sa kahindik-hindik na mangyayari sa lipunan na kung saan ang pagiging maramot ay isang gawaing pangkaraniwan.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Mag-ingat sa pang-aapi. Ang pang-aapi ay kadiliman sa Araw ng Paghuhukom. Mag-ingat sa pagiging sakim at sobrang maramot, dahil ito ang nagwasak sa mga taong nauna sa inyo. Ang pagiging sakim at sobrang maramot ay nagpumilit sa mga taong (nauna sa inyo) na nagdanak ng dugo ng kanilang mga tao at itinulak sila para gawing makatarungan ang di-makatarungan at ipinagbabawal."** (Muslim)

## 14 Mapag-aksaya at Sobrang Paggastos.

Nag-utos ang Allah sa isang Muslim na iwasan ang labis-labis na pag-aaksaya.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{…at kumain kayo at magsi-inom, datapuwa't huwag kayong mag-aksaya. Katotohanan, Siya (Allah) ay hindi nagmamahal sa mga (taong) mapag-aksaya}. (Qur'an 7:31)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi pa:

**{At iyong ipagkaloob sa kamag-anak ang kanyang karapatan at sa mahirap at sa naglalakbay (na kinapos ng panustos). At huwag kang magwaldas (ng iyong yaman) sa paggugol. Katotohanan, ang mga (taong) mapagwaldas ay mga kapatid ng mga demonyo, at ang Demonyo (Satanas) ay labis na walang utang na loob ng pasasalamat sa kanyang Panginoon}. (Qur'an 17:26-27)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang Allah ay nagbabawal sa inyo sa pagiging di-masunurin sa inyong mga ina, mula sa pagtanggi na bigyan ang mahirap at nangangailangan para sa kapakanan ng Allah, mula sa paghingi ng kawanggawa sa mga tao na hindi mo naman talaga kailangan, at sa paglibing ng buhay sa mga batang babae. Ayaw din ng Allah sa inyo na maging tagapagtaguyod ng usap-usapan (tsismis), at palaging humihingi sa mga tao na bigyan ka, at ang maglustay ng mga pondo ng walang pagpapahalaga."** (Al-Bukhari at Muslim)

## 15 Pagpapalabis at Magmalabis sa Kasukdulan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{…Nais ng Allah na maging magaan sa inyo (ang pagsamba) at ayaw Niya ang pagpapahirap sa inyo. Bagkus upang inyong magampanan nang ganap ang mga itinakdang araw, at inyong mapuri at dakilain ang Allah sa mga ipinagkaloob Niyang patnubay sa inyo at baka sakaling kayo ay magkaroon ng utang na loob ng pasasalamat}. (Qur'an 2:185)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi rin: **"Mag-alay ng masayang balita at huwag tugisin ang mga tao para lumayo. Bigyan ng katiwasayan ang buhay ng mga tao at huwag itong gawing mahirap at hindi nila mapagtiisan."** (Al-Bukhari at Muslim)

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi pa: **"Mag-ingat na huwag lumabis sa**

**itinakda ng Relihiyon. Ang mga taong nauna sa inyo ay nangawasak dahil sa pagmamalabis sa Relihiyon."** (An-Nasai, Ibn Majah, Ibn Khuzaimah at Al-Hakim)

## 16 Kahambugan at Maling Pagpapahalaga sa Sarili.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At huwag mong patambukin ang iyong pisngi sa harap ng mga tao (ng may pagmamalaki), at huwag kang lumakad sa kalupaan ng may pagyayabang. Katotohanan, ang Allah ay hindi nagmamahal sa bawa't mayabang na mapagmalaki. At maging magalang sa iyong paglalakad, at ibaba mo ang iyong tinig. Katotohanan, ang pinakamagaralgal sa mga tinig ay ang tinig ng asno}. (Qur'an 31:18-19)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang isang taong may katiting na bigat ng kayabangan sa kanyang puso, ay hindi makakapasok sa Paraiso."** Ang isa sa mga kasamahan ng Propeta ﷺ na naroroon noon ay nagtanong: **"O Propeta ng Allah! Ang gusto ng isa sa amin ay ang pag-suot ng magandang mga damit at magandang mga sapatos [ito ba ay isang pagyayabang din]?"** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang pagiging mayabang ay ang pagkakaila sa katotohanan at ang paglapastangan sa iba."** (Muslim)

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Hindi lilingon ang Allah sa isang taong kumakaladkad ng kanyang damit sa kayabangan sa Araw ng Paghuhukom."** (Al-Bukhari at Muslim)

## 17 Ang Lahat ng Di-Makatarungang Gawain Tungo sa Pakikipagtalo, Pakikipag-away, at Alitan sa Gitna ng Mga Tao.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At kayong lahat ay humawak ng mahigpit sa Lubid ng Allah nang sama-sama, at huwag kayong maghiwa-hiwalay. At inyong**

**alalahanin ang biyaya ng Allah sa inyo, katotohanang kayo noon ay magkakaaway, at Kanyang pinag-isa ang inyong mga puso at naging magkakapatid kayo (sa pananampalataya) sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, at kayo noon ay nasa bingit na ng hukay ng Apoy (ng Impiyerno), datapuwa't Kanyang iniligtas kayo mula rito. Sa ganito, ipinapaliwanag ng Allah ang Kanyang mga Tanda para sa inyo, baka sakaling kayo ay mapatnubayan}. (Qur'an 3:103)**

Katulad nito, ang Islam ay ipinagbabawal ang lahat ng anyo ng pagbibintang at maka-demonyong pag-iisip tungkol sa iba.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{O kayong mga nagsisampalataya! Inyong iwasan ang maraming paghihinala, katotohanang ang ilan sa paghihinala ay kasalanan. At huwag kayong manubok, at huwag gumawa ng paninirang puri sa isa't isa. Mayroong bang isa sa inyo ang ibig kumain ng laman ng patay niyang kapatid? Tunay ngang kamuhian ninyo ito! Kung gayon, matakot kayo sa Allah, katotohanan ang Allah ay lagi nang tumatanggap ng pagsisisi, Pinakamaawain}. (Qur'an 49:12)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Iwasan ang pagbibintang dahil ang magbintang (ay maging daan) sa pinakasinungaling na salita na maaaring magawa ng isang tao."** (Al-Bukhari)

## 18 Maling Paglalarawan sa mga Katotohanan at Maling Pagbabalita.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{O kayong mga nagsisampalataya! Kung ang isang makasalanang tao ay dumating sa inyo na may hatid ng anumang balita, inyong tiyakin (ang katotohanan nito), baka kayo ay makapinsala sa inyong kapwa dahilan sa kawalan ng kaalaman, at sa bandang huli ay pagsisisihan ninyo ang inyong nagawa}. (Qur'an 49:06)**

## 19 Silakbo ng Galit, Pag-aalboroto, at Paggamit ng Masasakit at Mapanghamak na Salita.

Kaya't ang isang Muslim ay napag-utusang magpigil palagi ng kanyang galit.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At sa mga yaong umiiwas sa mga malalaking kasalanan at malalaswang gawain, at kapag sila ay nagalit (sa isa't isa), sila ay nagpapatawad}. (Qur'an 42:37)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang isang malakas na tao ay hindi yaong nakikipagbuno, bagkus ang malakas na tao sa katotohanan ay yaong marunong magpigil sa kanyang sarili sa pagdatal ng kanyang galit."** (Al-Bukhari at Muslim)

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi pa: **"Ang nananampalataya ay hindi isang tao na tumutuligsa sa katapatan ng iba, ang sumpain ang iba, ang paggamit ng masasamang salita at maging di-kaaya-aya sa kanyang pananalita sa iba."** (At-Tirmidhi)

Si Abu Hurairah ay nag-ulat, kanyang sinabi: "Ang isang lalaki ay humiling sa Propeta ﷺ na bigyan siya ng payo at siya nagsabi: **"Huwag kang magalit."** Inulit ng lalaking yaon ng maraming beses, nguni't siya ay sumasagot (sa bawa't paghingi ng payo ng): **"Huwag kang magalit."** (Al-Bukhari)

## 20 Galak at Malisyosong Katuwaan Tungkol sa Pagdurusa ng Iba.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Huwag magpakita ng anumang kaligayahan kapag nakakita ng malungkot na pangyayari sa inyong kapatid. Ang Allah ay magiging Mahabagin sa taong dumanas ng sakuna at magbigay ng kalungkutan sa inyo sa gayong mga problema."** (At-Tirmidhi)

## 21 Di-dapat Manghimasok sa Mga Bagay na Wala Tayong Kinalaman.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Isa sa mga tanda ng pagiging mabuting Muslim ay ang pag-iwan sa mga bagay na wala siyang kinalaman."** (At-Tirmidhi)

## 22 Di-makatarungang Pamamalakad at mga Paghatol.

Ang mga batas ay hango sa Qur'an at sa mga Hadith (salaysay) ng Propeta ﷺ, kaya't walang ibang mambabatas maliban sa Allah. Samakatuwid, ang hukom ay pinagkatiwalaan para ipaliwanag ang batas at gamitin ito ng makatwiran sa lahat ng kaso at kung siya ay naging di-makatarungan sa kanyang paghatol, ipinagkanulo niya ang sagradong pagtitiwala.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{...at kung sinuman ang hindi humatol batay sa mga ibinaba ng Allah (na Saligang Batas), kung gayon sila yaong mga hindi nananampalataya}. (Qur'an 5:44)**

Ito ay naaayon din sa isang Hadith (salaysay) ng Propeta ﷺ, siya ay nagsabi: **"Ang mga hukom ay tatlo, ang dalawa ay maninirahan sa Impiyerno at ang isa ay sa Paraiso. Ang hukom na alam niya ang katotohanan at humatol ng alinsunod sa batas ay maninirahan sa Paraiso. Ang hukom na alam niya ang katotohanan at sadyang lumihis dito ay maninirahan sa Impiyerno. Ang hukom na nagbigay ng paghatol na hindi nag-aangkin ng tamang kaalaman ay maninirahan sa Impiyerno."** Isa sa mga kasama ng Propeta ﷺ, na naroroon ay nagtanong ng mga sumusunod: **"Ano ang kasalanan ng hukom na hindi batid ang likas na katotohanan sa kaso?"** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagbigay puna: **"Ang kanyang kasalanan ay ang hindi siya dapat manungkulan bilang isang hukom hanggang siya ay maging maalam."** (Al-Hakim)

## 23 Ang Paniniktik sa iba.

Ipinagbawal ng Islam ang maniktik sa iba sa lahat ng kaparaanan na binanggit ng Allah.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{O kayong mga nagsisampalataya! Inyong iwasan ang maraming paghihinala, katotohanang ang ilan sa paghihinala ay kasalanan. At huwag kayong manubok, at huwag gumawa ng paninirang puri sa isa't isa. Mayroong bang isa sa inyo ang ibig kumain ng laman ng patay niyang kapatid? Tunay ngang kamuhian ninyo ito! Kung gayon, matakot kayo sa Allah, katotohanan ang Allah ay lagi nang tumatanggap ng pagsisisi, Pinakamaawain}. (Qur'an 49:12)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang taong nakinig sa pag-uusap ng iba na kinamumuhian siyang makinig ay ibubuhos ang lusaw na tingga sa kanyang mga tainga sa Araw ng Paghuhukom."** (Al-Bukhari)

## 24 Ang Pagpapalaganap ng Mga Kamalian ng Iba at Ang Paninirang Puri.

Ang pag-tsismis ay sumisira sa kasiya-siyang relasyon sa pagitan ng mga tao at nagbubunga ng matinding poot at lumilikha ng magulong kalagayan sa lipunan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At huwag mong sundin [O Muhammad ﷺ] ang bawa't (taong) walang pakundangan sa panunumpa, na walang silbi, isang mapanirang puri, mapagkalat ng tsismis (sa pagitan ng mga tao)}. (Qur'an 68:10-11)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi rin: **"Ang taong mapanirang puri ay hindi pahihintulutan na makapasok sa Paraiso."** (Al-Bukhari at Muslim)

Isa sa mga tiyak na bunga ng paninirang-puri ay ang paglaganap ng mga

usap-usapan, pagkamuhi, at pagkapoot sa mga kasapi ng komunidad. Dahil dito, ito ay maaaring humantong sa mga patayan o kaguluhan sa komunidad. Kaya, hindi tinatanggap o pinapatawad ng Islam ang kalagayang ganito.

## 25 Pagsasamantala sa Iba, Lalo na sa Mga Madaling Mabiktima Katulad ng Mga Maralita at Matatanda.

Ang layunin ng Islam ay ang maitatag ang pinakamainam na samahan ng lipunan na may matatag na pangkapatirang pagkakaisa.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At sambahin ninyo ang Allah at huwag kayong magbigay ng katambal sa Kanya ng anupaman, at maging mabait kayo sa mga magulang (sa salita at gawa), sa mga kamag-anak, sa mga ulila, sa mga dukha, sa mga kapitbahay na kamag-anak, at sa mga kapitbahay na hindi kamag-anak, sa mga kaibigan sa paglalakbay (o asawa), at sa naglalakbay na kinapos ng panustos sa daan, at sa mga angkin ng inyong kanang kamay (inyong mga alipin). Katotohanang ang Allah ay hindi nagmamahal sa mga mayayabang na mapagmataas}. (Qur'an 4:36)**

## 26 Ang Pag-aabala sa Iba, Lalo na sa Mga Kapitbahay.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Sumpa man sa Allah! Ang tao ay hindi maging (ganap) na mananampalataya! Sumpa man sa Allah! Ang tao ay hindi maging (ganap) na mananampalataya!"** Ang kanyang mga kasamahan ay nagtanong: **"O Propeta ng Allah! Sino ang taong ito?"** Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Siya ay yaong taong ang kapitbahay ay hindi ligtas o hindi panatag laban sa (lahat ng kanyang) mga kalupitan at mga kasamaan."** (Al-Bukhari at Muslim)

12

# PANGHULING PANANALITA

Ang Islam ay nagtayo ng pamantayang pangkapatiran sa pagitan ng mga tao batay sa prinsipyong pangkalahatan at damayan sa kapakanan ng lahat ng may kinauukulan. Walang sapilitan o pamumuwersa sa pagtanggap ng Islam. Ang layunin ng Islam ay ang kabutihan para sa lahat na di-tumutukoy sa kulay, kredo o alituntunin, lugar, at bansang kinabibilangan. Ang mga batas at mga alituntunin ng Islam ay nagtataguyod ng pangkalahatang mga pamamaraan ng may kabutihan, kagandahang loob at katarungan. Ang mga Muslim ay napag-utusan na magmahal alang-alang sa Allah at mamuhi alang-alang sa Allah, at hindi kailanman para sa anupamang pansariling kapakanan, makamundong pagnanais o mga kapritso. Ang isang nilalang ay hindi nagmamahal o namumuhi sa isang tao sa salita lamang, bagkus mahalin niya ang kabutihan at kamuhian niya ang kasalanang nakikita sa pag-uugali ng isang tao.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Iyong tangnan [O Muhammad ﷺ] ang pagpapatawad, at ipag-utos ang kabutihan at lumayo sa mga mangmang (hangal)}. (Qur'an 7:199)**

Dinadala ng Islam ang mga tao mula sa kadiliman ng kamangmangan at kawalang katarungan tungo sa tunay na liwanag ng patnubay at katarungan.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Ang Allah ang Kapanalig, (Tagapangalaga at Tagapagtangkilik) ng mga nagsisampalataya. Kanyang iaahon sila mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag. Samantalang sila na nagsipagtalikod sa pananampalataya, ang kanilang mga kapanalig, (tagapangalaga at tagapagtangkilik) ay ang mga Taghut (mga huwad na diyus-**

**diyusan); sila ang naglalabas sa kanila mula sa liwanag tungo sa mga kadiliman. Sila yaong mananahan sa Apoy, mananatili sila roon (magpakailanman)}. (Qur'an 2:257)**

Tinuturuan ng Islam ang lahat ng mga Muslim na maging mapayapa, mapagpatawad, mapagtiis, at mapangalaga. Ang Islam ay naghahanap ng lahat ng paraan para maitatag ang makatarungang panlipunan at mapangalagaan ang mga karapatan ng lahat ng nilalang sa pamamahala ng Islam at sila ay sakop lahat ng sistemang pangkaginhawahan. Hinihikayat ng Islam ang mga Muslim na maging mabuti sa kapwa na hindi naghihintay ng anupamang kabutihang loob, dahil mas higit pa niyang hahanapin ang gantimpala mula sa Allah. Tinuturuan ng Islam ang mga Muslim upang bigyang galang at dangal ang mga banal na pagtuturo at mga batas upang bawa't kasapi ng lipunan ay makaramdam ng kapanatagan, kaligtasan, at kapayapaan maliban sa mga taong may mga ginagawang kasamaan, na dapat lang na maparusahan sa paglabag sa katarungan. Tinuturuan ng Islam ang mga Muslim na isipin ang kapakanan ng iba bago ang kanilang sarili at hangarin para sa iba kung anuman ang kanilang ninanais upang ang buong lipunan ay mabigyan ng pakinabang. Ang mga matatanda ay dapat na maging mabait sa mga kabataan at ang mga kabataan ay dapat maging mahabagin, magalang, at matulungin sa mga matatanda, ang mayaman ay maging maawain sa mahirap, dapat hangarin ng lahat ang makatulong sa mga nangangailangan. Layunin ng Islam ang huwarang lipunan na kung saan ang pahayag ng Propeta ﷺ ay matutupad.

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Ang halimbawa ng mga mananampalataya sa kanilang pagmamahal at pagtingin sa isa't isa ay katulad ng mga bahagi ng isang katawan. Kung ang isang bahagi ay sumakit, ang ibang bahagi ng katawan ay makakaramdam din ng pananakit at lagnat."** (Al-Bukhari at Muslim)

Nawa'y ang maliit na aklat na ito ay makakatulong para maging gabay sa mga naghahanap ng katotohanan. Alam nating lahat na ang kamatayan ay ang kahuli-hulihang hantungan ng bawa't nilalang, ang

pinakamahalagang katanungan ay: **"Ano ang mangyayari pagkaraan ng kamatayan?"** Ang mga Muslim katulad ng mga naniniwala sa mga Kasulatan ay naniniwala sa Pagkabuhay na Muli pagkatapos mamatay kung saan lahat ay magkakamit ng makatarungang mga gantimpala o mga kaparusahan sa buhay na walang hanggan, maaaring sa lubos na kaligayahan sa Hardin ng Paraiso o sa naglalagablab na Apoy sa Impiyerno. At sa mga taong tumanggap ng Islam ng may katapatan bilang pamamaraan ng buhay, tiyak nilang natunton ang matiwasay na daan tungo sa kaligayahan sa Hardin ng Paraiso pagkatapos ng kamatayan. At sa mga taong gumawa ng mga kasamaan dito sa mundo laban sa mga inosente na wala man lang makatarungang batayan, sila ay mapaparusahan at magbabayad sa kanilang kasalanan. Datapuwa't, kung ang isang tao ay nakagawa ng anumang bagay ng di-pagsunod sa mga alituntunin ng Allah, ang lubos na makapangyayari ay ang Kagustuhan at Awa ng Allah. Kung gugustuhin Niya na parusahan ang mga gumawa ng masama sa Kanyang katarungan, walang sinuman ang maaaring mamamagitan para sa kanya maliban kung papayagan ng Allah. At kung gugustuhin ng Allah na patawarin ang gumawa ng masama, gagawin Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang Awa at Habag.

At sa mga taong tumanggi sa Islam o tumalikod dito at namatay na hindi mga Muslim, naniniwala kami na ang mga gayong nilalang ay mamamalagi sa Naglalagablab na Apoy ng walang hanggan.

Samakatuwid, hinihikayat namin ang bawa't makatwiran, maalalahanin at may dangal na nilalang na hanapin ang tunay na kaligtasan para sa kanyang kaluluwa sa tamang mga gawain at ayon sa Awa ng Allah. Hinihimok din namin ang bawa't tao na hanapin ang Tama at Matuwid na Daan tungo sa Paraiso, iyan ang Daan ng Allah, ang Daan ng Islam, ang kabuuang pagsunod sa Allah. Ito ang Daan tungo sa Kaligayahang Walang Hanggan.

Ang Allah ay nagpahayag tungkol sa mga kaaway na nagkakalat ng maling pagpapalaganap laban sa Islam.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Nais nilang pawiin (patayin) ang Liwanag ng Allah sa pamamagitan ng kanilang mga bibig. Datapuwa't gagawing ganap ng Allah ang Kanyang Liwanag (Mensahe), kahit na kamuhian pa ito ng mga di-nananampalataya}. (Qur'an 61:08)**

Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi: **"Sa Kanyang Kamay na kung saan nakasalalay ang kaluluwa ni Muhammad ﷺ! Walang kasapi o miyembro ng nasyon na ito (na matatawag), walang Hudyo o Kristiyano na nakarinig sa akin at hindi naniwala sa kung ano ang aking dinala (kapahayagan), kundi siya ay mapapabilang sa mga tao sa Apoy."** (Muslim)

## Paunawa Mula sa Mga Tagasalin ng Tagalog:

Ang mga isinaling talata mula sa Banal na Qur'an at sa mga Hadith at Sunnah ng Sugo ng Allah ﷺ ay mga pawang paliwanag ng mga tagasalin na inaakalang pinakamalapit sa pagpapakahulugan. Ang mga orihinal na Salita ng Allah (ang Qur'an) at ang mga Hadith (salaysay) at Sunnah (pahayag) ng Propeta ﷺ ay makikita lamang sa mga orihinal na Arabik na pagkasulat.

Nawa'y tanggapin ng Allah ang aming hamak na pagsisikap at patawarin kami sa aming mga pagkakamali. **Ameen**

Lahat ng Papuri at Pasasalamat ay nauukol lamang sa Allah, ang Rabb (Panginoon) ng mga daigdig, at nawa'y purihin at itampok ng Allah ang pagbanggit sa Kanyang Propeta ﷺ, sa kanyang pamilya at sa lahat ng kanyang mga tagasunod.


Peace

مركز أصول
OsoulCenter
www.osoulcenter.com

IslamHouse.com

eDialogue

Interested in ISLAM?
Join For a Free Private Live Chat

edialogue org

For more details visit
www.GuideToIslam.com

GUIDE TO ISLAM

contact us :Books@guidetoislam.com

عرض تعريفي عن مركز أصول
ومجالاته ووحداته.. مشاهدة ممتعة لك

www.osoulcenter.com

To Download This Book, please Visit:

OSOUL STORE

04

**Download the book**

www.guidetoIslam.com

مركز أصول
Osoul Center
www.osoulcenter.com